باللغة الفلبينية

*Ito'y waqaf alang-alang sa Allah kaya't hindi maaring ipagbili*

ANG PAGPAPALIWANAG SA AKLAT

# ANG MGA MAHAHALAGANG ARALIN PARA SA PAMAYANANG MUSLIM

NI SHIEKH AL-IMAM: **ABDULAZEEZ BIN BAAZ**

*Pinaliwanag ni Shiekh:*
**HAYTHAM BIN MUHAMMAD JAMEEL SARHAN**

*Isinalin sa wikang Filipino nina:*
**ENGR. HAGMIER L. JAIRAN**
**SHIEKH AL-HAFEYZ A. BAUTISTA**

Ito'y **waqaf** alang-alang sa Allah
kaya't hindi maaring ipagbili
**هذا وقف لله لا يجوز بيعه**
**مترجمة إلى اللغة الفلبينية**

# شرح متن الدُّروس المهمَّة لعامَّة الأمَّة

## Ang Pagpapaliwanag sa Aklat

# ANG MGA MAHAHALAGANG ARALIN PARA SA PAMAYANANG MUSLIM

ni **Shiekh Al-imam : AbdulAzeez bin Abdullah bin Baaz**
***Rahimahullah***

Ipinaliwanag ni:
**Shiekh: Haytham bin Muhammad Jameel Sarhan**
*Dating taga-pagturo sa Ma'had Alharam Almasjid Annabawiy*
*at kasalukuyang tagapamahala ng website:*
http://attasseel-alelmi.com

Isinalin sa wikang Filipino nina:
**Engr. Hagmier Lim Jairan** *(Faculty of Hadith)*
**Shiekh Al-Hafeyz Atara Bautista** *(Faculty of Da'wah)*
*Islamic University of Madinah*
*AlMadinah AlMunawwarah*
*Kingdom of Saudi Arabia*

Unang Limbag©2018

ALL RIGHTS RESERVED

Maliban sa sinuman na gustong iprint (ilimbag) o isalin sa ibang lengguwahe at para ipamigay ng libre pagkatapos makita-mabasa ng may-akda.

Makipag-ugnayan lamang sa:

**islamtorrent@gmail.com**

tagasalin:

**mz4change2018@gmail.com**




**Sa Ngalan ng Allah**
**Ang Pinakamahahabagin at Pinakamaawain**

# Ang Pagpapaliwanag sa Panimula ng May-akda

**Sinabi ni Shiekh Al-Imam AbdulAzeez bin Abdillah bin Baaz- *rahimahullah*-**

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin at Pinakamaawain**

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Allah lamang, Ang Panginoon ng sanlibutan. At ang pagpapala at pagbati ng Allahu taala ay mapasakay Propeta Muhammad at gayun din sa lahat ng kanyang pamilya at mga kasamahan.

Narito ang maikling aklat tungkol sa pagpapaliwanag sa ilang mahahalagang araling nararapat na malaman ng mga tao tungkol sa pananampalayang Islam, akin itong tinawag: ***"Addrurus Almuhimmah li-ammatil Ummah" (Ang mga mahahalagang aralin para sa Pamayanang Muslim)***.

At aming hinihiling sa Allah na nawa'y makinabang ang bawat isa na makakabasa sa aklat na ito. At nawa'y tanggapin ang aking taus-pusong pagpapalaganap ng Islam, tunay na ang Allahu taala ang Lubos na Mabuti at Mapagbigay.

**AbdulAzeez bin Abdullah bin Baaz**

**Bakit natin kailangan pag-aralan ang mga mahahalagang aralin na ito?**
**Sagot:** Dahil ito'y mahalaga tulad ng katawagan sa kanya ng may-akda at ito ay tinagubilin ng mg Ulama'.

At kung may magsasabi: **"Oo, ito'y mahalaga; ngunit ito'y para lamang sa isang pangkaraniwang mamayang Muslim, at ako'y isang *taalibul ilm* (naghahanap ng kaalaman), ang aking antas ay mas mataas kaysa sa kanila".**
**Sagot:** Ating siyang tanungin, tungkol sa nilalaman ng aklat na ito, kung hindi niya ito nalalaman, ang pangkaraniwang mamayanang muslim ay mas mainam kaysa sa kanya, at nararapat sa isang taong naghahanap ng kaalaman ay maging isang mapagkumbaba at huwag maging mapagmalaki sa kaalaman at mga Ulama', at nararapat niyang tahakin ang yapak ng mga mabubuting Ulama'. At mula sa ***Sahee Albukhariy***, nagwika si **Mujahid *rahimahullah***: **"Hindi makakamit ng isang taong mahiyain, maging ang taong mapagmalaki; ang kaalaman"**.

**Anu-ano ang mga napapaloob sa mahahalagang aralin na ito?**

1. Ang kapamaraanan ng Assalafus Saleh kasama ang Qur-an sa pagbabasa nito, pagsasaulo nito, pagninilay at pagsasabuhay nito.
2. Ang pagpapaliwanag sa Islam, Iman, Ihsan, Tawheed, at mga uri ng Shirk.
3. Ang pagpapaliwanag sa Salah (pagdarasal).
4. Ang pagpapaliwanag sa Wudhu'.
5. Ang pagtataglay ng mabuting katangian, at pagkakaroon ng mabuting pag-uugali na naaayon sa Islam.
6. Pagbabala mula sa Shirk, at ibat-ibang uri ng kasalanan.
7. Paghuhugas ng katawan ng patay, pagsasagawa ng Salah sa patay, at paglibing sa kanya.

**Bakit sinisimulan ng mga Ulama' ang kanilang mga akda sa pamamagitan ng Basmalah?**

- Bilang pagsunod sa Qur-an, at pagsunod sa mga Sugo at Propeta.
- Bilang paggalang sa hadith ((**kullu amrin dhi baalin...**)), kahit na ito'y Daeef (mahinang hadith)
- Bilang pagsunod sa mga Ulama' Assalaf
- Bilang paghingi ng pagpapala sa pamamagitan ng pagsisimula sa pangalan ng Allah.

# UNANG ARALIN

## Ang Kabanata Al-fatiha at Q*isar Assuwar* (mga maiikling talata)

Ang Surah Al-Fatiha at ilang makakayang maiiksing surah mula sa Surah Al-zalzalah hanggang Surah Annas ay nararapat sa bawat Muslim na magsikap na mabasa, mabigkas, masaulo at mapaliwanag ang mga kinakailangang maunawaan.

## Pagpapaliwanag

Nararapat na magsaulo sa bawat araw ng sampung ayah, na may kasamang pag-aaral ng paliwanag nito, mula sa mga aklat ng Tafseer; katulad ng aklat ni Shiekh Ibn Sa'di *rahimahullah* at nararapat din na humingi ng tulong mula sa Allah sa pagsasabuhay nito katulad ng kaugalian ng mga Salaf.

## Sa anong aklat magsisimula ang *talibul ilm* (naghahanap ng kaalaman)?

Ipinapayo sa isang naghahanap ng kaalaman na siya ay magsimula sa aklat na ***(Taysir Alkarim Arrahman fi tafsir kalam Almannan)*** na sinulat ni Shiekh Abdurrahman bn Naaser Assa'diy *rahimahullah* at patawarin nawa siya ng Allah.

### Bakit?

- Dahil ito'y pinayo ng mga Ulama at sila ay nagbigay ng pagpapahalaga sa aklat na ito.
- Dahil ito'y buod at maiiking aklat na nababagay na basahin ng isang nagsisimula pa lamang sa paghahanap ng kaalaman.
- Dahil ang mga pangungusap at mga salita sa aklat na ito; madali, magaan at maliwanag.
- Dahil ito'y tumutulong sa pagsasabuhay ng Qur-an ayon sa kapahintulutan ng Allah.
- Dahil ang may-akda nito *rahimahullah* binibigyan ng tuon ang Tawheed o Kaisahan ng Allah.

**Anu-ano ang kalagayan ng mga tao patungkol sa Qur-an?**

Nahahati ang mga tao sa tatlo:

**_(Wasath)_ Katamtaman:**

Sila ang mga nangangalaga sa pagbabasa ng Qur-an at pagsasaulo nito at kanilang pinaglilinay-linayan, at sila ay humihingi ng tulong sa Allahu *taala* sa pagsabuhay nito, at ito ang kinaugaliaan ng mga Assalaf Assaleh at mga katagsunod nila.

**_(Ifraat)_ Mga nagmalabis:**

Sila ang mga nagbabasa ng Qur-an at nagsaulo nito ngunit walang paglilinay-linay at pagsasabuhay nito.

**_(Tafreet)_ Ang mga nagkulang:**

Sila ang mga iniwan nila ang Qur-an, at nangyari sa pamamagitan:

- Pag-iwan sa pagbabasa nito.
- Pag-iwan sa pagsasaulo nito.
- Pag-iwan sa paglinay nito.
- Pag-iwan sa pagsasabuhay nito.
- Pag-iwan sa paggamit nito bilang gamot.

Sinabi ng Allahu taala: (**At sinabi ng Sugo, Aking Panginoon tunay na ang aking nasyon ay kanilang iniwan ang Qur-an**) at sinabi ng Sugo ng Allah *sallallahu alayhi wa sallam* ((**tunay na magmumula sa kanyang lahi, ang isang grupo na nagbabasa ng Qur-an at ito'y hindi umabot sa kanilang mga lalamunan, pinapatay nila ang mga Muslim at hinahayaan nila ang mga sumasamba sa mga diyus-diyosan, at sila ay lalabas mula sa Islam katulad ng paglabas ng pana sa pinana', at kung aking silang aabutan sila'y aking papatayin katulad sa pagpatay sa tribo ni Ad**)).

## Mga Ilang Bahagi mula sa Aklat na (Taysir Alkareem Arrahman fi tafsir kalam Almannan)

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-Fatiha]
## At ito'y Makkiyah

﴿بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ١ ٱلۡحَمۡدُ لِلَّهِ رَبِّ ٱلۡعَٰلَمِينَ ٢ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ٣ مَٰلِكِ يَوۡمِ
ٱلدِّينِ ٤ إِيَّاكَ نَعۡبُدُ وَإِيَّاكَ نَسۡتَعِينُ ٥ ٱهۡدِنَا ٱلصِّرَٰطَ ٱلۡمُسۡتَقِيمَ ٦ صِرَٰطَ ٱلَّذِينَ أَنۡعَمۡتَ
عَلَيۡهِمۡ غَيۡرِ ٱلۡمَغۡضُوبِ عَلَيۡهِمۡ وَلَا ٱلضَّآلِّينَ ٧﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, Napakamaawain**

1. **Bismillaahir Rahmaanir Raheem** 2. **Alhamdulillaahi rabbil aalamiin** 3. **Arrahmaanir Raheem** 4. **Maaliki yawmid diin** 5. **Iyyaka na'budu wa iyyaka nas ta ii'n** 6. **Ihdinas siraatal mustaqiim** 7. **Siraatal ladhiina an amta alayhim ghayril maghduubi alayhim walad daa~l liin**.

**(1)** ***(Bismillahir Rahmanir Raheem)*** Ako'y magsisimula sa ngalan ng Allahu taala

***(Allah)***: Siya ang ***ma'bud*** (ang sinasamba), Siya ang nararapat sambahin dahil Siya ay nagtataglay ng katangian ng ***uluhiyyah*** (marapat sambahin), at ang katangiang nito ay ganap at kumpleto.

***(Arrahman Arraheem)***: dalawang pangalan ng Allahu taala na tumutukoy sa Kanyang ganap at lubos na habag at awa sa Kanyang mga nilikha, na kung saan sumasaklaw sa lahat ng bagay at sumasaklaw sa lahat ng may buhay, at ito'y ginawad sa mga mananampalataya na sumusunod sa kanilang mga sugo't propeta, at para sa kanila ang ganap na awa at pagmamahal, at liban sa kanila mapapasakanya ang bahagi na para lamang sa kanya.

At alamin mo! Na ang pinagkasunduang panuntunan sa pagitan ng mga Salaf at mga Imam ng ummah: ang paniniwala sa magagandang pangalan ng Allah at sa kanyang kumpletong katangian at batas patungkol sa kanyang katangian; sila ay naniniwala dito. Halimbawa; ang Allahu *taala* Ang ***Rahman*** at Ang ***Raheem*** (Ang Maawain at Mabahabagin) at siya ay nagtataglay ng katangian na ***Rahmah*** o Ganap na Habag at Awa. At lahat ng biyaya ay bunga ng awa ng Allahu *taala*, at ganito ang kapamaraanan sa lahat ng pangalan ng Allahu *taala*, tinatawag siya na ***Al-Aleem*** (Ang Lubos na may Kaalaman) na nagtataglay ng katangian na kaalaman sa lahat ng bagay,

Siya ang ***Al-Qadir*** (Ang Lubos na may Kakayanan) na nagtataglay ng katangian na ***Qudra*** (kakayanan) sa lahat ng bagay.

**(2)** ***(Alhamdulillah)*** (Ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allah): ito'y papuri ng Allah sa kanyang sarili dahil Siya ay nagtataglay ng ganap na katangian, at dahil Siya ay mayroong gawain na umiikot sa pagitan ng kainaman at kabutihan at katarungan, sa Kanya ang kumpleto at ganap na papuri sa lahat ng aspeto.
***(rabbil aalamiin)*** ang Panginoon ng sanlibutan: ***Arrabb***; Siya ang tagapangalaga sa lahat ng nilalang sa pamamagitan ng paglikha Niya sa kanila, at pagbibigay sa kanila ng mga kagamitan na makakatulong sa kanila, at pagbibigay ng biyaya sa kanila nang napakadakilang biyaya na kung saan ito'y mangyaring mawala sa kanila at hindi na sila maari pang manatili, at lahat ng biyaya na kanilang natatamasa; ito'y nagmula sa Allah.

At ang pangangalaga ng Allahu *taala* sa kanyang nilalang ay may ***dalawang uri***:
**Una:** ***Al-ammah*** o ang pangkalahatang pangangalaga: at ito ang paglalang sa lahat ng nilikha at pagbibigay ng biyaya, at paggabay sa kanila tungo sa ikabubuti nila sa pananatili sa mundo.
**Pangalawa:** ***Alkhassah*** o ang natatangi na pangangalaga; para sa kanyang mga awliya' na mga mu'minin, aalagan sila sa pamamagitan ng Iman at gagabayan sila tungo dito, at sila ay gagawing ganap, at ilalayo sa kanila ang mga bagay na magiging harang at hadlang sa pagitan nila at pagitan ng pananampalataya. **At ang diwa nito**; ang paggabay tungo sa kabutihan at pangangalaga mula sa bawat kasamaan, at ang kahulugang ito'y ang tagong lihim kung bakit ang lahat ng mga panalangin ng mga propeta ay sa pamamagitan ng salitang *rabb* dahil ang kanilang hinihinging panalangin ay napapaloob sa natatanging pangangalaga, kaya naman sinabi ng Allahu *taala* ***(rabbil aalamiin)*** dahil siya ang bukod-tanging nagtataglay ng katangian ng paglikha, pangangasiwa, at ang biyaya at kaganapan ay pinagkaloob niya at lahat ng nilalang ay nangangailangan sa kanya sa kahit anong aspeto.

**(4)** ***(maaliki yawmid diin)*** : ***Almalik***: Ang nagmamay-ari at naghahari na nagtataglay ng katangiang *Mulk* (paghahari), na kung saan kabilang sa kanyang mga bunga; siya ay nag-uutos at nagbabawal, naggagantimpala, nagpaparusa at nangangasiwa sa kanyang mga pinaghaharian sa lahat ng uri ng pangangasiwa at iniugnay ang Mulk sa *yawmid diin* at ito ang *yawmul qiyamah* dahil ito ang araw ng pagbibigay ng kabayaran ng mga tao sa lahat ng mga gawain nila, mabuti man ito o masama dahil sa araw na iyon makikita

ng mga nilikha ang ganap na paghahari ng Allah at katarungan niya at kanyang karunungan at kanyang wawasakin ang mga paghahari ng mga nilalang hanggang magiging pantay-pantay sa araw na iyon ang mga hari at kanilang pinagharian, ang isang alipin at malaya at lahat sila ay magpapakumbabaga sa kadakilaan ng Allahu *taala* at kanyang kapangyarihan, habang naghihintay sa kanilang paglilitis na naghahangad na makamit ang gantimpala ng Allah at nangangamba sila mula sa parusa nito. Kaya naman binukod-tangi ng Allahu *taala* ang pagbanggit dito; bagamat siya ang maghahari sa araw na iyon at sa iba pang mga araw.

**(5)** ***(iyyaka na'budu wa iyyaka nastaii'n)*** Ikaw lamang ang aming susundin at sasambahin at Ikaw lamang ang aming hihingan ng tulong sa lahat ng aming pangangailangan. At ang ***ibadah*** o ang pagsamba isang salitang pangkahalatan na sumasaklaw sa lahat ng iniibig ng Allah at kanyang kinalulugdan mula sa mga gawain at salita hayagan man ito o patago. At ang ***istiana*** o paghingi ng tulong; ay pagsandal sa Allahu *taala* sa pagkamit ng kabutihan at pag-iwas mula sa mga kasamaan na may kasamang pagtitiwala sa kanya na makakamit niya ito, at pagsasagawa ng ibadah at paghingi ng tulong; siya ang magiging daan upang makamit ang panghabangbuhay na kaligayahan at kaligtasan mula sa lahat ng kasamaan at wala ng ibang daan patungo sa kaligtasan maliban sa paggawa ng dalawang ito at matatawag lamang ang isang gawain na pagsamba kung ito'y nagmula sa Sugo ng Allah, na nagnanais makamit ang lugod ng Allahu *taala* at sa pamamagitan ng dalawang bagay na ito ang gawain ay magiging pagsamba, at binanggit ang ***istiana*** pagkatapos ng ibadah dahil ito'y kinakailangan ng isang alipin sa lahat ng ginagawang pagsamba, dahil kung hindi siya tutulungan ng Allah hindi niya makakamit ang kanyang ninanais mula sa paggawa ng mga ipinag-uutos at paglayo sa mga ipinagbabawal at pagkatapos ay kanyang sinabi:

**(6)** ***(ihdinas siraatal mustaqiim)***; ituro mo sa amin at patnubayan mo kami at gabayan patungo sa matuwid na landas. Ang ***siratal mustaqiim*** siya ang malinaw na landas patungo sa Allahu *taala* at patungo sa kanyang paraiso; sa pamamagitan ng kaalaman patungkol sa katotohanan at pagsasabuhay nito, gabayan mo kami sa daan na siyang pananatili sa relihiyong Islam at pag-iwan sa mga relihiyong maliban sa Islam, at gabayan mo kami sa daan na siyang maintindihan namin ang lahat ng kaalaman sa relihiyon at sa pagsasabuhay nito at ang panalanging ito'y kumpletong dua (panalangin) at kapakipakinabang sa isang alipin; kaya naman nararapat sa isang tao na

manalangin sa Allah sa bawat rakaah sa salah dahil sa pangangailangan ng tao dito at ito ang matuwid na landas:

**(7)** ***(siraatal ladhiina an-amta alayhim)***; daan ng mga pinagkalooban mo ng biyaya mula sa mga propeta, mga matatapat o siddiqeen, mga nangamatay ng *Shaheed* (nakipaglaban alang-alang sa Allah) at mga mabubuting tao, ***(ghayri)*** at huwag mo kaming ihanay sa daan ng ***(almaghduub alayhim)*** mga sinumpa dahil yaong mga nakakaalam ng katotohanan subalit ito'y kanilang iniwan o tinanggihan; katulad ng mga hudyo at ng mga gumagaya sa kanila at ganuon din sa daan ng mga ***(dalliin)*** mga nangaligaw; yaong iniwan nila ang katotohanan dahil sa kanilang kamangmangan at kaligawan katulad ng mga kristiyano at ng mga sinuman na sumunod sa kanila.

At napapaloob sa surah na ito ang mga aral na wala sa ibang mga surah at sa surah na ito'y napapaloob ang **tatlong uri ng Tawheed**: ***Tawheed Arrububiyyah*** na matutunghayan mula sa sinabi ng Allah ***(rabbil aalamiin)*** at ***Tawheed Aluluhhiyyah*** - na siyang kaisahan sa pagsamba - na ating matutunghayan mula sa salitang Allah at mula sa sinabi ng Allah ***(iyyakana'budu wa iyaka nastaiin)*** at ang ***Tawheed Al-asma' wa Assifat*** **-** na siya'ng pagkilala at pagpapatibay sa mga kumpletong katangian ng Allahu *taala* - na kanyang pinagtibay para sa kanyang sarili at pinagtibay para sa kanya ng kanyang Sugo na walang ***ta'til*** pag-aalis ng kahulugan, walang ***tamthil*** paghahalintulad sa kanya sa anumang nilikha at walang ***tashbih*** pagwawangis sa kanya sa anumang nilikha; na ito'y matutunghayan natin sa sinabi ng Allah ***(Alhamd)***.

At napapaloob din sa surah na ito ang pagpapatibay ng *nubuwwah* pagkapropeta mula sa kanyang sinabi ***ihdinas siratal mustqiim*** dahil hindi maaari kung walang mensahe, at ang pagpapatibay sa paglilitis sa mga gawain mula sa sinabi ng Allah ***(maaliki yawmiddiin)*** at ang paglilitis na ito'y naayon sa kanyang katarungan; dahil ang kahulugan ng ***diin*** ay ang makatarungang paglilitis.

At napapaloob din dito ang pagpapatibay sa paniniwala sa Qadar, at ang isang tao ay siya'ng gumagawa ng kanyang gawain kasalungat sa paniniwala ng grupo na kung tawagin ay *Alqadariyyah* at *Aljabariyyah*. Bagkus napapaloob dito ang tugon sa lahat ng mga Ahlul Bid'a at Dalal; mula sa sinabi ng Allahu *taala* ***(ihdinas siratal mustaqiim)***, dahil ito'y kaalaman sa katotohanan at pagsasabuhay nito at ang bawat mubtadi' at naliligaw ay sumasalungat dito.

At napapaloob din dito ang Ikhlas sa Allahu *taala* sa pagsamba at paghingi ng tulong sa kanya; mula sa sinabi ng Allahu *taala* ***(iyyakana'budu***

***wa iyyakanas tai'n*)**. *fal hamdulillahi rabbil aalamiin* at lahat ng papuri ay naayon lamang sa Allah Diyos ng sangkatauhan.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Ayah Al-Kursiy]

﴿ ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلۡحَيُّ ٱلۡقَيُّومُۚ لَا تَأۡخُذُهُۥ سِنَةٞ وَلَا نَوۡمٞۚ لَّهُۥ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلۡأَرۡضِۗ مَن ذَا ٱلَّذِي يَشۡفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا بِإِذۡنِهِۦۚ يَعۡلَمُ مَا بَيۡنَ أَيۡدِيهِمۡ وَمَا خَلۡفَهُمۡۖ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيۡءٖ مِّنۡ عِلۡمِهِۦٓ إِلَّا بِمَا شَآءَۚ وَسِعَ كُرۡسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَۖ وَلَا يَـُٔودُهُۥ حِفۡظُهُمَاۚ وَهُوَ ٱلۡعَلِيُّ ٱلۡعَظِيمُ ٢٥٥ ﴾

255. **Allaahu la ilaaha illa huwal hayyul qayyum, lata'khudhuhu sinatuw wa la nawm, lahu maa fis samaawaati wa maa fil ardh, man dhalladhi yashfau' inn dahuu~ illa biidhnih, ya'laamu ma bayna aydihim wa maa khalfahum, wa laa yuhiituuna bishay imm min ilmihi illa bimaa shaa~', wasi-a' kursiyyuhus samaawaati wal ardh, wa la ya-uuduhuu hifdhuhumaa, wa huwal Aliyyul Adhim**

---

**(255)** Nagpahayag ang Propeta *salallahu alayhi wasallam* na ang ayah na ito ay ang pinakadakilang ayah sa Qur-an dahil sa mga napapaloob dito, mula sa mga kahulugan ng tawheed at kadakilaan ng katangian ng Allahu *taala*, at kanyang pinahayag na ang ***(Allah)*** Siya'y nagmamay-ari ng lahat ng kahulugan ng pagkadiyos at walang karapat dapat na sambahin maliban sa kanya at ang pagsamba maliban sa kanya ay isang ***Baatil***. At Siya'ng ***(Alhayy)*** siya'ng nagmamay-ari ng lahat ng kahulugan ng walang haggang buhay, na sa kanya ang buong-kahulugan ng buong pagkabuhay na naayon sa kaniyang kadakilaan, mula sa mga katangian ng pandinig, paningin, kakayahan at kagusutuhan at iba pang mga pansariling katangian. ***(Alqayyum)*** napapaloob dito ang lahat ng panggawang katangian dahil ang salitang ***Alqayyum*** siya'ng tagapagtaguyud tagapagkaloob at tagapangalaga sa lahat ng bagay, at mula sa ganap na pagkabuhay at tagapagtaguyud, siya ay hindi maaring antukin at hindi rin Siya maaring matulog dahil ang pagtulog at antok ay nangyayari lamang sa isang linikha na nagtataglay ng kahinaan at walang kakayanan at hindi ito nangyayari sa isang nagtataglay ng isang kadakilaan at ipinahayag na siya ang ***Almaalik*** nagmamay-ari ng lahat ng bagay dito sa kalangitan

kalupaan at lahat sila ay alipin ng Allahu *taala* at sila ay hindi makakalabas sa kalagayan na ito.

**(Tunay na ang bawat sinuma'ng nasa kalangitan at kalupaan ay alipin ng Rahman)** Siya ang nagmamay-ari ng lahat ng pinaghaharian at Siya ang nagtataglay ng katangiang paghahari, pangangasiwa at kadakilaan mula sa Kanyang ganap na paghahari walang sinuman ang namamagitan maliban sa Kanyang kagustuhan, lahat ng tagapamagitan ay alipin ng Allah at Kanyang pagmamay-ari, hindi sila maaring mamagitan hangga't ito'y ipahintulot sa kanila **(Ipagbadya mo O Muhammad, ang lahat ng shafaah (o pamamagitan) ay pagmamay-ari ng Allah siya ang nagmamay-ari sa kalangitan at kalupaan)** at ang Allah ay hindi Niya pinapahintulot sa isang tao na mamagitan maliban sa sinumang kanyang pinili at kinalugdan at wala Siya'ng ibang kalulugdan maliban sa mga yaong may tawheed at mga sumusunod sa mga propeta, at ang sinumang hindi nagtataglay ng ganitong katangian, wala siyang makukuhang bahagi sa shafaah, at pagkatapos kanyang pinahayag ang kanyang malawak na kaalaman na nakababatid sa lahat at saklaw ng Kanyang kaalaman ang lahat ng mga nilikha; ang mga nangyari at ang nangyayari at pati na rin ang mga mangyayari pa lamang at walang maitatago sa kanya **(at alam niya ang mga naitatago at ang anumang naitatago sa puso)** at walang sinumang mula sa kanyang mga nilikha ang nakakabatid na mula sa kanyang kaalaman maliban na lamang kung ano ang kanyang itinuro at ipinabatid sa kanila **(maliban sa mga ninais niya)** mula sa mga bagay na Qadar shar-iyyah (tinatadhana) at sa mga isinasabatas, at ito'y maliit na bagay lamang sa kaalaman ng Allah, katulad ng sinabi ng pinaka-maalam na nilikha; na sila'ng mga propeta at anghel: **(Iuwalhati sa Iyo, at wala kaming kaalaman maliban sa Iyong itinuro at ipinabatid sa amin).**

At Kanyang sinabi rin ang patungkol sa Kanyang kadakilaan, na ang Kanyang ***kursiy*** ay sakop ang mga kalangitan at ang buong kalupaan, at ito'y Kanyang pinangalagaan at ang sinuman ang napapaloob dito mula sa mga nilalang sa pamamagitan ng maayos na sistema at kadahilanan na kung saan ginagawa ito ng Allah sa Kanyang mga nilikha, at walang kahirap-hirap para sa Kanya ang pangangalaga ng mga ito, (at siya ang ***Aliy***) ang kataas-taasan sa Kanyang sarili at Kanyang katangian, siya ang ***Aliy*** at siya ay nasa ibabaw ng lahat ng kanyang nilikha, at lumalapit sa kanya ang lahat ng umiiral at nagpapakumbaba sa kanya, (at ang ***Adhim***) nasa kanya ang kabuohan ng lahat ng katangian at pagiging ganap at buong kataas-taasan, na siyang dahilan upang maging kaibig- ibig sa mga puso at dakilain ito ng mga kaluluwa,at upang malaman ng mga tao - na may kaalaman - na ang kadakilaan sa lahat ng bagay ay hindi papantay sa kadakilaan ng Allah.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah Idha Zulzilati]
## At ito'y Madaniyyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿إِذَا زُلۡزِلَتِ ٱلۡأَرۡضُ زِلۡزَالَهَا ١ وَأَخۡرَجَتِ ٱلۡأَرۡضُ أَثۡقَالَهَا ٢ وَقَالَ ٱلۡإِنسَٰنُ مَا لَهَا ٣
يَوۡمَئِذٖ تُحَدِّثُ أَخۡبَارَهَا ٤ بِأَنَّ رَبَّكَ أَوۡحَىٰ لَهَا ٥ يَوۡمَئِذٖ يَصۡدُرُ ٱلنَّاسُ أَشۡتَاتٗا
لِّيُرَوۡاْ أَعۡمَٰلَهُمۡ ٦ فَمَن يَعۡمَلۡ مِثۡقَالَ ذَرَّةٍ خَيۡرٗا يَرَهُۥ ٧ وَمَن يَعۡمَلۡ
مِثۡقَالَ ذَرَّةٖ شَرّٗا يَرَهُۥ ٨﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain**

1. **Idhaa zulzilatil ardhu zilzaalahaa** 2. **Wa akhrajatil ardhu athqaalahaa** 3. **Wa qaalal inn saanu ma lahaa** 4. **Yawma idhinn tuhaddithu akhbaarahaa** 5. **Bi ann na rabbaka awhaa lahaa** 6. **Yawma idhii yasdurunn naasu ashtaatal liyuraw a'maalahum** 7. **Famay ya'mal mithqaala dharratin khayray yarah** 8. **Wa may ya'mal mithqaala dharratinn sharray yarah.**

---

**(1-2)** Pinapahayag ng Allah ang tungkol sa mangyayari sa araw ng *qiyamah*, at ang lupa ay mayayanig, lilindol at gagalaw hanggang sa maguguho ang lahat ng bagay sa ibabaw nito; mula sa mga gusali at tirahan at kabilang din dito ang mga bundok na kung saan magiging patag ito, ***(wa akhrajatil ardhu athqaalaha)*** ibig sabihin: at sa araw na ito ilalabas ng lupa ang anumang nilalaman nito mula sa mga patay at kayaman.

**(3)** ***(wa qaalal inn saanu)*** (at sasabihin ng tao) kapag nakita nila ang mga dakilang pangyayari na ito, ano ba ang nagyayari sa kalupaang ito (na may kasamang pagkagulat).

**(4-5)** ***(yawma idhin yuhaddithu)*** sa araw ng muling pagkabuhay ay magsasalita ang kalupaan ***(akhbaarahaa)*** hinggil sa anumang ginagawa sa ibabaw nito, ibig sabihin: magiging saksi ang lupa laban sa mga nilalang batay sa mga ginawa nila sa ibabaw ng lupa mula sa kabutihan o kasamaan at ang kalupaan ay kabilang sa mga saksi na kung saan sasaksi sila sa mga tao batay sa kanilang ginawa. Dahil ***(bi ann na rabbaka awhaa laha)*** (katiyakan ang Allah ay uutusan ito na mag-ulat o magsalita) uutusan itong magsalita at hindi niya susuwayin ang utos ng Allah.

**(6)** ***(yawma idhin yasdurunn naasu)*** at sa araw na yaon tutungo ang mga tao mula sa lugar ng paghuhukom ***(ashtaata)*** na hiwa-hiwalay na grupo, upang ipakita ng Allah ang kanilang mga ginawa na kasamaan at kabutihan, ***(liyuraw a'maalahum)*** upang ipakita sa kanila ang katumbas ng kanilang ginawa.

**(7-8)** ***(7. Famay ya'mal mithqaala dharratin khayray yarah 8. Wa may ya'mal mithqaala dharratin sharray yarah)*** at ang sinuman ang gumawa nang kahit na katiting na kabutihan ay makikita niya ang gantimpala, at sinuman ang gumawa ng katiting na kasamaan ay makikita niya ang gantimpalang-parusa, at ito'y sumasaklaw sa lahat ng kabutihan at kasamaan dahil kapag nakita niya ang katiting na bagay na kung saan ang pinakamaliit na bagay ibibigay sa kanya ang gantimapalang ginawa niya, at ang mas malaki pa sa katiting na yaon ay karapat dapat na bigyan ng mas malaki, katulad ng sinabi ng Allah **(at sa araw na yaon matatagpuan ng bawat isa kung ano ang kanilang ginawang kabutihan; ito'y nag-aabang sa kanya. Ang anumang nagawa niya na masama ay nag-aabang sa kanya at nanaisin niya; ito'y mapalayo ng pagkalayo-layo mula sa kanya) (at matatagpuan nila ang kanilang ginawa na mag-aabang sa kanila)** at ito'y nag-aanyaya sa paggawa ng kabutihan kahit na maliit at nagbibigay ng babala mula sa paggawa ng kasamaan kahit na ito'y maliit.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-Adiyat]
## At ito'y Makkiyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿وَٱلۡعَٰدِيَٰتِ ضَبۡحٗا ١ فَٱلۡمُورِيَٰتِ قَدۡحٗا ٢ فَٱلۡمُغِيرَٰتِ صُبۡحٗا ٣ فَأَثَرۡنَ بِهِۦ نَقۡعٗا ٤
فَوَسَطۡنَ بِهِۦ جَمۡعًا ٥ إِنَّ ٱلۡإِنسَٰنَ لِرَبِّهِۦ لَكَنُودٞ ٦ وَإِنَّهُۥ عَلَىٰ ذَٰلِكَ لَشَهِيدٞ ٧ وَإِنَّهُۥ
لِحُبِّ ٱلۡخَيۡرِ لَشَدِيدٌ ٨ ۞ أَفَلَا يَعۡلَمُ إِذَا بُعۡثِرَ مَا فِي ٱلۡقُبُورِ ٩ وَحُصِّلَ مَا فِي ٱلصُّدُورِ
١٠ إِنَّ رَبَّهُم بِهِمۡ يَوۡمَئِذٖ لَّخَبِيرُۢ ١١﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain**

1. **Wal aadiyaati dabhaa** 2. **Fal muuriyaati qadhaa** 3. **Fal mughiiraati subhaa** 4. **Fa atharna bihii naf-aa** 5. **Fawasatna bihii jam-aa** 6. **Inn nal inn saana lirabbihi lakanuud** 7. **Wa inn nahu alaa dhalika lashahiid** 8**. Wa inn nahu lihubbil khayri lashadiid** 9**. Afalaa ya'lamu idhaa bu'thira maafiil qubuur** 10. **Wa hussila maa fiis suduur** 11. **Inn na rabbahumm bihim yawma idhil lakhabiir.**

**(1)** Sumumpa ang Allah sa mga kabayo dahil sa napapaloob na malinaw na palatandaan at lantad na biyaya na nalalaman ng nilikha, sumumpa ang Allah sa mga kabayo dahil sa kalagayan na kung saan hindi sila mapapantayan ng iba sa kanila, mula sa mga uri ng kahayupan at sinabi ng Allah ***(wal aadiyaati dabhaa)*** (At sumusumpa ang Allah sa mga Kabayong rumaragasa) ***addabha*** ito ang tunog na maririnig sa kanilang paghagok dahil sa kanilang bilis.

**(2)** ***(fal muuriyati)*** at sumusumpa ang Allah sa pamamagitan ng paghampas ng paa nito sa bato ***(qad-ha)*** nagdudulot ng tilamsik ng apoy dahil sa lakas ng hampas nito.

**(3)** ***(fal mughiiraati)*** at sa mga sumasalakay sa kanilang mga kalaban ***(subha)*** sa madaling araw.

**(4-5)** ***(fa atharna bihii)*** na nagdudulot ng makakapal na alikabok sa pinagdaraan nito ***(naq-a)*** alikabok, ***(fawasatnaa)*** (na sumasalakay sa kalagitnaan ng kanilang mga kaaway).

**(6)** ***(inn nal insaana lirabbihi nakanuud)*** (katiyakan ang tao ay binaliwala niya ang biyaya ng kanyang tagapaklikha) ibig sabihin: ang tao ay *manuun* (gahaman sa kabutihan) napakamaramot sa kabutihan na pinagkaloob sa kanya, ang likas na ugali ng tao ay hindi niya binibigay ang mga karapatan na nararapat sa iba, bagkus ang kanyang likas na ugali ay ang katamaran at karamutan sa mga bagay na nararapat niyang ibigay; katulad ng karapatan sa kayamanan at karapatan ng katawan, liban sa sinumang ginabayan ng Allah at sila ay hindi mapapabilang sa katangian na ito bagkus sila ay mapapabilang sa mga tao na mapagbigay at tinutupad nila ang kanilang mga obligasyon.

**(7)** ***(wa inn nahu alaa dhaalika lashaahiid)*** (at walang pag-aalinlangan inaamin niya ang pagtatangging ito) ibig sabihin katiyakan ang isang tao alam niya sa kanyang sarili na siya ay isang gahaman at hindi niya ito pinagkakaila at tinatanggi dahil ang bagay na ito'y malinaw, at ang Allah ay saksi sa bagay na ginagawa nila at dito'y mayroong parusa at matinding babala sa sinuman mula sa kanyang Panginoon; siya'y isang ***kanud*** (gahaman), tunay na ang Allah saksi sa bagay na ito at nababatid niya.

**(8)** ***(wa inn nahu)*** katiyakan ang tao ***(lihubbil khayri)*** siya ay gahaman sa kayaman ***(lashadiid)*** ibig sabihin matindi ang pagiging gahaman sa kayaman at ang pagiging gahaman niya dito at nagiging dahilan sa kanya upang iwanan niya ang mga obligasyon sa mga bagay na ito, pinairal niya ang kagustuhan ng kanyang sarili kaysa sa kaluguran ng Allah, at ang lahat ng ito'y dahil

sa ang kanyang iniisip lamang ay ang mundong ito at kanyang kinalimutan ang kabilang buhay.

**(9-10)** Dahil dito sinabi ng Allah na may kasamang pagkaganyak na dapat mangamba sa araw ng pagpaparusa ***(afala ya'lamu)*** hindi niyo ba batid kung ano ang naghihintay sa kanya ***(idha bu'thira maa fiil qubuur)*** kapag inilabas na ang mga patay mula sa kanilang libingan,upang sila ay tipunin para sa paghuhukom at pagbabayad, ***(wa hussila maa fiis sudur)*** at ilalantad na ang anumang itinatago ng mga puso mula sa mga kabutihan at kasamaan at sa araw na iyon ang lahat ng sikreto ay malalantad at ang lahat ng nakatago ay makikita, magiging malinaw sa lahat ng nilalang ang bunga ng kanilang gawain.

**(11)** ***(inn na rabbahum bihim yawma idhil lakhabiir)*** tunay na ang Allah nakikita niya ang ginagawang gawain; lantad man ito o nakatago at siya ang naggagantimpala dito at pinakadalubhasa na ganap na nakakabatid sa kanila sa araw na iyon, at sa kanilang mga gawain na walang anumang naiilihim sa kanila.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-Qariah]
## At ito'y Makkiyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿ٱلۡقَارِعَةُ ١ مَا ٱلۡقَارِعَةُ ٢ وَمَآ أَدۡرَىٰكَ مَا ٱلۡقَارِعَةُ ٣ يَوۡمَ يَكُونُ ٱلنَّاسُ
كَٱلۡفَرَاشِ ٱلۡمَبۡثُوثِ ٤ وَتَكُونُ ٱلۡجِبَالُ كَٱلۡعِهۡنِ ٱلۡمَنفُوشِ ٥ فَأَمَّا مَن
ثَقُلَتۡ مَوَٰزِينُهُۥ ٦ فَهُوَ فِي عِيشَةٖ رَّاضِيَةٖ ٧ وَأَمَّا مَنۡ خَفَّتۡ مَوَٰزِينُهُۥ ٨
فَأُمُّهُۥ هَاوِيَةٞ ٩ وَمَآ أَدۡرَىٰكَ مَا هِيَهۡ ١٠ نَارٌ حَامِيَةُۢ ١١﴾.

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain**

1. **Al Qaariah** 2. **Maal qaariah** 3. **Wa maa adraaka mal qaariah** 4. **Yawma yakununn naasu kal faraashil mabthuuth** 5. **Wa takuunul jibaalu kal ihnil manfuush** 6. **Fa amm maa man thaqulat mawaaziinuh** 7. **Fa huwa fii iishatir raadiyah** 8. **Wa amm ma man khaffat mawaaziinuh** 9. **Fa umm muhu haawiyah.** 10. **Wa maa adraaka maa hiyah** 11. **Naarun haamiyah.**

**(1-3)** ***(Al-qariah)*** ***(Ang malagim na pangyayari)*** ito'y kabilang sa mga pangalan ng yawmul qiyamah tinawag ito ng ganuon dahil sa araw na iyon ang mga tao ay matatakot at mangangamba sa tindi ng pangyayari.

**(4)** ***(yawma yakuununn naasu)*** sa araw na iyon ang mga tao dahil sa tindi ng pagkatakot at pangamba ***(kal faraashil mabthuuth)*** ay para silang nagkalat na gamu-gamu na kung saan hindi nila alam kung saan sila tutungo at kapag sinindihan na ang apoy ng impeyrno sila ay malalaglag dito dahil sa kanilang kahinaan at ito ang magiging sitwasyon ng mga tao.

**(5)** at ang mga matatatag na kabundukan ***(kal ihnil manfuush)*** ay magiging katulad ng mga nagliliparang balahibo, sinabi ng Allah **(at makikita ninyo ang mga kabundukan at inyo itong inaakala na matibay, sa araw na iyon ito ay lulutang katulad ng isang ulap, at pagkatapos ito ay magiging parang bula na maglalaho na walang matitirang bagay na makikita sa kanya, at pagkatapos nuon ay itatayo na ang timbangan at mahahati ang mga tao sa dalawang grupo; ang mga maliligaya at malulungkot).**

**(6-7)** ***(fa amm ma man thaqulat mawaaziinuh)*** at para sa kanya na naging mabigat ang timbangan ng kanyang kabutihan kaysa sa kanyang kasamaan ***(fa huwa fii iishatir raadiyah)*** ay magiging kalugod-lugod ang kanyang pamumuhay sa paraiso.

**(8-11)** ***(wa amm ma man khaffat mawaaziinuh)*** subalit siya naman na naging magaan ang timbangan ng kanyang kabutihan at naging mabigat ang kasamaan; **(fa umm muhu haawiyah)** ang kanyang hantungan at tirahan at patutunguhan ay ang impyerno, at kabilang sa kanyang pangalan ay ang ***haawiyah***, na para bagang isang katayuan ng isang ina na lagi niya nang kasama, at sinasabi rin na ang kahulugan ng ***haawiyah*** ay ang kanyang utak ay ihuhulog sa impeyrno; ibig sabihin na ihuhulog siya sa impeyrno na mauuna ang kanyang ulo. ***(wa maa adraaka maa hiyah)*** at ano ang magbabatid sa iyo O Muhammad kung ano ang kaila-ilaliman na ito na tinatawag, at pagkatapos ay kanyang pinaliwanag ***(narun haamiyah)*** ito'y matinding init ng apoy, na ang kanyang init ay pitong-pung doble kaysa sa init sa mundo, hilingin natin Allah na ilayo tayo mula sa apoy ng Impiyerno **[Ameen].**

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah At-Takathur]
## At ito'y Makkiyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿أَلۡهَىٰكُمُ ٱلتَّكَاثُرُ ١ حَتَّىٰ زُرۡتُمُ ٱلۡمَقَابِرَ ٢ كَلَّا سَوۡفَ تَعۡلَمُونَ ٣ ثُمَّ كَلَّا سَوۡفَ تَعۡلَمُونَ ٤ كَلَّا لَوۡ تَعۡلَمُونَ عِلۡمَ ٱلۡيَقِينِ ٥ لَتَرَوُنَّ ٱلۡجَحِيمَ ٦ ثُمَّ لَتَرَوُنَّهَا عَيۡنَ ٱلۡيَقِينِ ٧ ثُمَّ لَتُسۡـَٔلُنَّ يَوۡمَئِذٍ عَنِ ٱلنَّعِيمِ ٨﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Al haa kumut takaathur** 2. **Hatta zurtumul maqaabir** 3. **Kallaa sawfa ta'lamuun** 4. **Thumm ma kallaa sawfa ta'lamuun** 5. **Kalla law ta'lamuuna I'lmal yaqiin** 6. **Latarawunn nal jahiim** 7. **Thumm ma tarawunn nahaa aynal yaqiin** 8. **Thumm ma latus alunn na yawma idhin a'ninn na ii'm**

**(1)** Sinasabi ng Allah nang may kasamang pagkagalit sa kanyang mga alipin ang tungkol sa kanilang pagkahibang at pagpapabaya sa pagsamba nila sa Allah nang nag-iisa at walang katambal na siyang dakilang layunin ng pagkakalikha sa kanila. At pagpapabaya nila sa pagkilala sa Allah at pagbabalik loob sa kanya at pag-una ng pagmamahal sa Allah ng higit sa anumang bagay : ***(Al-hakumu)*** nalinlang kayo sa mga nabanggit ***(At-Takathur)*** ang paligsahan hinggil sa makamundong bagay. At hindi binanggit dito kung anong makamundong bagay na inyong pinagpapaligsahan; upang masaklaw ang lahat ng paligsahan hinggil sa makamundong bagay at yung mga tao na gumagawa nito. At ang pagmamayabang sa pamamagitan ng pagpaparami ng kayamanan at mga anak at mga tauhan, sundalo, tagapagsilbi at katayuan at iba pang mga bagay na ang layunin ay ang pagpapaligsahan sa pagmamarami sa makamundong bagay at hindi nila hinangad ang Allahu *taala*.

**(2)** at nagpatuloy ang kanilang pagpapabaya at sila'y nalinlang at naging abala sa makamundong bagay ***(hatta zurtumul maqaabir)*** hanggang sa kayo ay makarating sa mga libingan at nalaman ninyo ang inyong mga ginawa, ngunit hindi na ninyo pa mababalik ang buhay ninyo sa mundo. At tinutukoy ng sinabi ng Allah: ***(hatta zurtumul maqaabir)*** na tunay na ang ***Barzakh*** ay ang

iyong tahanan at mula rito'y tutungo sa tahanan sa kabilang buhay. Tinawag ng Allah ang mga papasok sa barazkh na mga bisita dahil hindi sila mananaliti rito. Ito'y tumutukoy lamang na mayroong muling pagkabuhay at paglilitis sa mga gawain sa kabilang buhay.

**(3-6)** At dahil dito nagbabala ang Allah ***(3. Kallaa sawfa ta'lamuun 4. Thumm ma kallaa sawfa ta'lamuun)*** Ibig sabihin: kung inyong taos pusong nalalaman lamang ang inyong kinakaharap, hindi kayo magpapalinlang sa pagmamarami ng makamundong bagay, at kayo ay magmamadali sa paggawa ng Mabubuting Gawain, ngunit sa kawalan ng totoong kaalaman, ang siyang nagdala tungo sa inyong nakikita ***(latarawunn nal jahiim)*** makikita ninyo ang Qiyamah; upang makita ninyo ang naglalagablab na apoy ng Impiyerno na hinanda ng Allah para sa mga hindi mananampalataya.

**(7)** ***(thumm ma latarawunn naha aynal yaqiin)*** ibig sabihin: makikita ng iyong mga sariling mata ang Impiyerno katulad ng sinabi ng Allah : (**At makikita ng mga masasama ang Impiyerno, na kung kaya, natitiyak na nila na walang pag-aalinlangang sila ay ilulublob doon, at kailanman ay hindi sila makatatagpo sa anumang kaparaanan upang sila ay makatakas mula roon patungo sa iba**).

**(8)** ***(thumm ma latus alunn na yawma idhin aninn na iim)*** Ang mga biyayang natatamasa ninyo sa mundo; kayo ba ay nagpasalamat sa Allah? Inyo bang isinagawa ang karapatan ng Allah dito? At hindi niyo ginamit sa pagsuway sa kanya? Upang sa ganuon ay dagdagan pa ang inyong biyaya? O kayo ay nagpalinlang at nahibang dito? At hindi kayo nagpasalamat? Bagkus ay maaring ginamit niyo pa ito sa pagsuway? At mapaparusahan kayo dahil dito? Sinabi ng Allah: (**At sa Araw na ilalantad ang mga walang pananampalataya sa Impiyernong-Apoy upang parusahan at sasabihin sa kanila bilang pag-aalipusta: "Katiyakan, naubos na ninyo ang kabutihan at kagandahan ng buhay sa daigdig at nakapagsaya na kayo, kung kaya, ngayon ay papagbabayarin kayo ng kahamak-hamak na parusa sa Impiyernong-Apoy; dahil sa inyong pagmamataas sa kalupaan nang wala kayong karapatan at dahil sa inyong paglabag at di-pagsunod sa Allâh**).

***

**[Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-Asr]**
**At ito'y Makkiyah**

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿وَٱلۡعَصۡرِ ١ إِنَّ ٱلۡإِنسَٰنَ لَفِي خُسۡرٍ ٢ إِلَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ وَعَمِلُواْ ٱلصَّٰلِحَٰتِ
وَتَوَاصَوۡاْ بِٱلۡحَقِّ وَتَوَاصَوۡاْ بِٱلصَّبۡرِ ٣﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Wal asr** 2. **Inn nal inn saana la fii khusr** 3. **Illal ladhiina aamanuu wa a'milus saa lihaati watawaa saw bil haqqi watawaa saw bissabr**

**(1-3)** Sumumpa ang Allah sa pamamagitan ng ***Al-Asr*** o Panahon na siyang gabi't araw, na siyang lugar na pagkilos ng mga Alipin at paggawa nila; Tunay na ang bawat tao ay nasa pagkalugi , at ang pagkalugi ay may maraming antas maari ang pagkalugi ay walang takda katulad ng pagkalugi dito sa Mundo at sa kabilang buhay at pagkawala sa kanya ng biyaya at pagpasok sa Impiyerno, at maari din na ang pagkalugi ay sa iilang panig at hindi sa iba, kaya naman nilahat ng Allah na ang bawat tao ay nasa pagkalugi maliban sa sinuman nagtataglay ng apat na katangian:

- Ang Iman o Paniniwala sa mga inutos ng Allah na paniwalaan ito, at hindi mangyayari ang Iman na walang kaalaman, dahil ito'y bahagi ng Iman at hindi magiging ganap maliban dito.
- Mabuting Gawain, at ito'y sumasaklaw sa lahat ng bawat mabuting Gawain ito man ay lantaran o patago, at ito man ay may kaugnayan sa mga karapatan ng Allah at karapatan ng kapwa tao, ito man ay Obligado o kaibig-ibig.
- Ang pagpapayuhan sa bawat isa at pagganyak sa pananatili sa katotohanan at ito ang Iman at paggawa ng Mabuting Gawain.
- Ang pagpapayuhan sa bawat isa at pagganyak sa pagtitiis para rito. Pagtitiis sa pagsunod sa Allah at paglayo sa pagsuway sa Kanya at pagtitiis sa mga masasakit na tadhana. Ang Una at pangalawa; ginagawang ganap ng isang tao ang kanyang sarili at ang pangatlo at pang-apat ay ginagawang ganap ang ibang tao, at sa pamamagitan sa pagganap sa apat na bagay na ito, ang isang tao ay magiging ligtas mula sa pagkalugi, at kanyang makakamit ang dakilang tagumpay.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-Humazah]
## At ito'y Makkiyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿وَيۡلٞ لِّكُلِّ هُمَزَةٖ لُّمَزَةٍ ١ ٱلَّذِي جَمَعَ مَالٗا وَعَدَّدَهُۥ ٢ يَحۡسَبُ أَنَّ مَالَهُۥٓ أَخۡلَدَهُۥ
٣ كَلَّاۖ لَيُنۢبَذَنَّ فِي ٱلۡحُطَمَةِ ٤ وَمَآ أَدۡرَىٰكَ مَا ٱلۡحُطَمَةُ ٥ نَارُ ٱللَّهِ ٱلۡمُوقَدَةُ ٦
ٱلَّتِي تَطَّلِعُ عَلَى ٱلۡأَفۡـِٔدَةِ ٧ إِنَّهَا عَلَيۡهِم مُّؤۡصَدَةٞ ٨ فِي عَمَدٖ مُّمَدَّدَةِۭ ٩﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Waylul likulli humazatil lumazah** 2. **Alladhii jama a' maalaww wa addadah** 3. **Yahsabu ann na maalahu akhladah** 4. **Kallaa layumm badhann na fil hutamah** 5. **Wa maa adraaka mal hutamah** 6. **Naarullaahil muuqadah** 7. **Allatii tattali u alal af idah** 8. **Inn nahaa alayhimm mu' sadah** 9. **Fii amadimm mumaddadah**

**(1)** ***(Waylul)*** ibig sabahin: kapighatian at kapahamakan at matinding kaparusahan ***(likulli humazatil)*** ibig sabihin: sa sinuman naninira sa mga tao at nanlalait sa kanila. Ang ***Al-hammaz*** ito'y paninira sa tao at panlalait sa kanila sa pamamagitan ng paggalaw at kilos at Ang ***Al-lammaz*** ito ang paninira at panlalait sa tao sa pamamagitan ng kanyang salita.

**(2)** Mula sa katangian ng ***Al-hammaz*** at ***Al-lammaz*** ay wala siyang ibang ninanais liban sa pag-iipon ng yaman, wala siyang ibang ginawa kundi bilangin ito at ito ang kanyang kaligayahan, at walang siyang kagustuhan na gastahin ito sa daang mabuti at iba pa.

**(3)** ***(Yahsabu)*** kanyang inaakala ***(ann na maalahu akhladah)*** na ang kanyang kayamanan ay mananaliti rito sa mundo, kaya naman ang lahat ng kanyang Gawain at trabaho ay pagpaparami at pagpapa-unlad ng kayamanan lamang, sa kanyang pagkakaakala na ito'y makapagpapahaba sa kanya ng buhay, at hindi niya alam na ang pagiging maramot ay nagpapaikli ng buhay, at winawasak ang mga tahanan, at ang kabutihan ay nakakapagdaragdag ng buhay.

**(4-7)** ***(Kallaa layumm badhanna)*** ibig sabahin: Itatapon sila ***(fil hutamah Wa maa adraaka mal hutamah)*** Sa apoy na nilalamukos nito ang anumang

inihahagis dito. At pagkatapos ay pinaliwanag kung anong mayroon sa ***Al-hutama (Naarullaahil muuqadah)*** ito'y apoy na sinilaban ng Allah sa pamamagitan ng panggatong mula sa tao at bato. ***(Allatii)*** kung saan sa sidhi ng paglalagablab nito ***(tattali u alal af idah)*** ay umaabot ang sidhi ng init nito mula sa katawan ng tao na manunuot patungo sa mga puso.

**(8)** At ang sidhi ng init nito , sila ay hindi makakalabas pa rito, at sila walang pag-asa pa na makakaalis pa roon, kaya naman sinabi : ***(Inn nahaa alayhimm mu- sadah)*** ibig sabahin: magsasarado sa kanila ***(Fii amadimm)*** mula sa likod ng mga pintuang ***(mumaddadah)*** nagtataasang mga haligi ng apoy upang hindi na sila makakalabas pa roon, (**sa tuwing sila ay magnanais na lumabas doon ay ibabalik silang muli roon**), tayo ay magpapakupkup sa Allah mula rito, at hingin natin sa kanya ang kapatawaran at kaligtasan **[Ameen]**.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-fil]
## At ito'y Makkiyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿أَلَمۡ تَرَ كَيۡفَ فَعَلَ رَبُّكَ بِأَصۡحَٰبِ ٱلۡفِيلِ ١ أَلَمۡ يَجۡعَلۡ كَيۡدَهُمۡ فِي تَضۡلِيلٖ ٢ وَأَرۡسَلَ
عَلَيۡهِمۡ طَيۡرًا أَبَابِيلَ ٣ تَرۡمِيهِم بِحِجَارَةٖ مِّن سِجِّيلٖ ٤ فَجَعَلَهُمۡ كَعَصۡفٖ
مَّأۡكُولِۭ ٥﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Alam tara kayfa fa ala rabbuka bi as haabil fiil** 2. **Alam yaj al kaydahum fii tadliil** 3. **Wa arsala alayhim tayran abaabiil** 4. **Tarmihimm bihi jaaratimm minn sijjil** 5. **Faja alahum ka asfimm ma' kuul**

---

**(1-5)** Ibig sabihin: Hindi mo nakita ang kakayahan ng Allah at ang Kanyang kadakilaan at habag sa Kanyang mga alipin at ang mga batayan patungkol sa Kanyang kaisahan at pagiging totoo ng Kanyang sugo na si Muhammad; kung ano ang ginawa ng Allah sa mga nagmamay-ari ng Elepante? na ang hangarin nila ay wasakin ang sagradong tahanan ng Allah, na kung saan ay pinaghandaan nila ito, at nagdala sila ng mga Elepante para wasakin ang Ka’bah at nagdala sila ng napakaraming sundalo na walang sinuman na nakapantay mula sa mga arabo mula sa Abysinnia at Yemen, at noong sila'y

dumating sa isang lugar na malapit sa Makkah, walang kakayanan ang mga arabo na dumipensa  kaya naman lumikas ang mga taga-makkah mula sa Makkah dahil sa pangamba para sa kanilang mga sarili mula sa mga kalaban. At ang Allah ay  nagpadala laban sa mga kalaban ng mga ibon na napakarami na may dala-dalang bato na gawa sa mainit na luwad, at pinagbabagsakan sila nito at para silang nagmistulang mga nawasak na mga pananim sa bukirin na ang mga bunga nito'y parang kinain ng mga hayop at itinapon ang tangkay. Pinigilan ng Allah ang kanilang kasamaan at binalik sa kanila ang masamang balakin sa kanilang mga leeg. ang kanilang kuwento  ay kilala, at sa taong din iyon ay isinilang ang sugo ng Allah na si Muhammad, at ito'y kabilang sa mga pagpapahiwatig ng kayang Da'wah at palatandaan ng kanyang pagkasugo, ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Allah lamang.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surat Li iilaa fi qurayysh]
## At ito'y Makkiyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿لِإِيلَٰفِ قُرَيۡشٍ ١ إِۦلَٰفِهِمۡ رِحۡلَةَ ٱلشِّتَآءِ وَٱلصَّيۡفِ ٢ فَلۡيَعۡبُدُواْ رَبَّ هَٰذَا ٱلۡبَيۡتِ
٣ ٱلَّذِيٓ أَطۡعَمَهُم مِّن جُوعٖ وَءَامَنَهُم مِّنۡ خَوۡفِۭ ٤﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Li iilaa fi quray~ysh** 2. **Iilaa fihim rihlatash shitaa i wassay~yf** 3. **Falya' buduu rabba haadhal bay~yt** 4. **Alladhii at amahumm minn juu iww wa aamanahumm min khaw~wf**

---

**(1-4)** Ayon sa mga Tagapagpaliwanag ng Quran: Ang kabanata na ito'y may kaugnayan sa naung kabanata; ito ang surat ***Al-fil***, ibig sabihin: ginawa namin kung anuman ang mga nangyari sa mga nagmamay-ari ng elepante para sa tribu ng Qurasyh at ibinigay naming para sa kanila ang kaayusan at kapanatagan at naging banayad at patuloy ang kanilang mga pamumuhay at inaayos ang kanilang paglalakbay sa taglamig patungong Yemen at sa tag-init patungong Sham na walang pinangangambahan upang makipagkalakalan.

At dahil doon winasak ng Allah ang sinuman maghangad ng kasamaan sa kanila at dinakila ang katayuan ng Ka'bah at ang mga naninirahan dito sa mga puso ng mg Arabo , kaya naman nirerespesto sila at hindi sila hinaharang sa  tuwing sila ay maglalakabay, dahil dito inutusan ang

mga Qurasyh na magpasalamat sa Allah kaya kanyang sinabi (***Falya' buduu rabba haadhal bayyt***) ibig sabihin: sambahin ninyo ang inyong Rabb nang nag-iisa at gawin ninyo'ng dalisay ang pagsamba sa kanya, ***(Alladhii at amahumm minn juu iww wa aamanahumm min khawwf)*** na siyang nagpakain sa kanila upang hindi sila mangagutom at ginawa silang ligtas mula sa pagkatakot at mga panganib. Ang pagbuhos ng biyaya at kaligtasan mula sa pagkatakot at panganib ay kabilang sa mga dakilang biyaya rito sa mundo na marapat natin ipagpasalamat sa Allah, Sayo ang papuri at pasasalamat -oh Allah- sa mga biyayang pinagkaloob mo, nakikita man ito o nakatago, Ang Allah ang bukod-tangi sa pagkapanginoon ng Ka'bah dahil sa kanyang biyaya at kadakilaan, bagkus siya ang Panginoon ng lahat ng bagay.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah Al- Ma'un]
## At ito'y Makkiyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿أَرَءَيۡتَ ٱلَّذِي يُكَذِّبُ بِٱلدِّينِ ١ فَذَٰلِكَ ٱلَّذِي يَدُعُّ ٱلۡيَتِيمَ ٢ وَلَا
يَحُضُّ عَلَىٰ طَعَامِ ٱلۡمِسۡكِينِ ٣ فَوَيۡلٞ لِّلۡمُصَلِّينَ ٤ ٱلَّذِينَ هُمۡ عَن صَلَاتِهِمۡ
سَاهُونَ ٥ ٱلَّذِينَ هُمۡ يُرَآءُونَ ٦ وَيَمۡنَعُونَ ٱلۡمَاعُونَ ٧﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Ara aytal ladhii yukadh dhibu bid diin** 2. **Fadhaalikal ladhii yadu' ul yatiim** 3. **Walaa yahud du alaa ta aamil miskiin** 4. **Fawaylul lil musalliin** 5. **Alladhiinahum ann salaatihim saahuun** 6. **Alladhiinahum yuraa uun** 7. **Wayamna uu'nal maa uu'n**

---

**(1)** Sinabi ng Allah nang mayroon kasamang pagmamaliit sa mga silang iniwan ang karapatan niya at karapatan ng kapwa tao: ***(Ara aytal ladhii yukadhdhibu biddiin)*** Nakita mo ba ang kalagayan niya na pinasinungalingan ang muling Pagkabuhay at Pagbabayad at hindi naniwala sa mga katuruang dala ng mga sugo.

**(2)** ***(Fadhaalikal ladhii yadu' ul yatiim)*** Na siya ay matinding nagtataboy sa mga ulila mula sa kanilang karapatan at hindi siya nahahabag dito at dahil sa katigasan ng kanyang puso at dahil hindi siya naghahangad ng gantimpla at

hindi nangangamba sa parusa.

**(3)** ***(Walaa yahuddu)*** At hindi niya hinihimok ang iba ***(alaa ta aamil miskiin)*** na magpakain ng mahihirap, na kung kaya, paano pa kaya niya ito ipatutupad sa kanyang sarili na magpakain ng mahihirap.

**(4-5)** ***(Fawaylul lil musalliin)*** matinding kaparusahan at kapahamakan sa mga yaong nagsasagawa ng ‘Salâh. ***(Alladhiinahum ann salaatihim saahuun)*** silang nagpapabaya sa kanilang Salah, at hindi nila ito ginagawa sa tamang kaparaanan at wala ito sa tamang oras na itinakda, dahil sa kanilang walang pagpapahalaga sa kautasan ng Allah, kung saan ay nagpabaya sila sa kanilang mga Salah na siyang pinakamahalagang pagsunod, at gumagawa ng “Sahu Annis Salah” ay karapatdapat siyang magkamit ng parusa at walang kapurihan, ngunit ang “Sahu Fis Salah” ito ang pagkakamali sa Salah na nagagawa ng bawat isa , kahit ang Propeta Muhammad sallahu alayhi was wallam.

**(6-7)** kaya naman nilarawan sila na mga yaong nagsasagawa ng kabutihan nang lantaran para lamang makita ng tao, matigas ang puso at walang habag. At Sinabi: ***(Alladhiinahum yuraa uun)*** Ibig sabihin: nagsasagawa ng kabutihan nang lantaran para lamang makita ng tao. ***(Wayamna uunal maa uun)*** Ipinagkakait nila ang pagbibigay o pagpapahiram ng isang maliit na bagay hindi naman nakakaapekto sa kanila kapag ito'y kanilang ibinigay o ipinahiram (na katulad ng kagamitang pambahay), at iba pa, at dahil sa kanilang karamutan pinagkakait nila ang ***Ma’un*** o ang mga maliit na mga kabutihan, paano pa kung mas marami?!
Sa kabanatang ito: Nagtuturo na magpakain sa mga ulila at mahihirap at paghihimok sa iba, at pangangalaga sa Salah at pakakaroon ng Ikhlas habang isinasagawa ito at sa lahat ng gawain at nagtuturo ng paggawa ng kabutihan, pagbibigay ng kahit ano ito man ay maliit, dahil ang Allah ay kanyang minaliit at pinawalang-puri yaong mga silang hindi ginawa ito. Ang Allah lubos na nakakaalam.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah Al- Kawthar]
## At ito'y Makkiyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿إِنَّآ أَعۡطَيۡنَٰكَ ٱلۡكَوۡثَرَ ١ فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَٱنۡحَرۡ ٢ إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ ٱلۡأَبۡتَرُ ٣﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Inn naa a' taynaa kal kawthar** 2. **Fa salli lirabbika wan har** 3. **Inn na shaani aka huwal abtar**

**(1)** Pinapahayag ng Allahu taala sa kanyang Sugo na si Muhammad bilang biyaya sa kanya: ***(Inn naa a' taynaa kal kawthar)*** Ibig sabihin: Masaganang kabutihan at biyaya, na mula sa mga ipinagkaloob ng Allah sa kanyang Sugo na si Muhammad *sallahu alayhi was wallam* sa Araw ng muling pagkabuhay, na kabilang dito'y ang ilog ng ***(Kawthar)*** , at kabilang din ang ***(Al-hawdh)*** na ang kanyang haba ay katumbas ng isang buwang paglalakbay, at ang kanyang lapad ay katumbas ng isang buwang paglalakbay, na ang tubig nito'y mas maputi pa kaysa sa gatas at mas matamis pa kaysa pulut-pukyutan, na ang sisidlan nito'y kasing dami at kasing liwanag ng mga bituin sa kalangitan, sinuman ang makakainom nang kahit isang beses mula rito, kailaman hindi na siya makakatikim ng pagka-uhaw.

**(2)** At noong binaggit ng Allah ang biyayang ito sa kanyang Sugo, inatasan siyang magpasalamat, kanyang sinabi: ***(Fa salli lirabbika wan har)*** Na kung kaya, maging taimtim ka sa lahat ng iyong pagsa-Salâh sa iyong Rabb, at maghandog ng hayop bilang pag-aalay lamang sa Kanya. Ibinukod-tangi ang dalawang gawaing pagsambang ito dahil sa pagiging pinakamainam na pagsamba, at pinakadakilang alay sa Allah, dahil ang Salah ay napapaloob dito ang pagsuko ng puso at katawan sa Allah , na siyang nagdadala sa tao sa iba pang pagsamba, Ang *Nahr* o paghahandog ng hayop bilang pag-aalay ay isang uri ng pagsamba upang mapalapit sa Allah sa pamamagitang ng pag-aalay ng pinakamainam na hayop na mayroon siya, at paggasta para sa Allah upang maiwasan ang pagiging maramot at sobrang paghahangad sa kayamanan.

**(3)** ***(Inn na shaani aka)*** ibig sabihin: ang nagalit sa iyo at nagkaroon ng poot nagmamaliit sa iyo ***(huwal abtar)*** Ibig sabihin: ay ipagkakait sa kanya ang anumang kasaganaan at kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay at hindi siya kikilalanin. At ang Propeta Muhammad *sallahu alayhi was wallam* ay isang tunay na ganap na nagtataglay ng kaganapan nababagay para sa isang nilalang katulad ng matataas na pagkikila at maraming tagatulong at tagasunod.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah Qul yaa ayyuhal kaafiruun] At ito'y Makkiyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿قُلۡ يَٰٓأَيُّهَا ٱلۡكَٰفِرُونَ ١ لَآ أَعۡبُدُ مَا تَعۡبُدُونَ ٢ وَلَآ أَنتُمۡ عَٰبِدُونَ مَآ أَعۡبُدُ ٣
وَلَآ أَنَا۠ عَابِدٞ مَّا عَبَدتُّمۡ ٤ وَلَآ أَنتُمۡ عَٰبِدُونَ مَآ أَعۡبُدُ ٥ لَكُمۡ دِينُكُمۡ وَلِيَ دِينِ ٦﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Qul yaa ayyuhal kaafiruun** 2. **Laa a'budu maa ta'buduun** 3. **Wa laa ann tum aabiduuna maa a'bud** 4. **Wa laa ana aabidumm maa abattum** 5. **Wa laa ann tum aabiduuna maa a'bud** 6. **Lakum diinukum waliya diin**

**(1-6)** Ibig sabihin: Sabihin mo sa mga ***Kaafiruun***: ***(Laa a'budu maa ta'buduun)*** ibig sabihin: Hindi ko sasambahin ang anumang sinasamba ninyo na mga rebulto at mga diyus-diyosan na walang kabuluhan lantaran man o patago. ***(Wa laa ann tum aabiduuna maa a'bud)*** At kayo ay Hindi rin ninyo sasambahin ang aking sinasamba na Bukod-Tanging Nag-iisa, na Siya lamang ang karapat-dapat na sambahin, dahil sa kawalan ninyo ng kadalisayan sa pagsamba sa Allah, at ang iyong pagsamba sa Kanya nang mayroon kasamang Shirk o pagtatambal ay hindi matatawag na pagsamba, at ang Ayah ay inuli-ulit sa kabanatang ito upang tukuyin na ang Una ay dahil sa kawalan ng paggawa at ang pangalawa ay ipinahayag patungkol sa partikular na mga walang pananampalatayang na batid ng Allâh na kailanman ay hindi na sila maniniwala pa, kaya naman malalalaman at mapag-iiba ang dalawang pangkat, at pinaghiwalay ang dalawang pangkat, kanyang sinabi: ***(Lakum diinukum waliya diin)*** Na kung kaya, sa inyo na lamang ang inyong "deen" (o relihiyon) na inyong pinagpipilitan na sundin, at sa akin na lamang din ang aking "deen", na hindi na ako maghahangad ng iba pa. katulad din ng sabi ng Allah: (**Sabihin mo, O Muhammad, sa mga tao: Ang bawa't isa sa inyo ay gumawa ayon sa likas niyang katangian**), kayo ay walang kinalaman sa kung ano ang aking ginawa at ako'y walang kinalaman sa iyong mga ginagawa.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah An-Nasr]
## At ito'y Madinayyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿إِذَا جَآءَ نَصۡرُ ٱللَّهِ وَٱلۡفَتۡحُ ١ وَرَأَيۡتَ ٱلنَّاسَ يَدۡخُلُونَ فِي دِينِ ٱللَّهِ أَفۡوَاجٗا ٢
فَسَبِّحۡ بِحَمۡدِ رَبِّكَ وَٱسۡتَغۡفِرۡهُۚ إِنَّهُۥ كَانَ تَوَّابَۢا ٣﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Idhaa jaa a nasrullaahi wal fath** 2. **Wara aytann naasa yadkhuluuna fii diinil laahi afwaajaa** 3. **Fasabbih bihamdi rabbika wastaghfirhu inn nahuu kaana tawwaabaa.**

**(1-3)** Sa dakilang kabanatang ito'y napapaloob dito ang isang magandang balita at bagay para sa sugo ng Allah na kanyang makakamit, at isang palatandaan at paalala sa mga bagay na kakalabasan nito, at ang magandang balitang iyon ay ang Tulong ng Allah sa kanyang Sugo, at pagkapanalo sa Makkah at pagpasok ng mga tao sa ***(fii diinil laahi afwaajaa)*** Islâm na Deen ng Allâh, na kung saan marami rito'y nagmula sa mga taga Makkah at taga Madinah na noon ay kalaban ng Islam, at itong balitang ito'y ganap na nangyari. At pagkatapos na makamit ang tagumpay na ito, inatas ng Allah sa Kanyang sugo na magpasalamat sa Kanya dahil sa mga biyayang ito, luwalhatiin Siya sa pamamagitan ng papuri sa Kanya at paghingi mula sa Kanya ng kapatawaran. At ito'y tumutukoy rin sa dalawang bagay; ***Una***: mapagpapatuloy ang tagumpay ng relihiyon Islam at madadagdagan ito kapag isinagawa ang pagluwalhati sa Allah sa pamamagitan ng papuri sa Kanya at paghingi mula sa Kanya ng kapatawaran. Tunay na ito'y kabilang sa Pagpapasalamat, at Ang Allah ay nagsabi: **(Kapag kayo ay nagpasalamat ay katiyakan na daragdagan pa Niya ito sa inyo)** at ito'y nangyari sa panahon ng mga sumunod sa kanila mula sa Ummah na ito; ang mga Khulafa Rashideen at sa mga sumunod sa kanila sa Ummah na ito at nananatili ang tulong ng Allah hanggang sa umabot ang Islam sa kung saan man ang kanyang inabot na hindi umabot dito ang mga ibang relihiyon. At pumasok dito ang maraming tao, na hindi katulad sa iba, hanggang sa nangyari sa Ummah na ito ang pagsuway sa kautusan ng Allah, at sinubok sila sa pamamagitan ng pagkawatak-watak, at pagsasalungat, nangyari ang nangyari,

ngunit para sa Ummah na ito at relihiyong ito; ay ang habag ng Allah at kabutihan Niya na hindi na ikinaakala. At ***Pangalawa***: ito'y tumutukoy na ang kamatayan ng Sugo ng Allah ay nanalalapit na, dahil ang kanyang buhay ay isang biyaya at dakila, sumumpa ang Allah sa pamamagitan nito, at ang mga bagay na dakila ay tinatapos sa pamamagitan ng paghingi na kapatawaran katulad ng Salah at Hajj at iba pang mga Gawain. Kaya naman inutusan ng Allah ang kanyang Sugo na magsagawa ng papuri at pasasalamat at paghingi ng kapatawaran, sa kalagayang ito ang kanyang buhay ay natapos na, kaya naman pinaghandaan niya ang kamatayan, at tinapos niya ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pinakamainam na Gawain. Sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala mula sa Allah, at kaya naman kanyang binibigkas na maraming beses sa tuwing magsasagawa siya ng Ruku' at Sujud: ***"Subhanaka Allahumma Rabbana wa bihamdika Allahummagh Fir li"***

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah Tabbat]
## At ito'y Makiyyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿تَبَّتۡ يَدَآ أَبِي لَهَبٖ وَتَبَّ ١ مَآ أَغۡنَىٰ عَنۡهُ مَالُهُۥ وَمَا كَسَبَ ٢ سَيَصۡلَىٰ نَارٗا
ذَاتَ لَهَبٖ ٣ وَٱمۡرَأَتُهُۥ حَمَّالَةَ ٱلۡحَطَبِ ٤ فِي جِيدِهَا حَبۡلٞ مِّن مَّسَدِۭ ٥﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Tabbat yadaa abii lahabiww watabb** 2. **Maa aghnaa anhu maaluhu wa maa kasab** 3. **Sayaslaa naarann dhaata lahab** 4. **Wamra atuhuu hamm maalatal hatab** 5. **Fii jiidihaa hablumm mimm masad**

---

Si Abu Lahb ay amain ng Propeta Muhammad sallahu alayhi wa sallam, at siya ay naging matinding kalaban at parusa sa kanya, walang relihiyon para sa kanya at walang kamakamag-anak para sa kanya, winasak siya ng Allah nang dakilang pagkawasak na kung saan ito'y kahihiyan dito sa mundo hanggang sa araw ng muling pagkabuhay, Sinabi ng Allah:

**(1)** ***(Tabbat yadaa abii lahabi)*** Ibig sabihin: Pagkawasak at tuluyang pagkabigo sa dalawang kamay, ***(watabb)*** at hindi nagtagumpay.

**(2)** ***(Maa aghnaa anhu maaluhu)*** Hindi naging kapaki-pakinabang sa kanya ang kanyang kayamanan, bagkus ito ang naging dahilan upang maging mapagmalabis, at kahit ang kanyang ***(wa maa kasab)*** kinitang kayamanan, kung kaya kailanman ay walang magagawa ang mga ito sa kanya upang siya ay iligtas mula sa kaparusahan ng Allâh kapag ito'y dumating na sa kanya.

**(3-5)** ***(Sayaslaa naarann dhaata lahab)*** Ibig sabihin: papalibutan sila ng Apoy, walang pag-aalinlangan, siya ay papapasukin sa naglalagablab na Apoy ***(Wamra atuhuu Hamm maalatal hatab)*** at gayundin ang kanyang asawa, na naging matindi ang pamiminsala sa Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad, at silang dalawang mag-asawa ay nagtulungan sa kasamaan at pamiminsala, at paghahasik ng kasamaan, at lahat ng bagay na makakasakit sa Propeta Muhammad ay kanilang ginawa, dahil dito titipunin ang mga kasalanang ito at ipapatong sa kanyang likod na katulad sa tinipong kahoy para gawing panggatong, at hinanda ng Allah ang magaspang na lubid na ipapalupot sa kanyang leeg na mula sa ***(mimm masad)*** hibla ng puno ng palmera, iniaangat siya sa pamamagitan nito sa Impiyernong-Apoy, pagkatapos ay ihahagis siya tungo sa kaila-ilaliman nito.

Sa kabanatang ito ating matutunghayan ang ilang sa dakilang himala ng Allah, at tunay na ang Allah ay Kanyang pinayahag ang Surah na ito kay Abu Lahb at sa kanyang asawa noong sila ay nabubuhay pa. At pinayahag ng Allah na silang dalawa ay dapat parusahan sa Impiyerno, ngunit hindi sila naniwala sa Kaisahan ng Allah, kaya naman tunay na nagyari ang balitang pinayahayag ng Allah *subhanahu wa taala*.

***

## [Ang kapaliwanagan ng Surah Al-Ikhlaas]
## At ito'y Makiyyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿قُلۡ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ١ ٱللَّهُ ٱلصَّمَدُ ٢ لَمۡ يَلِدۡ وَلَمۡ يُولَدۡ ٣ وَلَمۡ
يَكُن لَّهُۥ كُفُوًا أَحَدُۢ ٤﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Qul huwAllaahu ahad** 2. **Allaahus Samad** 3. **Lam yalid wa lam yuulad** 4. **Wa lam yakul lahuu kufuwan ahad**

**(1)** Ibig sabihin: ***(Qul*)** Sabihin mo, O Muhammad nang mayroon katiyakan at paniniwala at kaalaman sa kanyang kahulugan, na ang Allah ***(huwallaahu ahad)*** Nag-iisa at Bukod-Tangi sa kaganapan, na nagtataglay ng magagandang pangalan at nagtataglay ng Kataas-Taasan at ganap na katangian at nagtataglay ng banal na Gawain na walang kapantay at katulad.

**(2)** ***(Allaahus samad)*** Ibig sabihin: ang Bukod-Tangi na inaasahan ng Kanyang mga nilikha sa lahat ng kanilang pangangailangan, ang lahat ng nilalang sa kalangitan at kalupaan ay lubos na nangangailangan sa Kanya, at humingi lamang sila sa Kanya sa lahat ng kanilang pangangailangan, dahil siya ang lubos na ganap sa Kanyang mga katangian, ang lubos na nakakaalam, ang lubos na mapagpahintulot, ang lubos na mahabagin na kung saan ang kanyang habag ay sumasaklaw sa lahat ng bagay ... lahat ng Kanyang katangian ay lubos na ganap at perpekto.

**(3)** At kabilang sa kanyang pagiging ganap, siya ay ***(Lam yalid wa lam yuulad)*** kailanman ay hindi Siya nagsilang at kailanman ay hindi Siya nagkaroon ng anak, at kailanman ay hindi Siya isinilang o ipinanganak dahil hindi niya ito kailangan.

**(4)** ***(Wa lam yakul lahuu kufuwan ahad)*** at kailanman ay walang maihahalintulad sa Kanya, sa Kanyang Pangalan, sa Kanyang mga Katangian at sa Kanyang mga Gawain, na luwalhati sa Kanya na Kataas-Taasan.

Ang kabanatang ito'y tumutukoy na ang Allah ay Nag-iisa at Bukod-Tangi na nagtataglay ng magagandang pangalan at ng Kataas-Taasan at ganap na katangian sa Kaisahan ng Allah.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-Falaq]
## At ito'y Makiyyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلۡفَلَقِ ١ مِن شَرِّ مَا خَلَقَ ٢ وَمِن شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ٣
وَمِن شَرِّ ٱلنَّفَّٰثَٰتِ فِي ٱلۡعُقَدِ ٤ وَمِن شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ٥﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Qul a uu'dhu bi rabbil falaq** 2. **Minn sharri maa khalaq** 3. **Wa minn sharri ghaasiqin idhaa waqab** 4. **Wa minn sharrinn naffaa thaa ti fil uqad** 5. **Wa minn sharri haasidin idhaa hasad**

**(1)** Ibig sabihin: ***(Qul)*** Sabihin mo, O Muhammad: Nagpapakupkop ako: ***(Auudhu)***: hinihingi ko ang kalinga at proteksyon ng Allah, ***(rabbil falaq)*** na Rabb ng Falaq, na ito'y pagbubukang-liwayway.

**(2)** ***(Minn sharri maa khalaq)*** Mula sa kasamaan ng lahat ng nilikha mula sa mga tao at jinn at mga hayop, dahil dito nagpapakupkop sa Lumikha ng mga nilalang na ito mula mga kapinsalaan na maidudulot nito.

**(3)** ***(Wa minn sharri ghaasiqin idhaa waqab)***: At mula sa kasamaan na nangyayari sa gabi kapag natatakpan na ang mga tao ng matinding kadiliman nito. At kapag kumalat na sa gabi ang maraming masamang kaluluwa at makapipinsalang mga hayop.

**(4)** ***(Wa minn sharrinn naffaa thaa ti fil uqad)*** Ibig sabihin: Mula sa mga kasamaan ng mga nagsasagawa ng karunungang itim na mga kababaihan na hinihipan nila ang kanilang mga ibinuhol na tali, na ito'y kanilang pinagbubuhul-buhol bilang pangkukulam.

**(5)** ***(Wa minn sharri haasidin idhaa hasad)***: Ang "*Hasid*" ay ang mainggitin kapag kinapopootan na niya ang mga tao dahil sa mga biyayang ipinagkaloob ng Allâh sa kanila, na kapag siya ay naiinggit ay nais niyang mawala ito sa kanila. Kaya naman lahat ng bagay na maari na maging dahilan upang mawala ang biyayang ito mula sa taong kinaiinggitan niya. Kaya nararapat na humungi tayo ng pagpapakupkop sa Allah at kanyang kalinga mula sa kasamaan ng maiinggitin, at kabilang rin sa mga bunga na pagkainggit ay ang "*A'yn*" o ang Usog , dahil hindi ito mangyayari kung hindi dahil sa inggit ng isang masamang maiinggitin.

Napapaloob sa kabanatang ito ang pagpapakupkop mula sa lahat ng uri ng kasamaan, at ito rin ay tumutukoy na ang "*Sihr*" o karunungang-itim ay may katotohanan na dapat natin katakutan at humingi ng kalinga at pagpapakupkop sa Allah mula rito at sa mga nagsasagawa nito.

***

## [Ang Kapaliwanagan ng Surah An-Nâs] At ito'y Makiyyah

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

﴿قُلۡ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ ١ مَلِكِ ٱلنَّاسِ ٢ إِلَٰهِ ٱلنَّاسِ ٣ مِن شَرِّ ٱلۡوَسۡوَاسِ ٱلۡخَنَّاسِ ٤ ٱلَّذِي يُوَسۡوِسُ فِي صُدُورِ ٱلنَّاسِ ٥ مِنَ ٱلۡجِنَّةِ وَٱلنَّاسِ ٦﴾

**Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain**

1. **Qul a uu'dhu bi rabbinn naas** 2. **Malikinn naas** 3. **Ilaahinn naas** 4. **Minn sharril waswaasil khann naas** 5. **Alladhii yuwaswisu fii suduurinn naas** 6. **Minal jinn nati wann naas**

**(1-6)** Napapaloob sa kabanatang ito ang paghingi ng pagpapakupkop at pagkalinga sa Panginoon ng mga tao, ang nagmamay-ari sa kanila, ang sinasamba nila, laban sa mga Shaytan o Demonyo, na siya ang pinagmulan ng lahat ng kasamaan, at mula sa kanyang kapinsalaan at kasamaan ay ***(yuwaswisu fii suduurinn naas)*** Na siya ang nambubuyo ng kasamaan at naglalagay ng pag-aalinlangan sa mga dibdib ng mga tao; ginawa niyang mabuti para sa mga tao ang masama, at pinapakita sa kanila na para bagang mabuting larawan, at ipinapagawa ang kasalanang ito sa mga tao, at nilalayo sila sa paggawa ng kabutihan, at pinapakita sa kanila na ito'y kasamaan. Ang Shaytan ay palaging na sa ganitong kalagayan, siya'y naglalagay ng pag-aalinlangan sa mga dibdib ng mga tao at pagkatapos ay nambubuyo sa oras ng pagkalimot ng tao sa pagkakaalaala sa Allâh at naglalaho kapag naalaala ang Allâh at kapag humingi ito ng tulong sa Allah ng pagkalinga. Marapat lamang na humingi ang isang tao ng tulong at pagkupkop at pagkalinga sa pamamagitan ng Pagkapanginoon ng Allah sa lahat ng Tao, at lahat ng nilalang ay nasa ilalim ng pangangalaga at paghahari ng Allah, sa pamamagitan ng pagka-Diyos ng Allah na siyang sinasamaba, na ito ang layunin kung bakit nilikha ang mga nilalang, at hindi ito magiging ganap para sa mga tao maliban na lamang na labanan nila ang kalaban nilang si Shaytan na nagnanaiis na putulin ang pagsamba ng mga nilalang sa Allah at lagyan ito ng harang sa pagitang ng nilalang at pagsamba sa Allah, at siya'y nagnanais na ilagay ang mga nilalang sa kanyang hanay o pangkat upang mapabilang sa mga taga impiyerno. At ang *waswas* o pambubuyo ay maaaring magmula sa

isang Jinn o isang tao, kaya naman sinabi ng Allah: ***(Minal jinn nati wann naas)*** Mula sa mga shaytân na nagmula sa lahi ng jinn at mula sa lahi ng mga tao.

Ang lahat ng Papuri ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng mga nilalang, hingin natin mula sa Kanya ang Kanyang biyaya at patawarin tayo sa ating mga kasalanan na naging dahilan upang maharang ang maraming pagpapala ng Allah sa atin. At patawarin tayo sa ating pagkakamali at mga masamang pagnanais na siya ang dahilan ng pagkawala ng ating mga puso sa pagnilay-nilay sa mga palatandaan ng Allah, at ating inaasam at hinangad na huwag ilayo ng Allah sa atin ang kanyang kabutihan ng dahil sa mga kasamaan natin, tunay na ang mga nawalan ng pag-asa sa kapatawaran ng Allah ay silang mga di-mananampalataya, at ang mga nawalan ng pag-asa na makamit ang habag ng Allah ay silang mga naligaw. At ang pagpapala at pagbati ng Allahu *taala* ay mapasakay Propeta Muhammad *sallallahu alayhi wa sallam* at gayun din sa lahat ng kanyang pamilya at mga kasamahan. Ang lahat ng Papuri ay sa Allah lamang, na sa pamamagitan na kanyang biyaya ay nagaganap ang mga kabutihan.

**********

## Mga Katanungan sa Panimula at Tafseer

1) **Sino ang may-akda ng Ang mahahalagang mga Aralin para sa pangkaraniwang Muslim?**
   - O AbdulAzeez bn Baz
   - O Muhammad bn Uthaymeen
   - O Haytham Sarhan

2) **Bakit natin kailangan itong pag – aaralan?**
   - O dahil ito'y mahalaga
   - O dahil ang mga Ulama' ay nagbigay ng payo na pag-aralan ito
   - O dahil napapaloob dito ang mga mahahalagang usapin na kailangan ng isang Muslim
   - O lahat ng nabanggit

3) **Napapaloob sa aklat na ito ang sumusunod:**
   - O kalagayan ng Muslim sa Qur-an at Tawheed
   - O Salah at Wudhu'
   - O mabuting pag-uugali
   - O ang babala mula sa pagsuway
   - O lahat ng nabanggit

4) **Marapat na magsimula ang isang Muslim sa pagbabasa, pagsa-ulo at pag-aaral ng:**
   - O Surah Al-Alaq  O Surah Al-Fatiha  O Surah Al-Ikhlas

5) **Nahahati ang tao sa pag-aaral ng Qur-an at pagsabuhay nito sa tatlong pangkat.**
   - O Tama  O Mali

6) **Aling aklat ng tafseer o pagpapaliwanag sa Qur-an marapat na magsimula ang isang mag-aaral sa:**
   - O Ibn Katheer  O Ibn Sa'diy  O Alqurtubiy

7) **Magsisimula ang isang mag-aaral sa mga maiigsing aklat bago sa mga mga malalalim na aklat**.
   - O Tama  O Mali

**8) Magsisimula ang mag-aaral sa pagbabasa ng mga aklat ng tafseer sa surah nagugustuhan niya itong ipagpatuloy at laging inuulit katulad ng surah: Al-qasas, Maryam at Al-kahfa.**

- O Tama
- O Mali

**9) Maari para sa isang mag-aaral na makinig sa mga palatuntunan nagpapaliwanag ng tafseer ng Qur-an sa radio**.

- O Tama
- O Mali

**10) Nagbabala ang Propeta *sallallahu alayhi wassalam* sa mga sinumang nagbabasa ng Qur-an ngunit hindi nila sinasapuso ang mga kahulugan nito.**

- O Tama
- O Mali

## Mga Katanungan sa Surah Al-Fatiha

**11) Tinawag ang surah na ito surah Al-fatiha dahil ito'y nababakuran ng mga bakod, hindi maaring makalabas ang anumang bagay at hindi rin makakapasok dito ang anumang bagay.**

- O Tama
- O Mali

**12) Tinawag na surah Al-Fatiha dahil:**

.....................................................................................
.....................................................................................
.....................................................................................

**13) Mula sa mga pangalan ng Surah Al-fatiha:**

- O Ummul Qur-an
- O Assaba' Almathaniy
- O Arruqyah
- O Assalah
- O lahat ng nabanggit

**14) Ang pagpapakupkop sa Allah ay isang *wajib* bago tayo magsimulang magbasa ng Qur-an, bakit ito *wajib* kung ito naman ay pagsamba at hindi kasalanan:**

.....................................................................................
.....................................................................................
.....................................................................................
.....................................................................................

**15) Ano ang kahulugan ng "Audhu"?**

..............................................................................
..............................................................................
..............................................................................

**16) Bakit tinawag na "rajeem" ang Shaytan?**

- O dahil isa siya'ng *marjoom* o malayo sa habag ng Allah
- O dahil binabato siya sa pamamagitan ng *shubb* o bulalakaw
- O dahil binabato niya ang mga tao sa pamamagitan ng *shahawat* at *shubuhat*
- O lahat ng nabaggit

**17) Sino ang Allah?**

- O Siya ang Mahal at dakilang sinasamba
- O walang ni isang nagpangalan ng pangalan na ito maliban sa kanya
- O ito ang pinakadakilang pangalan ng Allah
- O lahat ng nabanggit

**18) Ano ang pinagka-iba ng "Arrahman" sa "Arraheem"?**

..............................................................................
..............................................................................
..............................................................................
..............................................................................
..............................................................................

**19) Ang pangangalaga ng Allah sa mga nilalang ay dalawang uri:**

- O pangkalahatan o pangbukod-tangi
- O walang takda at may takda

**20) Ang pinakalaging ginagamit ng mga Propeta sa kanilang panalangin sa pamamagitan ng salitang:**

O Allahumma O Arrabb

**21) Ang "yawmud diin" ay:**

- O *yawmul qiyaamah*
- O ang araw ng pagbibigay ng kabayaran sa lahat ng ginawa
- O lahat ng nabanggit

**22) (*Ihdinas siraatal mustaqiim*) ito'y kabilang sa mga dua at kapakipakinabang sa isang tao.**

O Tama O Mali

**23) Ang salitang "*diin*" ang maaaring kahulugan nito'y:**
- O gantimpala
- O gawain
- O minsan gantimpala at minsan gawain

**24) Bakit nauna ang salitang *ibadah* kaysa sa *isti-anah*?**
- O dahil ito'y salitang pangkalahatan
- O dahil ito'y karapatan ng Allah sa kanyang mga alipin
- O lahat ng nabanggit

**25) Anong dahilan bakit ginamit sa ayah na ito "*iyyakana' budu*"; ang pantukoy na pangmaramihan?**

………………………………………………………………………………
………………………………………………………………………………
………………………………………………………………………………
………………………………………………………………………………

**26) Ang salitang *ibadah* ay:**
- O salitang pangkalahatan sa lahat ng kinalugdan at minamahal ng Allah na mga pananalita at mga gawain hayagan man o panloob
- O Ang pagsuko sa Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang utos at pag-iwas sa kanyang mga pinagbabawal dahil sa kanyang pagmamahal sa Allah at pagdadakila sa kanya
- O maari ang dalawang nabanggit

**27) Ang *hidayah* o gabay na nabanggit sa ayah na ito (*ihdina*) ay:**
- O gabay na pagtuturo at pagtutukoy
- O gabay na pagsang-ayon sa Allah
- O lahat ng nabanggit

**28) Ang tinutukoy sa ayah na ito (*siraatal ladhiina an amta alayhim*) ay:**
- O lahat ng sumasampalataya sa ummah na ito
- O sinuman ang nabiyayaan ng Allah mula sa mga propeta at mga siddiqin at mga shuhada' at mga saliheen

**29) Naglalaman ang ayah na ito (*iyyakana' budu wa iyyakanas taiin*) ang pagsasama ng "batas" at "qadar".**

O Tama O Mali

**30) Alin sa mga sumusunod ang napapaloob sa kanya ang mga hindi napapaloob sa ibang surah sa loob ng Qur-an?**

O Surah Al-Fatiha O Ayah Al-Kursiy O Surah Al-Ikhlas

**31) Napapaloob sa ayah na ito (*ihdinas siraata*):**
- O ang pagpapatunay sa pagkapropeta
- O tugon sa lahat ng mga ahlul bid-ah at mga naligaw
- O ang gantimpala ay sa gawain lamang
- O lahat ng nabanggit

**32) Napapaloob sa ayah na ito (*maaliki yawmid diin*)**
- O ang gantimpalang makatarungan
- O ang tao siya ang gumagawa ng kanyang gawain
- O ang gantimpala ay sa gawaing lamang
- O lahat ng nabanggit

## Mga Katanungan sa Ayah Al-Kursiy

**33) Tinawag na ayah Al-kursiy dahil nabanggit dito ang salitang "kursiy".**

O Tama O Mali

**34) Ano ang pinakadakilang ayah sa Qur-an?**
- O Ayah Addayn
- O Ayah Alhuquq Al-ashara
- O Ayah Alkursiy

**35) Ang Qur-an ay dakila dahil sa magagandang kahulugan nito.**

O Tama O Mali

**36) Ilang pangalan ng Allah ang nabanggit sa ayah Al-kursiy?**

O 5 O 6 O 7

**37) Ang pangalan ng Allah na *Al-Hayy* ay nangangahulugan na ganap sa kanyang:**

O Sarili O Kapangyarihan

**38) Ang pangalan ng Allah na *Al-Qayyum* ay nangangahulugan na ganap sa kanyang:**

O Sarili O Kapangyarihan

**39) Ang pangalan ng Allah na *Al-Hayy* at *Al-Qayyum* ay nangangahulugan na kaganapan ng kanyang sarili at kapangyarihan.**

O Tama O Mali

**40) Paulit-ulit nabanggit sa Qur-an ang pagsasama ng pangalan ng Allah na *Al-Hayy* at *Al-Qayyum* sa ilang lugar?**

O 3 O 4 O 2

**41) Nararapat na ang mga katangian na hindi pinagtibay ng Allah sa kanyang sarili ay iwaksi at hindi tanggapin, ganoon din sa mga hindi pinagtibay ng Propeta *sallallahu alayhi wasallam* sa Allah, ngunit marapat ipagtibay ang kabaliktaran ng mga katangian hindi pinagtibay ng Allah sa kanyang sarili; halimbawa: winaksi ng Allah para sa kanyang sarili ang katangian "pagtulog" nangangahulugan ang Allah ay walang haggang buhay at lakas.**

- O Tama
- O Mali

**42) Hindi papahintulutan ng Allah ang sinuman na mamagitan maliban sa sinumang kanyang pinili at kinalugdan at sila ang mga:**

- O nasa tawheed
- O pagsunod sa Propeta
- O lahat ng nabanggit

**43) Ang mga bagay na pinapakita ng Allah mula sa mga batas at tadhana ay:**

- O Kakaunti
- O Marami

**44) Ang ayah na ito (*ya'lamu maa bayna aydiihim*) ay ang kaalaman ng Allah na sumasaklaw sa mga nangyayari at mangyayari pa lamang at ang ayah (*wa ma khalfahum*) ay sumasaklaw sa mga nangyari na.**

- O Tama
- O Mali

**45) Ano ang kahulugan ng pangalang ng Allah na *Al-Aliy* kataas-taasan:**

- O ang kataas-taasan ng kanyang sarili
- O kataas-taasan ng kanyang katangian
- O nasa ibabaw ng kanyang mga nilikha
- O lahat ng nabanggit

**46) Sinuman ang basahin niya sa gabi ang ayah na ito, ay mananatili siyang nasa pangangalaga ng Allah, at hindi makakalapit ang Shaytan sa kanya hanggang sa umaga, at ito?**

- O ang huling mga ayah mula sa surah Al-baqarah
- O Ayah Al-kursiy

**47) Binabasa ang ayah Al-kursiy:**

- O pagkatapos ng mga obligadong Salah
- O sa tuwing matutulog
- O sa umaga at gabi
- O lahat ng nabanggit

## Mga Katanungan sa Surah Al-Zalzala

**48) Ang surah Alzalzalah ay surah:**

- Makkiyah
- Madaniyyah

**49) Ang surah Alzalzalah ay mayroong:**

- Babala
- Panghihikayat
- nalahat ng nabanggit

**50) (*wa akhrajatil ardhu athqaalaha*) ibig sabihin:**

- bundok
- mga bangkay at kayamanan

**51) Ang kalupaan ay kabilang sa mga sasaksi sa alipin sa kanilang gawa**.

- Tama
- Mali

**52) (*ashtaata*) ibig sabihin:**

- hiwa-hiwalay na grupo
- mag-isa

## Mga Katanungan sa Surah Al-Adiyat

**53) Ang surah na ito'y:**

- Makkiyah
- Madaniyyah

**54) Ibig sabihin ng salitan "Al-adiyat" ay:**

- Ang kabayo
- lahat ng gumagalaw
- lahat ng nabaggit

**55) Ang surah Al-adiyat ay mayroong babala mula sa pagpapabaya sa mahahalagang karapatan.**

- Tama
- Mali

**56) Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa ibaba:**

**(*dabhan*)**

……..……………………………………………………………………………

**(*qadhan*)**

……………………………………..……………………………………………

**(*naq-an*)**

…..…………………………………………………………………………….

**(*lakanuud*)**

…..…………………………………………………………………………….

## Mga Katanungan sa Surah Al-Qariah

**57) Ang surah na ito'y:**

- O Makkiyah  O Madaniyyah

**58) Mula sa mga layunin ng surah al-qariah ay babala:**

- O sa masidhing takot sa raw ng pagbangong muli
- O sa mga pagsubok sa mundo

**59) Al-qariah ito'y:**

- O mga ayah ng pagbabanta
- O yawmul qiyamah

**60) Ibigay ang kahulugan ng mga salita:**
**(kal faraashil mabthuth)**

.......................................................................................................................

**(kal ihnil mann fush)**

.......................................................................................................................

**61) Al-mizan (Ang timbangan) na nasabi sa surah na ito'y:**

- O totoong timbangan
- O ibig ipahiwatig ay katarungan

**62) (ishatir raadiyah) ibig sabihin ay sa:**

- O mundo  O paraiso

**63) Mula sa pangalan ng Impyerno:**

- O Alhawiyah  O jahannam  O Alhutamah
- O ladhaa  O Assaiir  O saqar

**64) (naarun haamiyah) mas labis ang kanyang init kaysa sa init ng mundo ng?**

- O 70%  O 90%  O 99%

## Mga Katanungan mula sa At- Takhatur

**65) Ang surah na ito'y:**

- O Makkiyah  O Madaniyyah

**66) Ang surah na ito'y mayroong:**
- O sa kanilang pagpapabaya sa kadahilan ng pagkalikha sa kanila
- O pagbibigay ulat sa mga kalagayan ng mga tao.

**67) Sa surah na ito'y ipinagbawal ang *at-takathur* kahit pa ito'y alang-alang sa Allah.**
- O Tama O Mali

**68) Salitang: paglipat sa huling hantungan:**
- O mayroon itong pagpapasinunganling ng araw ng pagkabuhay
- O *jaaiz* (maaring sabihin)

**69) (( hatta zurtumu)) pinangalangan silang mga bisita at hindi mga *muqim***
- O dahil ang *barzakh* ay tahanan upang
- O dahil lumipat sila sa kanilang tirahan sa mundo papunta sa libingan na hindi nila pagmamay-ari.

**70) Nabahagi ang Ilm (kaalaman) sa tatlo, ito ang: *Ilmun yaqeen, aynun yaqeen, haqqun yaqeen*.**
- O Tama O Mali

## Mga Katanungan sa Surah Al-Asr

**71) Ang surah na ito'y:**
- O Makkiyah O Madaniyyah

**72) Ang surah Al-Asr ay mayroong *dalil* (katibayan) sa apat na *masail*. Ang kaalaman, gawa, da'wah at sabar (pagtitiis).**
- O Tama O Mali

**73) Saan dito ang tama na tumutukoy sa pagsumpa bukod sa Allah.**
- O Ang Allah ay maaring sumumpa kanino man sa kanyang nilikha
- O Hindi maari na susumpa ang nilikha maliban sa Allah.
- O Maaring sumumpa ang nilikha bukod sa Allah

**74) Ang sabar (pagtitiis) ay nahati sa:**
- O 2 O 3 O 4

**75) Ang surah na ito'y mayroong apat na utos; ang unang dalawa pakukumpleto ng alipin sa kanyang sarili, at ang huling dalawa makukumpleto ng alipin sa iba.**
- O Tama O Mali

## Mga Katanungan sa Surah Al-Humazah

**76) Ang surah na ito'y:**

- O Makkiyah
- O Madaniyyah

**77) Ibig sabihin ng salitang " *wayl* " :**

- O lambak sa Impiyerno
- O babala kasama dito isang lambak sa Impiyerno

**78) Ang *hamz* ay sa pamamagitan ng salita at ang *lamz* ay sa pamamagitan ng gawa.**

- O Tama
- O Mali

**79) Ang ayah : ((*yahsabuna anna lahu maalahu akhladah*)) makukuha natin dito na ang kabutihan at nadadagdagan sa paglipas ng edad.**

- O Tama
- O Mali

**80) Ibig sabihin ng salita ng Allah: (*wa ma adraka*) na ang Propeta *sallallahu alayhi wassalam*:**

- O alam niya
- O hindi niya alam

**81) Sa salita ng Allah: (*naarul muuwadah*) *quudun naar* ibig sabihin ay :**

- O mga tao
- O mga bato
- O lahat ng nabanggit

**82) Ibig sabihin ng salita ng Allah: (*tattaliu alal af-idah*)**

- O anumang pinaniniwalaan
- O aabot ang init mula katawan hanggang manunuot sa puso

## Mga Katanungan sa Surah Al-Fiyl

**83) Ang surah na ito'y:**

- O Makkiyah
- O Madaniyyah

**84) Sa surah na ito ang mahalagang kaalaman na makukuha natin, ang isang malaking hayop takot na bigyan kapinsalaan ang bahay mula sa bahay ng Allah, paano na kaya ang tao mas lalo na siya.**

- O Tama
- O Mali

**85) Ipinanganak ang Propeta *sallallahu alayhi wassalam* sa taon ng:**

- O elephante
- O kalungkutan
- O alabok

**86) Sa surah na ito isa sa mga *irhasah nubuwwah* ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*; eto ang mga pangyayari na taliwas sa kina-ugalian ng isang bagay nangyari bago ang kanyang pagkakasugo.**

O Tama O Mali

**87)** Ibigay ang kahulugan ng mga salita:

**(*tayran abaabil*)**

.................................................................................................................

**(*ka-asfim ma'kuul*)**

.................................................................................................................

## Mga Katanungan sa Surah Quraysh

**88) Ang surah na ito'y:**

O Makkiyah O Madaniyyah

**89) Ang surah na ito'y mayroon kaugnayan sa surah:**

O Fil O Kaafirun O Nas

**90) Ang paglalakbay ng Quraysh noon sa panahon ng tag-lamig papunta ng Shams at tag-init papunta ng Yemen.**

O Tama O Mali

**91) Itinangi ng Allah ang *rububiyyah* (pagiging rabb) sa bayt dahil sa kanyang kadakilan at kataas-taasan bagkus siya ang panginoon ng lahat ng bagay.**

O Tama O Mali

**92) (*Rabba hadhal bayt*) kabilang sa *idafah* (idinikit) nilikha sa lumikha bilang pagdakila.**

O Tama O Mali

## Mga Katanungan sa Surah Al-Maun

**93) Ang surah na ito'y:**

O Makkiyah O Madaniyyah

**94) Ibig sabihin ng salitang "deen" sa salita ng Allah: (*ara-aytalladhi yukadh-dhibu biddeen*) ay:**

O ang pagbangon at pagbibigay jazaa'

O ang pagpasinungalin ng mga karapatan

**95) Ibig sabihin ng salitang "yadu'-u" ay:**
- O pinabayaan
- O itinaboy ng matindi

**96) Ang *yateem siya* na namatay ang kanyang:**
- O ama
- O ina

**97) Tinatawag ding *yateem* ang:**
- O hindi pa *baaligh*
- O kahit *baligh*

**98) Ang *sahw fis Salah* karapatdapat sa kanya ang kaparusahan at walang kapurihan ngunit at *sahw an Salah* ito'y nagagawa ng lahat.**
- O Tama
- O Mali

**99) Hukom ng *riya'*:**
- O *jaaiz*
- O *makruh*
- O *muharram*
- O *shirk asghar*
- O *shirk akbar*

**100) Sa surah na ito'y nagtuturo ng paggawa ng *ma'ruf* (kabutihan).**
- O Tama
- O Mali

**101) Ang *maaun* sa tinutukoy sa ayah ay:**
- O Ang lalagyan
- O lahat ng kina-ugalian na pinapalitan at ipinagpasensiya

## Mga Katanungan sa Surah Al-Kawthar

**102) Ang surah na ito'y:**
- O Makkiyah
- O Madaniyyah

**103) Itinangi ng Allah ang dalawang ibadah na ito: Assalah at Pagkatay; dahil sa kainaman ng pagsamba at pinamabuting gawain na makakalamit sa Allah.**
- O Tama
- O Mali

**104) Ibig sabihin ng " *shaanika*":**
- O kinagalit mo
- O nangmamaliit sayo
- O naninira sa iyo
- O lahat ng nabanggit

**105) (*huwa abtar*) *dalil* sa kanyang pagkakaintindi na ang nagmamahal sa Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ay mananatili pag-alaala o pagpupuri man ito.**

- O Tama
- O Mali

**106) Itong surah na ito'y tumutukoy na marami ang tagatulong at tagasunod ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*.**

- O Tama
- O Mali

## Mga Katanungan sa Surah Al-Kafiruun

**107) Ang surah na ito'y:**

- O Makkiyah
- O Madaniyyah

**108) Binabasa itong surah sa unang rakaah pagkatapos ng Al-Fatiha sa:**

- O *ratibah* ng Fajar
- O *ratibah* ng Maghrib
- O sunnah ng tawaf
- O witr
- O lahat ng nabanggit

**109) Ang ibadah na may kasamang Shirk:**

- O *ibadah khas*
- O hindi matatawag na ibadah

**110) Ang utos sa salitang "Qul" ay para kay:**

- O Propeta *sallallahu alayhi wassalam*
- O Propeta at sa lahat na maari ang utos na ito.

**111) Ang *kaafiruun* ay sila na:**

- O lahat ng dumating sa kanila ang panawagan ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*
- O *kaafir* ng Makkah

**112) Sa surah na ito'y mayroong pagpapatotoo ng paglayo mula sa Shirk at sa gumagawa nito sa puso, dila at katawan.**

- O Tama
- O Mali

**113) Ang *takrar* (pag-ulit) sa surah na ito:**

- O para sa *tawkid* (pagbibigay diin)
- O tumutukoy ang una na hindi umiiral ang gawa, at ang pangalawa ay tumutukoy na ang gawain ay naging katangiang *lazim* (hindi nahihiwalay)

## Mga Katanungan sa Surah An –Nasr

**114) Ang surah na ito'y:**

O Makkiyah O Madaniyyah

**115) Dito sa Surah na ito napapaloob ang magandang balita, ulat at utos.**

O Tama O Mali

**116) Para sa ummah na ito at itong relihiyon ay habag ng Allah na hindi pa pumasok sa isip ng tao ni sa kanyang imahinasyon.**

O Tama O Mali

**117) Para sa pagsasabuhay sa surah na ito; ang Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ay nagpaparami ng salitang: (*subhanaka Allahumma rabbana wa bihamdika. Allahummagh firli*) sa kanyang ruku' at sujud.**

O Tama O Mali

## Mga Katanungan sa Surah Al-Masad

**118) Ang surah na ito'y:**

O Makkiyah O Madaniyyah

**119) Abu Lahab siya ay:**

O amain ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*

O walang anumang koneksyon mula Propeta

**120) Ibigay ang ibig sabihin ng sumusunod:**

**(*tabbat*)**

..........................................................................................................................

**(*maaksab*)**

..........................................................................................................................

**(*fiyjiida*)**

..........................................................................................................................

**(*masad*)**

..........................................................................................................................

**121) Dito sa ayah na ito'y mayroon nakakahigit na patunay mula sa patunay ng Allah; na si Abu lahab at ang kanyang asawa ay hindi nagmuslim.**

O Tama O Mali

## Mga Katanungan mula sa Surah Al-Ikhlas

**122) Ang surah na ito'y:**

- O Makkiyah
- O Madaniyyah

**123) Pinangalanan surah Al-ikhlas nang ganitong pangalan dahil:**

- O dinalisay sa katangian ng Allah
- O dadalisayin ang nagbabasa nito mula sa shirk
- O lahat ng nabanggit

**124) Katumbas ng surah na ito sa jaza' ng :**

- O 1/2 ng Qur-an
- O 1/4 ng Qur-an
- O 1/3 ng Qur-an

**125) Binabasa itong surah sa unang rakaah pagkatapos ng Al-Fatiha sa:**

- O *ratibah* ng Fajar
- O *ratibah* ng Maghrib
- O sunnah ng tawaf
- O witr
- O sa pagtulog
- O lahat ng nabanggit

**126) Binabasa ang Al-kafiruun at Al-ikhlas sa araw at gabi para pamatotohanan ang tatlong uri ng Tawheed.**

- O Tama
- O Mali

**127) Napapaloob sa surah Al-ikhlas:**

- O *tawheed arrububiyyah*
- O *tawheed arrububiyyah* at *tawheed al-asma' wa assifat*

**128) Ibig sabihin ng "Qul" ay:**

- O dila lamang
- O salita, gawa at paniniwala

**129) (*qul huwa Allahu Assama*) ibig sabihin nag-iisa kanyang *rububiyyah* at *uluhiyyah at* kanyang mga pangalan at natatanging katangian.**

- O Tama
- O Mali

**130) (*assamad*) ibig sabihin ay:**

- O Ang hinihingian sa lahat ng pangangailangan
- O Ang walang pangangailangan ngunit ang iba ay may pangangailangan sa kanya
- O *Assayyid* ang Panginoon na punong-puno ng karalangan at perpekto sa kanyang *rububiyyah* at *uluhiyyah* at mga pangalan at katangian
- O lahat ng nabanggit

**131) Ang pagtatangi ng anak o nagka-anak sa Allah ay tinuturing *kufur akbar*.**

- O Tama
- O Mali

## Mga Katanungan sa Surah Al-Falaq

**132) Ang surah na ito'y:**

- O Makkiyah
- O Madaniyyah

**133) Binabasa ang surah Al-falaq sa tuwing:**

- O Pagkatapos ng limang obligadong Salah
- O pagtulog
- O lahat ng nabanggit

**134) Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa ibaba:**

**(*a-udhu*)**

..........................................................................................................

**(*Alfalaq*)**

..........................................................................................................

**(*fiyjiida*)**

..........................................................................................................

**(*waqab*)**

..........................................................................................................

**(*annaffathat*)**

..........................................................................................................

**(*al-uqad*)**

..........................................................................................................

**(*haasid*)**

..........................................................................................................

**135) Ang surah na ito'y napapaloob ang:**

- O Paghingi ng pagpapakupkop para sa lahat
- O na ang *sihir* ay totoo
- O lahat ng nabanggit

## Mga Katanungan sa Surah An-Nâs

**136) Ang surah na ito'y:**

- O Makkiyah
- O Madaniyyah

**137) Binabasa ang surah Al-Naas sa:**

- O Pagkatapos ng limang obligadong Salah
- O pagtulog
- O lahat ng nabanggit

**138) Ano ang ibig sabihin ng salita "Al-khannas"?**

.......................................................................................
.......................................................................................
.......................................................................................
.......................................................................................

# IKALAWANG ARALIN

## Ikalawang Aralin: *Arkan* (Ang mga Haligi) ng Islam

Ang pagpapaliwanag ng limang haligi ng Islam, pinaka-una at ang pinakamahalaga: ***shahadatu an la ilaha illa Allah wa anna Muhammad rasulullah*** kabilang ang pagpapaliwanag ng kanyang ibig ipahiwatig at kasama din ang pagpapaliwanag sa mga kondisyon ng la ilaha illa Allah.

Ibig sabihin ng: (***la ilaha***) pagkakaila sa lahat ng sinasamba liban sa Allah, (***illa Allah***) pagkilala na ang ibadah (pagsamba) ay naaayon lamang sa Allah ang Nag-iisa at Walang kahalintulad.

Patungkol naman sa kondisyon ng (la ilaha illa Allah) ito ang mga:

1. ***Al-ilm*** Kaalaman kasalungat ng ***Aljahal*** Kamang-mangan.
2. ***Alyaqeen*** Katiyakan kasalungat ng ***Ash-shak*** Pagdududa.
3. ***Al-iklhas*** Pagkadalisay kasalungat ng ***Ash-shirk*** Pagtatambal.
4. ***Assidq*** Pagpapatotoo kasalungat ng ***Alkadhib*** Kasinungalingan.
5. ***Almahabbah*** Pagmamahal kasalungat ng ***Albughdh*** Galit.
6. ***Al-inqiyad*** Pagtalima kasalungat ng ***Attark*** Pag-iwan.
7. ***Alqabu***l Pagtanggap kasalungat ng ***Alrad*** Pagtanggi.
8. ***Alkuf***r Pagwaksi sa sinuman na sinasamba liban sa Allah.

At aking pinag-isa sa dalawang saknong:

عِلْمٌ يَقِينٌ وَإِخْلَاصٌ وَصِـــــدْقُـكَ مَعْ　　　مَحَبَّةٍ وَانْقِيَـادٍ وَالْقَبُـولُ لَـهَا

وَزِيدَ ثَامِنُهَا الْكُفْـــــــــــرَانُ مِنْكَ بِمَا　　　سِـــــــوَى الْإِلَهِ مِنَ الْأَشْيَاءِ قَدْ أُلِهَا

Kasama ang pagpapaliwanag sa pagsaksi na si Muhammad ay mensahero o sugo ng Allah at kaakibat nito: Ang pagpapatotoo sa anumang kanyang iniulat, pagsunod sa anumang kanyang iniutos, paglayo sa anumang kanyang ipinagbawal at ipina-iwasan, at hindi sasamba liban sa kanyang isinabatas.

Pagkatapos ay ipapaliwanag sa mag-aaral ang mga naiwan sa limang haligi ng Islam; ito'y ang mga: ***Assalah, Azzakah, Sawm Ramadhan, Hajj sa baytul Allah sa sinuman ang may kakayahang tumahak***.

**Ang Haligi ng *La ilaha illa Allah***

**(la ilaha) *Annafyu* Pagkakaila (Pagwaksi)**
Pagkakaila sa lahat ng sinasamba liban sa Allah

**(illa Allah) Al-ithbat Pagkilala**
Pagkilala na ang *ibadah* (pagsamba) ay naaayon lamang sa Allah.

لِكِلْمَـةِ الْإِخْلَاصِ رُكْنَـانِ هُمَـا    النَّـفْـيُ وَالْإِثْـبَـاتُ فَـاحْـفَـظَـنْـهُـمَـا

## Pagpapaliwanag sa mga Kondisyon ng La ilaha illa Allah:

Ang mga kondisyon ng ***La ilaha illa Allah*** ay kahalintulad ng mga ngipin ng susi, ang salitang (***la ilaha illa Allah***) ay susi ng Paraiso at ang susi hindi nito maaring mabuksan liban kung mayroong itong mga ngipin, kaya lahat ng naiulat mula sa Qur-an at Sunnah na sinuman ang magsabi ng (***la ilaha illa Allah***) para sa kanya ay ganito; para makuha ang kabutihan nito'y nararapat na patotohanan at gawin ang mga kondisyon at ito'y walo:

1. Ang ***llm*** Kaalaman sa ibig sabihin nito: kasalungat ng ***jahal*** kamangmangan sa ibig sabihin nito, kung walang alam sa kahulugan nito hindi ito makakapagbigay ng kabutihan kaya nararapat sa isang papasok sa Islam ay alam niya ang ibig sabihin nito; sabi ng Propeta: ((**Sinuman ang namatay; alam niya ang pakahulugan ng *la ilaha illa Allah* makakapasok ng Paraiso**)) iniulat ni Muslim.

2. Ang ***yaqeen*** Katiyakan o isangdaang porsyentong katiyakan, kung nagduda man kahit isang porsyento sa kawalan ng pananampalataya sa pagsamba sa mga diyos-dyusan o hindi magsasalita o nagdududa; hindi siya mabibilang na ***muwahhid***. Sabi ng Propeta: ((**Ako'y sumasaksi ng walang ibang diyos liban sa Allah at ako'y sugo ng Allah, hindi haharapin ng Allah sa isang alipin ang dalawang ito (pagsaksi) nang walang anumang pagdududa liban siya ay makakapasok ng Paraiso**)). Iniulat ni Muslim

3. Ang ***ikhlas*** Kadalisayan: sinuman ang nagpakitang-tao lamang o nakagawa ng Shirk (pagtatambal) na malaki – tulad ng pagsamba sa mga diyus-diyosan

– hindi ito makakapagbigay ng kapakinabangan sa kanya, mula sa Propeta siya ay nagsabi: ((**Ang pinakamasayang tao sa aking shafaah (pamamagitan): sinuman ang magsabi ng La ilaha illa Allah khalisan (tapat) na nagmumula sa kanyang puso o sarili**)). Iniulat ni Albukhariy

4. Ang ***sidq*** Pagpapatotoo: sinuman ang magsabi nito bilang kasinungalingan – tulad ng ***munafiq*** – hindi ito makakapagbigay ng kapakinabangan sa kanya, mula sa Propeta siya ay nagsabi: ((**Walang sinuman ang sasaksi na la ilaha illa Allah at si Muhammad alipin niya at sugo sidqan (totoo) na nagmumula sa kanyang puso liban na ipagbabawal sa kanya ng Allah ang Apoy (Impiyerno)**)).

5. Ang ***mahabbah*** Pagmamahal: minamahal niya ang Allah at hindi niya binibigyan ng katambal ang pagmamahal na ito at minamahal din niya ang pinag-uutos sa kanya na mahalin. Kasalungat nito ang bughdh (galit); kaya nabilang ito isa sa mga nakakasira ng Islam: "sinuman ang magalit sa anumang dala ng sugo kahit pa ito'y kanyang ginagawa; kafara (siya ay nabilang sa mga walang pananampalaya). Sinabi ng Allah: (**mayroong mga tao na ginawa nilang *andad* (katambal sa pagsamba sa Allah) ang iba bukod sa Allah, minamahal nila ito katulad ng pagmamahal nila sa Allah**).

6. Ang ***inqiyad*** Pagtalima: nararapat na mayroong paggawa, sinuman ang iniwan ang paggawa hindi ito makakapagbigay ng kapakinabangan sa kanya; sinabi ng Allah: (**Hindi! at sa iyong Panginoon [sumumpa ang Allah] hindi sila mananampalataya hangga't hindi ka nila ginagawang hukom sa anumang hindi nila pagkakasunduan sa mga pagitan nila, pagtapos ay hindi sila makararamdam sa kanilang mga sarili ng pagtutol sa anumang iyong pinasyahang paghahatol at sila'y susunod ng ganap na pagsunod**).

7. Ang ***qabul*** Pagtanggap: hindi tatanggihan ang salita, gawa at pagtalima sa kanya; sinabi ng Allah: (**Katiyakan noong sinabi sa kanila *la ilaha illa Allah* ay nagmamataas * at kanilang sinasabi "tatalikuran ba namin ang pagsamba sa aming diyos-diyusan dahil sa sinasabi ng manunula na wala sa katinuan?"**).

8. Ang ***kufr*** Pagwaksi: pagtanggi sa mga sinasamba liban sa Allah; na ang pagsamba na iyon sa kanila ay batil mali, at kailanman wala nang karapat dapat na sambahin maliban sa Allah.

**Paalala:**

Nararapat sa ***kalimah ng Ikhlas*** ay may kaakibat na **salita**, **gawa** at **pagtalima**.

## Mga Uri ng Pagmamahal

### Ang Pagmamahal kasama ng Allah

Ito'y kabilang sa Shirk Akbar, Sinabi ng Allah: (**mayroong mga tao na ginawa nilang *andad* (katambal sa pagsamba sa Allah) ang iba bukod sa Allah, minamahal nila ito katulad ng pagmamahal nila sa Allah**).

### Ang Pagmamahal para sa Allah

Ito'y obligado, bagkus ito ang pinakamatibay na bigkis ng Iman. At mangyayari ito sa apat:

- sa mga gawain na minamahal ng Allah, ito ang lahat ng gawain na mayroong batas tulad ng tawheed.
- sa mga gumawa nito katulad ng mga propeta at sugo, mga anghel, mga kasamahan ng Propeta, at lahat ng *muwahhid*.
- sa mga panahon na minamahal ng Allah katulad ng *laylatul qadr* at pinakahuling 1/3 ng gabi.
- sa mga lugar na minamahal ng Allah katulad ng Makkah at Almadinah.

### Likas na Pagmamahal

Ito'y *jaaiz* (maari) sa kondisyon hindi mauuna sa pagmamahal sa Allah, halimbawa nito pagmamahal sa anak at asawa, sabi ng Propeta: ((**hindi makukumpleto ang inyong pananampalataya hangga't hindi ako magiging pinakamamahal niyo kaysa sa inyong magulang, anak at lahat ng tao**)).

## Ano ang ibig sabihin ng salita ng Muslim; (*abduhu* o alipin) sa pagsaksi *anna Muhammad rasulullah?*

- Siya ang pinaka-palasambang nilalang dahil nagagawa niya ang kumpletong pagsamba sa Allah
- Hindi siya maaring sambahin, dahil wala siya'ng anumang katangian ng pagkapanginoon at pagiging diyos.

## Mga Uri ng Pagkaalipin sa Allah

| Ammah (*Pangkalahatan*) | Khassah (*Natatangi*) | Khassatul Khassah |
|---|---|---|
| Ito ang pagkaalipin sa *rububiyyah* (*Alqahar*), at ito'y para sa lahat ng nilikha. Sabi ng Allah: (**lahat nang nasa kalangitan at kalupaan liban na darating sa Ar-rahman bilang alipin**), at kabilang dito ang Mu'min at Kafir. | Ito ang pagkaalipin sa pangkalahatang pagsunod; sabi ng Allah: (**at ang alipin ng Ar-rahman na kung saan naglalakad sa kalupaan ng mahinahon**), at ito'y pangkalahatan sa lahat ng sasamba sa Allah. | Ito ang pagkaalipin ng mga sugo, sabi ng Allah: (**katotohanan siya ay isang aliping nagpapasalamat**). Ang pagkaaliping ito'y idinikit sa mga sugo na natatangi lamang sa kanila dahil walang may kakayahan na malampasan ang kanilang pagkaalipin sa Allah. |

**Buod mula sa Talambuhay ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam***

| | |
|---|---|
| **Talaangkanan:** | Siya si **Muhammad bn Abdullah bn Abdulmuttalib bn Hashim**, at si Hashim ay mula sa Quraysh, at ang Quraysh ay mula sa Arabo at ang Arabo ay mula sa angkan ni Ismael bn Ibrahim *alayhissalaam*. |
| **Kapanganakan:** | Siya ay isinilang sa taon ng elepante sa Makkah sa buwan ng Rabi' Alawwal at ang kanyang edad ay 63, kabilang dito 40 na taon bago ang pagkapropeta at 23 na taon bilang propeta at sugo. Siya ay ulila sa ama *(yateem)*, pumanaw ang kanyang ama bago pa man siya isinilang at ang kanyang lolo ang nag-alaga sa kanya pagkatapos, noong pumanaw ang kanyang lolo ang kanyang amain ang nag-aruga sa kanya. |
| **Pagkakapadala:** | Ipinadala sa ***thaqilayn*** Jinn at mga Tao, sino man ang dumating sa kanya ang mensahe at hindi niya ito pinaniwalaan siya ay kafir, kufur akbar. |
| **Panawagan:** | Nanawagan sa tawheed at sa pinakamagandang pag-uugali at gawa, pinagbawal ang shirk at masamang pag-uugali at gawa. |
| **Al-isra' at Mi'raj:** | Naglakbay sa gabi mula Makkah hanggang Baytul Maqdis, pagkatapos ay iniangat sa ikapitong kalangian, kinausap ng Allah at inobliga sa kanya ang limang beses na pagdarasal. |
| **Hijra at Kamatayan:** | Nangibang-bayan mula Makkah papuntang Almadinah, at dito na pumanaw *sallallahu alayhi wasallam*, inilibing sa bahay ng Ina ng mga mananampalataya na si Aisha *radiyallahu anha*. |

| | |
|---|---|
| **Mensahe:** | Ginawang ganap ng Allah ang relihiyon sa pamamagitan niya, naiparataing niya ang pinakamalinaw na mensahe, naibigay ang amanah, napaalalahanan ang Ummah at nakipagjihad alang-alang sa Allah ng totoong jihad sa lahat ng uri ng jihad kaya hindi maaari sa kahit sinuman na magdagdag sa relihiyon na ito na kahit anuman. |
| **Importanteng Ghazawat:** | Pito ito ang: Badar, Uhod, Alkhandaq, Khaybar, fathu Makkah, Tabuk, at Hunayn. |
| **Hijra at kamatayan:** | Alqasim, Ibrahim, Abdullah siya din sin Attayyib Attahir, Zaynab, Ruqayyah, Um Kulthum, Fatima; lahat sila namatay na buhay pa ang Propeta liban kay Fatima, namatay siya pagkatapos ng kamatayan ng Propeta ng anim na buwan. *Radiyallahu anhum jamian* |
| **Mga asawa Labingdalawa:** | Khadijah, Aisha, Sawdah, Hafsah, Zaynab Alhilaliyyah, Um Salamah Hind, Zaynab bnt Jash, Juwayriyyah bnt Alharith, Safiyyah bnt Huyay, Um Habibah Ramlah, Rayhanah bnt Zayd, Maymunah bnt Alharith *radiyallahu anhunna ajmain*. |
| **Murdiatuh:** | Nanay niya Aminah bnt Wahab, Thuwaybiyah *mawla* ng amain niyang si Abi Lahab, Halimah bnt Abi Dhuayb Assaaidiyyah *radiyallahu anha*. |
| **Unang kapahayagan:** | Unang limang ayah mula sa Surah Al-alaq:<br>﴿ٱقۡرَأۡ بِٱسۡمِ رَبِّكَ ٱلَّذِي خَلَقَ ١ خَلَقَ ٱلۡإِنسَٰنَ مِنۡ عَلَقٍ ٢ ٱقۡرَأۡ وَرَبُّكَ ٱلۡأَكۡرَمُ ٣﴾ |

| | |
|---|---|
| **Unang naniwala:** | Mula sa mga kalalakihan Abu Bakr Assiddiq, mula naman sa kababaihan Khadijah bnt Khuwaylid, mula sa kabataan Aliy bn Abi Talib, mula naman sa mga pinalaya Zaid bn Haritha, mula sa mga alipin Bilal bn Rabah *radiyallahu anhum ajmain*. |
| **Hajj at Umrah** | Nakapagsagawa siya ng apat na Umrah lahat nito sa buwan ng Dhul Qa'dah, nakapagsagawa ng isang Hajj na tinawag Hajjatul Wada' sa ikasampung taon ng hijrah. |
| **Pag-uugali:** | Sinabi ng Allah: (**at katotohanan ikaw; nasa iyo ang pinakamakagandang pag-uugali**), at sabi pa ni Ummul mu'minin Aisha *radiyallahu anha* "**Ang kanyang pag-uugali ay Qur-an**". |
| **Kainaman sa pag-aaral ng talambuhay:** | Sinabi ni Ibn Alqayyim *rahimahullah*: "Kung ang tulong ng alipin sa dalawang tirahan ay nauugnay sa gabay ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*, magiging obligado sa lahat ng sinuman nagpapayo sa sarili, gusto ng tagumpay, at tulong; na malaman kung ano ang kanyang gabay at talambuhay at mga gawain na magiging daan para makalabas mula sa kawalan ng kaalaman nito at papasok sa bilang ng kanyang tagasunod at kasamahan. Ang mga tao sa paksang ito'y nasa pagitan ng kaunti, marami, kulang na kulang at ang kapakinabangan ay nasa kamay ng Allah binibigay niya sa sinuman ang kanyang nais at ang Allah ay *dhu fadlin adhim*". |

# IKATLONG ARALIN

## *Arkan* (Mga Haligi) ng *Iman* (Pananampalataya)

***Arkanul iman*** ay anim: Ang manilawa sa Allah, sa mga Anghel, sa mga Kasulatan (kapayagan), sa mga Sugo, sa huling araw, at ang maniwala sa qadar (tadhana) maging mabuti man o masama ito'y nagmula sa Allah.

## Kahulugan ng Iman *shar-an*:

Salita ng dila at paniniwala ng puso at gawain ng katawan at *arkan* – puso -, tumataas sa pagsunod at bumababa sa pagsuway o paggawa ng masama, ang *dalil* (patunay):

| ***Dalil ng salita*** | ***Dalil ng gawain ng katawan*** | ***Dalil ng gawain ng puso*** | ***Dalil sa pag-taas ng Iman*** | ***Dalil sa pagbaba ng iman*** |
|---|---|---|---|---|
| Sabi ng Propeta: ((**ang pinakamataas na antas, ang pagsasabi ng la ilaha illa Allah**)). | Sabi ng Propeta: ((**ang pinakamababa nito'y pag-alis ng nakakapinsala sa daan**)). | Sabi ng Propeta: ((**ang pagkamahiyain ay kabilang sa Iman**)). | Sabi ng Allah: ((**sino sa inyo ang nadagdagan nito ng Iman?**)) | Sabi ng Propeta: ((**wala akong nakita na mababa sa pag-iisip at pananampalataya**)). |

## Sanhi ng Pagtaas ng Iman

- Pag-aaral ng tawheed lalong lalo na ang paksa ay mga pangalan at katangian ng Allah
- Pagpaparami ng mga gawaing pagsunod.
- Pag-iwan ng paggawa ng mga kasalanan.
- Pagmuni-muni sa mga nilikha

## Sanhi ng Pagbaba ng Iman

- Hindi pag-aaral ng tawheed lalong lalo sa mga pangalan at katangian ng Allah.
- Hindi paggawa ng mga gawain pagsunod
- Paggawa ng mga kasalanan.
- Hindi pag-iisip o pagmumuni-muni ng mga nilikha.

## Ang mga Haligi ng Iman ay anim:

- Paniniwala sa Allah
- Paniniwala sa mga Anghel
- Paniniwala sa mga Kasulatan (Kapahayagan)
- Paniniwala sa mga Sugo
- Paniniwala sa Huling Araw
- Paniniwala sa ***Qadr*** (tadhana) mabuti man ito o masama

## Ang Unang Haligi: Ang Paniniwala sa Allah, at ang Kinakailangang Malaman;

- Ang paniniwala sa kanyang pagiging ***Rabb*** (panginoon)
- Ang paniniwala sa kanyang pagiging ***Ilah*** (diyos na sinasamba at sinusunod)
- Ang paniniwala sa kanyang mga pangalan at katangian.
- Ang paniniwala sa ***wujud*** (pag-iral) ng Allah, at ito'y pinatutunayan ayon sa apat:

**ng utak (lohikal)**

hindi maari na pumasok sa kanyang isipan na mayroong mga nilikha na wala namang lumikha.

**ng pandamdam**

Ito'y sa panahon ng problema at mga pagsubok, inaangat mo ang iyong kamay sa kalangitan at iyong sasabihin: O aking Panginoon, at makikita mo ang iyong problema ay mawawala.

**ng fitra**

Sabi ng Propeta: ((**lahat ng isinilang ay ipinanganak ayon sa fitra, hanggang ang kanyang magulang ginawa siya'ng hudyo o kristyano o majusi**)).

**ng *shara'* (batas)**

Naiulat mula kay Ibn Alqayyim: "wala sa mga bersikulo ng Qur-an liban na lamang ito'y *dalil* (patotoo) sa tawheed".

## Pangalawang Haligi: Paniniwala sa mga Anghel

Ang mga anghel: sila ay *Alamun* na hindi nakikita, nilikha sila ng Allah mula sa liwanag, sumusunod at hindi sumusuway, mayroong silang mga espirto (**ruhul qudus**), katawan (**ginawa ang mga Anghel bilang mga mensahero na may mga pakpak; dalawa tatlo at apat. Dinadagdagan niya sa kanyang mga nilikha anuman ang kanyang nais**), isipan at puso (**hanggang sa mawala ang takot sa kanilang mga puso, kanilang sasabihin: ano ang sinabi ng inyong Panginoon?**), naniniwala tayo sa kanila, at sa mga ipinaalam sa atin na kanilang mga pangalan (katulad ni Jibreel, Mikail, at Israfil), at kanilang katangian (**hindi sila sumusuway sa anumang ipinag-uutos sa kanila ng Allah, at sumusunod lamang sa kung ano sa kanila ay iniutos**) at kanilang mga gawain.

**Kabilang sa mga naiulat sa atin patungkol sa mga Anghel**

Mula sa kanila na may tangan sa *arsh* (trono) na walo, si Jibreel ang itinalaga bilang may tangan ng rebelasyon, si Mikail naman sa pagbuhos ng ulan . . ., naniniwala tayo sa anumang dumating sa ating kaalaman patungkol sa kanila.

**Pang-apat na Haligi: Paniniwala sa Kasulatan**

Obligado sa atin na maniwala na ito'y salita ng Allah *haqiqah* katotohanan hindi *majaz* nasa-isip o haka-haka, at ito'y mga rebelasyon hindi nilikha, at ang Allah ay nagpadala ng kasulatan sa bawat mensahero. Naniniwala tayo sa mga ito at sa anumang iniulat sa atin ng Allah na mga pangalan, mga ulat at mga hukom *ijmalan* tuwiran man o *tafsilan* detalyado; kung hindi nawalan ng bisa. Tayo'y naniniwala na ang Qur-an ay *nasikh* (nagpawalang bisa) sa lahat ng kasulatan bago nito at ito ang mga: *Attawraah – Al-injeel – Azzabur – suhuf* ni Ibrahim at Musa *alayhis salam.*

**Pang-apat na Haligi: Paniniwala sa mga Sugo**

Obligado sa atin na maniwala na sila ay mga tao at wala silang katangian ng pagkapanginoon at sila ay mga alipin na hindi dapat sambahin, at sinugo sila ng Allah at pinagkalooban ng rebelasyon at binigyan ng mga patotoo.

Naniniwala tayo sa kanila tulad ng ipinaalam sa atin na kanilang mga pangalan at katangian at mga kwento o salaysayan at ang unang propeta ay si Adam at ang unang sugo ay si Nuh, at ang pinahuling propeta at sugo ay si Muhammad at ang lahat ng batas ng nauna ay burado na ng batas ni Muhammad, ang *ulul azmi* na lima na naiulat sa dalawang surah: Ash-shura at Al-ahzab: (Muhammad, Nuh, Ibrahim, Musa at Isa) *alayhimussalaam*.

## Panglimang Haligi: Ang Paniniwala sa Huling Araw

Kabilang sa paniniwala nito ang lahat ng naiulat sa atin ng Propeta kung anuman ang mangyayari pagkatapos ng kamayatan, halimbawa: *fitna* pagsubok sa libingan, ang pag-ihip ng trumpeta, ang pagtayo ng mga tao sa kanilang libingan, ang mga timbangan, ang libro ng gawain, ang *sirat*, ang ***hawd***, ang ***shafaah*** (tagapamagitan), ang paraiso, ang Impiyerno, ang makita ng mga mananampalataya ang kanilang Panginoon sa araw ng pagbangon muli at sa loob ng paraiso, at iba pa sa mga ulat na *ghaybiyyah* (hindi nakikita).

## Pang-anim na Haligi: Ang Paniniwala sa *Qadar* (tadhana) mabuti man o masama

Mayroon itong apat na bahagdan aking ginawan ng tula:

عِلْمٌ، كِتابَةُ مَولَانَا، مَشِيْئَتُه     وَخَلْقُهُ وَهْوَ إِيْجَادٌ وَتَكْوِيْنُ

### *Al-ilm* Kaalaman

Ang paniniwala na ang Allah ay batid niya ang lahat kabuohan o kabahagi, ang *dalil* sabi ng Allah: (**alam ng Allah ang nasa pagitan ng inyong mga kamay at sa inyong likuran**).

### *Alkitabah* Pagsulat

Ang paniniwala na ang Allah ay naisulat na ang lahat ng mangyayari hanggang sa dumating ang oras (pagkagunaw ng mundo), ang *dalil* sabi ng Allah: (**at wala sa mga hindi nakikita sa kalangitan at kalupaan liban na lamang ito'y nasa kitab na malinaw**).

### *Almashiah* Kagustuhan

Ang paniniwala na kung anuman ang gustuhin ng Allah ay mangyayari, at anuman ang kanyang hindi ginusto kailanman hindi mangyayari, at sa tao ay mayroon *mashiah* ngunit ito'y nakapasok pa din sa *mashiah* ng Allah, sabi ng Allah: (**at anuman ang inyong gusto liban kung ginusto ng Allah**).

### *Alkhalq* Paglikha

Ang paniniwala na ang mga alipin ay nilikha, siya at ang kanyang gawain, kayundin ang lahat ng mga nandirito. Ang *dalil* (**Nilikha ng Allah ang lahat), (at nilikha kayo ng Allah at anumang inyong gagawin**).

# IKAAPAT NA ARALIN

## Ang mga Uri ng Tawheed at Ang Mga Uri ng Shirk

Pagpapaliwanag sa mga uri ng tawheed, ito'y tatlo: ***Tawheed Arrububiyyah, Tawheed Al-uluhiyyah, Tawheed Al-asma' wa Assifat***.

Ang ***tawheed arrububiyyah***: ito'y ang paniniwala na ang Allah subhaanah ang tagapaglikha ng lahat ng bagay, at nangangasiwa sa lahat, at wala siya'ng kasama sa Kanyang mga gawain.

Ang ***tawheed al-uluhiyyah***: ang paniniwala na ang Allah subhaanah ay siya lamang ang karapatdapat na sinasamba walang siya katambal o kahati dito, at ito ang kahulugan ng la ilaha illa Allah. Dahil ang ibig sabihin nito walang sinasamba na tunay at karapatdapat liban sa Allah; kaya ang lahat ng ibadah (pagsamba) tulad ng salah, pag-ayuno at iba pa ay nararapat magkaroon ng ikhlas alang-alang sa Allah, at hindi maari na ibaling ang anumang pagsamba sa iba pa.

Ang ***tawheed al-asma' wa assifat***: ito'y ang paniniwala sa lahat ng naiulat mula sa Qura-an at mga Hadeeth Sahee na mga pangalan ng Allah at katangian Nito, pagkilala na ito'y kanyang mga pangalan na angkop na angkop sa kanyang kamaharlikaan nang walang tahreef, ni ta'teel,ni takyeef at ni tamtheel, pagsunod sa sinabi ng Allah subhaanah ((**Qul huwallahu ahad, Allah Assamad, lam yaleed wa lam yuulad, wa lam yakul lahu kufuwan ahad**)) at kanyang sinabi ((**laysa kamithi shay-un wa huwas sameeul baseer**)).

At ang mga uri ng Shirk ay tatlo: ***Shirk Akbar*** *(malaki)*, ***Shirk Asghar*** *(maliit)*, ***Shirk Khafiy*** *(nakatago).*

Ang ***Shirk Akbar****:* sumisira sa mga ang gawain at pananatili sa impeyrno kung sinuman ang namatay sa ganitong kalagayan. Katulad ng sinabi ng Allah: (**at kung sila'y magtatambal mawawasak ang anumang mga gawaing kanilang ginawa**). At Kanyang sinabi subhanahu: (**Hindi kinaugalian ng mga Mushrik na magtayo ng tahanan ng (pagsamba sa) Allah, samantalang lantaran ang kanilang pagtanggi paglabag sa Allah. Sila yaong walang saysay ang anuman na kanilang mabuting gawa sa Kabilang-Buhay, at ang kanilang patutunguhan ay Impiyernong-Apoy magpasawalang-hanggan**). At sinuman ang namatay sa ganitong kalagayan; hindi ito papatawarin sa kanya at ang Paraiso ay ipagbabawal sa kanya, tulad ng sabi ng Allah: (**Katiyakan, ang Allah hindi niya pinapatawad ang kasalan ng Shirk (pagtatambal sa kanya), subali't Kanyang pinapatawad ang anumang kasalanan maliban dito - Shirk - sa sinumang Kanyang nais**). At Kanya pang sinabi: (**Katiyakan, sinuman ang gagawa ng Shirk (pagtatambal) sa Allah, walang pagdududa ipagbabawal sa kanya ang Paraiso at ang kanyang magiging tahanan ay Impiyernong-Apoy. At walang sinuman ang makakatulong sa mga dhalim**).

At kabilang sa kanyang mga uri: panalangin sa mga patay at mga diyos-diyusan, at paghingi ng tulong sa kanila, ang nadr para sa kanila, ang pagkatay para sa kanila at iba pa.

Ang ***Shirk Asghar****:* ito'y anumang naiulat mula sa kitab at sunnah na tinawag na shirk ngunit hindi naibibilang sa shirk akbar, katulad ng riya' (pakitang-tao) sa ibang mga gawain, ang pagsumpa liban sa Allah, tulad ng pagsasabi ng: ma sha Allah wa ma shaa fulan, at iba pa.

Dahil sa pagkakasabi ng Propeta: ((**ang pinakalubos kong kinakatakot para sa inyo ay ang shirk asgar, tinanong siya patungkol dito kanyang sinabi: Arriya' (pakitang-tao)**)).

At sinabi pa niya: ((**sinuman ang sumumpa liban sa Allah, katotohan siya ang nakagawa ng pagtatambal**)).

At sinabi pa niya: ((**huwag ninyong sabihing: ma sha Allah wa ma shaa fulan, ngunit sabihin niyo: ma sha Allah thumma ma shaa fulan**)) iniulat ni Abu Dawud na Sahee ang Isnad mula kay Hudhayfah bn Alyaman.

Ang shirk na ito'y hindi makalabas sa Islam ang sinuman na makagawa nito, ni ang pananatili magpakailanman sa Impiyerno, ngunit ito'y sumasalungat sa pagiging kumpleto ng pananampalataya.

Ang pangatlong uri: ito'y ang ***Shirk Khafiy***, ang batayan nito'y ang sinabi ng Propeta: ((**hindi ko ba sasabihin sa inyo kung ako ang pinakakinatatakutan ko sa inyo kaysa sa Almasih Addajjal? Sabi nila: bala sabihin mo sa amin Rasulullah. Sabi niya: Ash-shirk Alkhafiy, tumatayo ang isang tao para magsagawa ng salah at kanya itong pagagandahin para sa paningin ng mga tao**)).

At maari rin hatiin sa dalawang uri lamang: ***Akbar*** at ***Asghar***. Habang ang shirk khafiy ay kapapaloob na sa kanilang dalawa.

Maari itong ibilang sa akbar katulad ng shirk ng mga munafiq, dahil tinatago nila ang kanilang mga paniniwala, at pinapakita sa labas ang Islam bilang pakitang-tao lamang at takot sa kanilang sarili.

At maari din itong mabilang sa asghar, tulad ng riya' katulad nang naiulat mula sa hadith ni Muhammad bn Labid Al-ansariy na nauna, at hadith ni Abi Saeed. At ang Allah ang siya'ng naggagabay.

## Mga Uri ng Haram (Pinagbabawal)

| Assagair *(Malilit na Kasalanan)* | Alkabair *(Malakaing Kasalanan)* | Ang Maliit na Shirk | Ang Malaking Shirk |
|---|---|---|---|
| Ito'y ang lahat ng ipinagbawal ng *shaari'* ngunit wala itong itinakdang natatanging kaparusahan. | Ito'y ang lahat na may itinakdang natatanging kaparusahan katulad ng sumpa, pagtaboy, o pag-iwas sa gumawa nito, o kabilang siya sa mga kafir o mushrik, o hindi kabilang sa mga mananampalataya, o inihalintulad sa pinakamasang hayop. | Ito'y hindi kabilang sa Akbar na shirk ngunit mas malaki kaysa sa mga malalaking kasalanan. | Ito ang pinakamataas. |

## Mga Malalaking Kasalanan

| Hukom nito: | Antas nito: | Hukom ng gumawa nito: | Dami nito: |
|---|---|---|---|
| Kailangan niya na magbalik-loob (humingi ng kapatawaran) dahil sa sinabi ng Propeta: ((**Annaaihah kung hindi magbabalik-loob bago ang kanyang kamatayan...**)) iniulat ni Muslim, at sa iba pa: ((**kung lalayuan ang mga kabair...**)) iniulat ni Muslim. | Magkakaiba, dahil sa sinabi ng Propeta: ((**hindi ko ba sasabihin sa inyo ang pinakamalaking kabair...**)) muttafaq alayhi. | Mu'min kulang ang Iman o mu'min dahil sa kanyang Iman fasiq dahil sa kabirah. Minamahal sa anumang mayroon sa kanya na Iman at kinagalitan sa anumang mayroon sa kanya na kabirah. Hindi makikisama sa kanya sa oras na gumagawa ng kabirah. | Hindi mabibilang ngunit natutukoy ng saligan na nasabi sa itaas. |

## Ang Kaibahan ng Shirk Akbar sa Asghar

| Ash-shirk Al-akbar | Ash-shirk Al-asghar |
|---|---|
| 1. Makakalabas sa Islam | 1. Hindi makakalabas sa Islam. |
| 2. Makakalipol (mawala) ng lahat ng gawain | 2. Hindi makakalipol sa lahat ng gawain bagkus sa ibang natatanging gawain. |
| 3. Obligado na manatili magpakailanman sa Impiyerno. | 3. Hindi maobligado na manatili sa Impiyerno magpakailanman. |
| 4. Mubah ang kanyang dugo at ari-arian ng Sultan. | 4. Hindi mubah ang kanyang dugo at ari-arian. |
| 5. Ang maniwala na ang mga sabab (sanhi) ay mayroong nakatagong kakayahan sa mga nilikha. | 5. Kapag mayroon dalil na ito'y kabilang sa Asghar. |
| 6. Hindi papatawarin kapag namatay siya dito. | 6. Kapag ginawa niyang sabab (sanhi) na hindi naman ginawa ng Allah na sabab (sanhi). |
| 7. Kung humingi siya ng tawbah (kapatawaran) papatawarin siya ng Allah liban sa dalawang pagkakataon: pagsikat ng araw sa kanluran at ang *ghagharah* ito ang pagdating ng kamatayan. | 7. Lahat nang magiging daan patungo sa Akbar. |
| | 8. Lahat ng sinabi ng batas na ito'y pangkalahatan na shirk o kufur at hindi dinagdagan ng (Al) ito'y Asghar kundi hindi man tumutukoy na ito'y Akbar. |

# IKALIMANG ARALIN

***Al-ihsan***

Ang rukun (haligi) ng Ihsan ay: Ang sambahin mo ang Allah na para mo itong nakikita, ngunit kapag hindi mo siya makita isipin mo na nakikita ka niya.

**Ang rukun nito'y iisa na may dalawang baytang:**

**Ibadah Almushahadah**

Ito ang ibadah ng pagmamahal at pagnanais ng anuman ang meron sa Allah, at ito'y ibadah ng mga propeta at sugo; tulad ng pagkakasabi ng Propeta: ((**Hindi ba ako magiging alipin na nagpapasalamat?!**)), ang tutulong sa pagtayo ng ibadah na ito ay pagmamahal at pagnanais nang anumang meron sa Allah at hindi dahil sa takot nito sa Allah.

**Ibadah Almuraqabah:**

Ito ang ibadah ng pagkatakot at paglayo, walang sinuman ang makakalabas na muslim dito.

# Mga Katanungan sa Tawheed

1) **Ilan ang bahagdan ng Deen (Relihiyon)?**
   - O tatlo
   - O dalawa
   - O lima

2) **Ilan ang haligi ng Islam?**
   - O lima
   - O anim
   - O pito

3) **Ang Islam ay mas mataas ang level kaysa sa Iman?**
   - O Tama
   - O Mali

4) **Ilan ang haligi ng pagsaksi ng Ikhlas?**
   - O pito
   - O wala
   - O dalawa

5) **Ilan ang kondisyon ng (*la ilaha illa Allah*)?**
   - O walo
   - O pito
   - O lima

6) **Ang ilm ay kabilang sa kondisyon ng (la ilaha illah Allah) at ang ibig sabihin nito?**
   - O pag-intindi sa kung ano ang katotohan nito.
   - O wala nang karapatdapat sambahin bukod sa Allah.

7) **Kapag nagduda sa pagiging kafir nang sinuman ang dumating sa kanya ang mensahe at hindi niya pinaliwalan; ano ang hukom nito?**
   - O Ito'y kufur; kufur akbar
   - O Kung ang yaqeen mas mabigat kaysa sa pagdududa; ito'y hindi nakakakufur

8) **Ang *qabul* ay kabilang sa kondisyon ng (*la ilaha illa Allah*) at ang ibig ipahiwatig nito:**
   - O salita
   - O gawa
   - O paniniwala
   - O lahat ng nabanggit

9) **Ang *riya'* sa (*la ilaha illa Allah*) katulad ng riya' sa *sadaqah* mula sa shirk asghar.**
   - O Tama
   - O Mali

**10) Sinuman ang sasambit ng kanyang dila (*la ilaha illa Allah*) nang hindi kasama ang paniniwala sa kanyang puso; siya ay?**

- O muwahhid
- O muslim hindi mu'min
- O kufur asghar
- O mahina ang iman

**11) Kung minahal niya ang Propeta *sallallahu alayhi wa sallam* katulad ng pagmamahal niya sa Allah; *mahabbah musawiyah***

- O kufur akbar
- O kufur asghar
- O malaking kasalanan

**12) Ilan ang uri ng *mahabbah* pagmamahal?**

- O apat
- O tatlo
- O dalawa

**13) Ang pagmamahal alang-alang sa Allah ay mangyayari sa gawain, gumawa, panahon at lugar?**

- O Tama
- O Mali

**14) Ang pagmamahal kasama sa pagmamahal sa Allah; ang hukom nito'y:**

- O shirk asghar
- O *wajib*
- O shirk akbar

**15) Ang pagmamahal alang-alang sa Allah; ang hukom nito'y:**

- O *jaaiz*
- O *wajib*
- O shirk akbar

**16) Ilan ang uri ng pagkaka-alipin?**

- O dalawa
- O tatlo
- O apat

**17) Lahat ng nilikha at nagpapa-alipin sa Allah ng pagkaka-aliping *qahar* [sasapilitan] at maging ang mga walang pananampalatay.**

- O Tama
- O Mali

**18) Kung kanyang sinambit (La ilaha illa Allah) at iniwan ang lahat ng gawain; hindi nagsasagawa ng Salah at hindi gumawa ng kahit anuman uri ng pagsamba.**

- O magbibigay sa kanya ng kapakinabangan
- O o hindi

**19) (alipin at kanyang sugo) sa *shahadatayn* dalawang pagsaksi ibig sabihin: alipin hindi sinasamba at sugo hindi nagsisinungaling.**

- O Tama
- O Mali

**20) Sa pagsaksi( si Muhammad ay alipin at sugo ng Allah): pagsunod sa anumang kanyang iniutos at pagpatotoo sa anumang kanyang iniulat ay mabibilang lang:**

- O ibig sabihin nito
- O ka-akibat nito

**21) Sinuman ang magbibigay sa Propeta *sallallahu alayhi wassalam* kahit ano mula sa pagiging Rabb hindi ito sumaksi na siya ay alipin.**

- O Tama
- O Mali

**22) Pinakamataas na paglalarawan ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ay:**

- O rasul ng Allah
- O alipin at sugo ng Allah
- O pinakahuling propeta

**23) "Sinuman ang magdagdag ng bago sa Islam ng bid-ah, sa tingin niya ito'y maganda; Katotohan pinaratangan niya si Muhammad *sallallahu alayhi wasllam* na ipinagkanulo ang mensahe; dahil sinabi ng Allah: (Sa araw na ito akin nang ikinumpleto para sa inyo ang inyong relihiyon).**

- O Tama
- O Mali

**24) Ang Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ay mula sa talaangkanan ni propeta:**

- O Ishaq *alayhissalaam*
- O Ismael *alayhissalaam*

**25) *Punan ang patlang*: Siya ay pinanganak sa taon ng __________________ sa bayan ng _________________ at ang kanyang edad ay _______, kabilang dito ______ na taon bago ang pagkapropeta at _______ na taon bilang propeta at sugo. Naging ganap na propeta sa pagkakapadala ng surah ___________ at ganap na sugo sa pagkakapadala ng surah ______________.**

**26) Ipanadala *sallallahu alayhi wassalam* sa:**

- O kanyang nasyon
- O mga tao
- O *thaqilayn*

**27) Ang *mi'raj* ay paglalakbay niya *sallallahu alayhi wassalam* sa gabi mula Makkah hanggang Baytul maqdis.**

- O Tama
- O Mali

**28) Nangibang-bayan ang Propeta *salallallahu alayhi wa sallam* papuntang:**

- O taif
- O habasha
- O madinah
- O lahat ng nabanggit

**29) Ilan ang kanyang *sallallahu alayhi wassalan* pinaka-importanteng ghazawat ?**

- O isa
- O dalawa
- O tatlo
- O apat
- O lima

**30) Ilan ang kanyang mga anak *sallallahu alayhi wassalan*?**

- O tatlo
- O apat
- O pito

**31) Nagsagawa ang Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ng Hajj Alwida', at ito'y tumutukoy na siya ay nagsagawa ng Hajj bago nito.**

O Tama O Mali

**32) Ang pag-aaral ng talambuhay ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*?**

O wajib O mustahab O jaaiz

**33) *Punan ang patlang*: Ang Iman *shar-an* ito'y Salita ng ____________ at paniniwala ng ____________ at gawain ng _______________ umaangat ____________________ at bumababa _________________.**

**34) Ilan ang haligi ng Iman?**

O anim O lima O apat

**35) Ang paniniwala sa Allah ay mayroong kaakibat na kinakailangang malaman; ilan ito? _____________________**

**36) Ilan ang mga dalil sa *wujud* (pag-iral) ng Allah na pangkalahatan:**

O apat O hindi mabibilang

**37) Si Mikail ay anghel na itinalaga sa pagbuhos ng ulan.**

O Tama O Mali

**38) Ang puso ay maari para kay Adam at hindi sa mga Anghel.**

O Tama O Mali

**39) Ilan ang libro (kasulatan) na alam natin ang kanilang mga pangalan?**

O anim O apat

O pito O marami

**40) Nagpadala ang Allah sa lahat ng propeta ng libro (kapahayagan).**

O Tama O Mali

**41) Ang pinaka-unang rasul ay si Adam?**

O Tama O Mali

**42) Si Muhammad *sallallahu alayhi wassalam* ay sugo at hindi propeta.**

O Tama O Mali

**43) Ilan ang *ulul azmi* mula sa mga sugo o mensahero?**

O lima O apat O marami

**44) Ang paniniwala sa huling araw ay napapaloob dito ang lahat ng mangyayari pagkatapos ng kamatayan hanggang sa pagbangong muli sa kanilang libingan.**

- O Tama
- O Mali

**45) Ang Iman sa *qadar* ay mayroong bahagdan, ilan ito?**

- O apat
- O lima
- O tatlo

**46) Alam ba ng Allah ang mga bagay bago pa ito mangyari?**

- O Oo
- O hindi

**47) Lahat ba nang alam ng tao ay alam ng Allah?**

- O Oo
- O hindi

**48) Lahat ba nang alam ng tao ay pinasulat ng Allah?**

- O Oo
- O hindi

**49) Sa isang alipin ng Allah, mayroong siyang *mashiah* at *iradah* maari niyang gawin anuman ang kanyang gusto.**

- O Tama
- O Mali

**50) Ang gawain ba ng alipin ng Allah ay nilikha?**

- O Oo
- O hindi

**51) Nahati ang tawheed sa:**

- O dalawa
- O tatlo
- O wala

**52) Magbigay ng limang pagkaka-iba ng Shirk Akbar sa Shirk Asghar.**

..........................................................................................................................
..........................................................................................................................
..........................................................................................................................
..........................................................................................................................
..........................................................................................................................
..........................................................................................................................
..........................................................................................................................
..........................................................................................................................
..........................................................................................................................
..........................................................................................................................
..........................................................................................................................
..........................................................................................................................
..........................................................................................................................
..........................................................................................................................

**53) Magbigay ng limang halimbawa sa bawat Shirk Akbar at Shirk Asghar.**

| Shirk Akbar | Shirk Asghar |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**54) Ang *nifaq i'tiqadiy* ay shirk asghar hindi makakalabas sa Islam.**

O Tama O Mali

**55) Ang *ihsan* ay napapaloob ng:**

O isang haligi O dalawang haligi

# IKAANIM NA ARALIN

## Shurut (Kondisyon) ng Salah

***Ang Kondisyon ng Salah ay siyam:***

1. ***Al-islam***
2. Tamang pag-iisip
3. ***At-tamyiz***
4. Pag-angat ng ***Hadath***
5. Pag-alis ng ***Najasah***
6. Pagtakip ng ***awrah***
7. Pagpasok ng takdang oras
8. Pagharap sa ***qiblah***
9. Intensyon

### Ang Unang Kondisyon: Al-Islam

At ang kabaliktaran nito'y *Al-kufur* o Ang kawalan ng pananampalataya, kung nagsagawa man ng pagsasalah ang isang umiinsulto sa Allah o nagtatangi ng anuman sa *ibadah* (pagsamba) liban sa Allah; ang kanyang pagsagawa ng salah ay mali liban na lamang kapag siya ay humingi ng kapatawaran sa Allah.

### Ang Pangalawang Kondisyon: Al-aql *(tamang pag-iisip)*

At ang kabaliktaran nio ay wala sa kamalayan (kawalan ng pag-iisip), at ang lango sa alak ay kabilang na dito.

### Ang Pangatlong Kondisyon: At-tamyiz

At hindi ibig sabihin nito ang ***bulugh*** (tamang gulang); ngunit ang ibig sabihin nito ang kaalaman sa pagkakaiba ng dalawang bagay; alam niya ang tanong at ang sagot, at walang takdang edad; ngunit sa karamihan ang pitong gulang na bata marunong na ng pagkakaiba ng dalawang bagay.

Kailan magiging tama ang salah ng isang bata? Kapag kaya niya nang alamin ang pagkakaiba ng dalawang bagay; o alam niya na ang tanong at sagot, ang kaibahan ng tubig sa apoy halimbawa, kung hindi man ang kanyang salah ay hindi tama.

**Ang Pang-apat na Kondisyon: Pag-angat (Pag-aalis) ng Hadath**

At napapaloob dito:

**Ang hadath asghar:**
Maiangat (maalis) sa pamamagitan ng Wudhu'

**Ang hadath akbar:**
Maiangat (maalis) sa pamamagitan ng *Ghusl* (pagligo)

**Ang Panglimang Kondisyon: Pag-alis ng Najasah (Dumi)**

Mula sa katawan at lugar at damit, kung magsagawa siya ng salah at mayroon itong dumi, alam niya at may kakayanan siyang alisin ito o nasabihan siya; ang kanyang salah ay mali. Ang pag-alis ng najasah ay nabahagi sa tatlo:

**Matindi:**

Ito ang dumi ng aso, inutusan ng Propeta ﷺ na linisan ang palanggana kapag ito'y dinilaan ng aso nang pitong beses, una dito ang lupa. Iniulat ni Muslim

**Mababa:**

Maalis ito sa paggamit ng *nadh*, ito ang pagwisik lamang ng tubig kahit walang pagpiga. At ito ang ihi ng batang lalaki na hindi pa kumain ng pagkain liban sa gatas ng ina, *madhiy* (pre cum), *manni* (semilya) kahit ito'y malinis dahil ang Propeta ﷺ binubuhusan niya ito ng tubig kapag basa, at kinukusot kapag ito naman ay tuyo.

**Mutawassitah o sa pagitan ng dalawa *(katamtaman)*:**

Maalis ito sa pamamagitan ng paghugas; na may kasamang pagpiga, kabilang dito ang hindi matindi at mababang dumi; tulad halimbawa ng ihi ng lalaki at babae at iba pang mga dumi.

## Ang mga Najasah *(dumi)*

Ihi ng tao at dumi nito, ihi at dumi ng hayop na hindi maaring kainin, at lahat ng maninila (mandaragit) na hayop ay *najis* dumi liban sa mga mahirap lumayo mula sa kanila; tulad ng pusa at donkey, ang dugo na kung saan lumalabas mula sa mga hayop kapag ito'y kinakatay, dugo na lumalabas sa dalawang labasan, at bangkay; liban sa bangkay ng tao at yung walang dugo mula sa mga hayop, at patay mula sa lamang-dagat, at tipaklong.

## Ang Pang-anim na Kondisyon: Pagtakip ng Awrah

Ang awrah ay tatlong klase:

| Maliit: | Malaki: | Mutawassitah o sa pagitan ng dalawa |
|---|---|---|
| Ito ang awrah ng batang lalaki na ang edad ay pito hanggang sampu, kinikailangan na takpan ang dalawa nitong maselang bahagi. | Ito ang awrah ng babaeng malaya na nasa wastong gulang (*baligha*), kinikailangan na takpan niya ang lahat ng kanyang katawan liban sa mukha, at ito'y kanyang tatakpan sa harapan ng hindi niya kakilala (mahram). | Ito ang awrah na hindi kabilang sa dalawa; kinikailangan na takpan ang anumang nasa pagitan ng pusod at tuhod, mas mainam na takpan din ang balikat, at ang paggamit ng magandang damit. |

## Ang Pangpitong Kondisyon: Ang Pagpasok ng Takdang Oras

Hindi magiging tama ang salah na isinagawa bago ang takdang oras nito ni hindi pagkapos nito liban na lamang kapag mayroon itong sapat at katanggap-taggap na dahilan, kapag sinadya niya na patagalin ang salah sa takdang oras nito; nagkasala siya.

**Ang Pangwalong Kondisyon: Ang Pagharap sa Qiblah *(Ang ka'bah)***

Liban na lamang sa mga sunnah na salah ng naglalakbay, maari siya magsagawa ng salah kahit saan siya nakaharap; tulad sa panahon natin ang salah sa eroplano. Kabilang din dito kapag wala itong kakayahan na humarap sa qiblah o takot ito dahil sa kalaban.

**Ang Pangsiyam na Kondisyon: Ang Intensyon**

At ito'y sa puso, ang pagsambit sa kanya ay bid-ah. Kapag halimbawa nauna ito (intensyon) bago ang salah o siya ay nag-intensyon ng obligadong salah lamang; tama pa din ang salah.

**Mga Mahahalagang Paalala:**

1. Hindi tatanggapin ang pagliban sa kondisyon kahit anupaman ang dahilan; ni hindi ng kamangmangan, ng pagkalimot, ng pagsadya liban na lamang kapag siya ay nagsagawa ng salah at mayroon najasah; hindi niya alam o nakalimutan niya itong linisin ang kanyang salah ay tama pa din.
2. Ang mga kondisyon ay labas sa *ibadah* (pagsamba) at ito'y mauuna sa kanya. At nararapat na meron nito hanggang sa matapos ang ibadah.

# IKAPITONG ARALIN

## Ang mga Rukun ng Salah

***Ang mga rukun ng Salah ay labing-apat:***

1. Ang pagtayo ng matuwid sa mayroong kakayahan
2. Ang ***takbiratul ihram***
3. Ang pagbabasa ng ***Al-fatiha***
4. Ang ***ruku'*** (pagyuko)
5. Ang pagtayo ng matuwid pagkapos ng ***ruku'***
6. Ang pagsujud sa pitong bahagi ng katawan
7. Ang pagtayo mula sa ***sujud*** *(pagpatirapa)*
8. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang ***sujud***
9. Ang ***tuma' nina*** pagpapabuti sa lahat ng gawain
10. Ang pagkasunod sunod ng mga ***rukun***
11. Ang panghuling ***tashahud***
12. Ang pag-upo dito
13. Ang pagbigkas ng ***salawat***
14. Ang dalawang ***taslim***

## Ang Unang Rukun: Ang Pagtayo ng Matuwid sa Mayroong Kakayahan

### Sa limang obligadong salah *(faridah)*:

Ang pagtayo ng matuwid ay rukun, at maari lamang itong iwan kapag walang kakayahan na tumayo o may kakayahan ngunit nawawala ang konsentrasyon nito. At kapag may kakayahan na tumayo kahit na kaunting minuto; dapat itong tumayo.

### Sa hindi obligado na salah *(nafilah)*:

Tama pa rin ang salah ng nagsasagawa nito kahit nakaupo ngunit ang makukuha niya ditong kabutihan ay kalahati ng kabutihan isang nakatayo, o sa kanyang tagiliran at para sa kanya ay kalahati ng kabutihan ng nakaupo.

**<u>Ang Pangalawang Rukun</u>: Takbiratul Ihram**

Hindi matatanggap ang salah liban na magsimula sa salitang:
"**Allahu Akbar**"

**<u>Ang Pangatlong Rukun</u>: Ang Pagbabasa ng Al-fatiha**

Obligado na basahin ito sa lahat ng rakaah ng salah kahit pa ito sa salah na lantaran ang pagbigkas nito o mahina. Basahin ng kumpleto at maayos. At maari lamang itong iliban kapag naabutan ang imam na naka-ruku'.

**<u>Ang Pangsiyam na Rukun</u>: Ang Tuma'nina o Pagpapabuti ng mga Gawain**

Magigigng tama lamang ang *tuma'nina* kapag nasambit lahat ng obligadong sasambitin sa lahat ng rukun.

**Mga Mahahalagang Paalala**:

Ang mga *rukun* ay nasa loob (o kabilang ) ng *ibadah* (pagsamba), hindi tatanggapin ang pagliban sa *rukun* kahit anupaman ang dahilan; ni hindi ng kamangmangan, ng pagkalimot. At hindi sapat na siya ay *magsujud sahwi* bagkus siya ay inutusan na ulitin ang salah. Ang mga salah na kanyang naisagawa pagkatapos naliban niya ang mga ibang rukun; ito'y sapat na sa kanya, dahil ang propeta hindi niya inutusan ang nagsagawa ng salah na ulitin ang lahat ng salah liban sa salah na kanyang ginagawa sa oras na iyon, kahit pa naiwan niya ang *tuma'nina* na kabilang sa rukun ng salah.
*Wallahu a'lam.*

# IKAWALONG ARALIN

## Ang mga Wajib sa Salah

***Ang mga wajib sa Salah ay walo:***

1. Lahat ng takbir liban sa ***Takbiratul Ihram***.
2. Ang pagsabi ng: ***((samiAllahu liman hamida))*** ng Imam at kapag mag-isang nagsasagawa ng Salah.
3. Ang pagsabi ng: ***((rabbana wa lakal hamd))*** para sa lahat.
4. Ang pagsabi ng: ***((subhana rabbiyal Adhim))*** sa ***ruku'***.
5. Ang pagsabi ng: ***((subhana rabbiyal A'la))*** sa ***sujud***.
6. Ang pagsabi ng: ***((rabbigh firliy))*** sa pagitan ng dalawang ***sujud***.
7. Ang ***tash-shahud Al-awwal***.
8. Ang pag-upo dito.

## Importanteng Paalaala:

Obligado na sabihin ang salitang (***subhana rabbiyal Adhim***) sa ruku' ng ganitong salita lamang, at ito'y mas mainam na dagdagan ng anuman na naiulat mula sa propeta. At ganuon din sa sujud, kanyang sasabihin (***subhana rabbiyal A'la***) ng ganitong salita lamang pagkapos dagdagan niya ng anuman na naiulat mula sa propeta.

# IKASIYAM NA ARALIN

## Pagpapaliwanag ng At-tashahhud

Ito ang *((**Attahiyatu lillahi, was salawaatu, wat tayyibaatu, assalamu alayka ayyuhan nabiy wa rahmatullahi wa barakaatuhu, assalamu alayna wa ala ibadillahis saliheen, Ash-hadu an la ilaha illa Allah wa ash-hadu anna Muhammad abduhu wa rasuluh**)).*

Pagkatapos hihingi siya sa Allah ng panalangin at pagpapala para sa sugo ng Allah; sa pamamagitan ng pangalangin na ito: *((**Allahumma salli ala Muhammad, wa ala aali Muhammad, kama sallayta ala Ibrahim, wa ala aali Ibrahim, innaka hamidun majid, wa baarik ala Muhammad, wa ala aali Muhammad, kama baarakta ala Ibrahim, wa ala aali Ibrahim, innaka hamidun majid**))* [tinatawag na salah ibrahimiyyah].

Pagkatapos panalangin ng pagpapakupkop sa Allah sa pinakahuling ***tashahhud*** mula sa kaparusahan ng Impiyerno, at sa kaparusahan sa libingan, at sa pagsubok ng buhay at kamatayan, at sa pagsubok ng Dajjal, pagkatapos ay pipili na siya ng mga panalangin na alam niya, tulad halimbawa ng panalangin na ito: *((**Allahumma a-inniy ala dhikrika wa shukrika wa husni ibadatik. Allahumma inniy dhalamtu nafsiy dhulman kathiran, wa la yaghfirudh dhunuuba illa anta, faghfirliy maghfiratan min indik, war hamniy, innaka antal Ghafurur Raheem**)).*

At yaong ***tashahhud Al-awwal***, siya ay tatayo pagkatapos ng shahadatayn para sa ikatatlong rakaah ng Dhuhr at Asar at Maghrib at Iesha. Kapag sinambit niya ang panalangin at pagpapala sa propeta; ito'y mas mainam pagkatapos siya ay tatayo na para sa ikatlong rakaah.

# IKASAMPUNG ARALIN

## Ang mga Sunnah sa Salah

***Kabilang sa mga sunnah ng Salah:***

1. ***Al-istiftah*** (ang pambungad na panalangin).
2. Ang paglagay ng kamay sa dibdib, habang ang kanang kamay ay nasa ibabaw ng kaliwa habang nakatayo bago magruku' at pagkatapos nito.
3. Pagtaas ng dalawang kamay; habang nakabukas at nagdidikit dikit ang mga daliri hanggang balikat o tainga sa oras ng ***takbiratul ihram***, at kapag magruku', at pag-angat mula sa ruku', at pagtayo mula sa ***attashahhud al-awwal*** para sa ikatlong rakaah.
4. Anumang idadagdag sa isang beses sa sinasabi sa ruku' at sujud.
5. Anumang idadagdag sa pagsasabi ng: ((***rabbana wa lakal hamd***)) pagkatapos ng pagtayo mula sa ruko'. At ang anumang idadagdag sa isang palangalin sa pagitan ng dalawang ***sujud***.
6. Ang pagkakapantay ng ulo at likod sa ***ruko'***.
7. Ang paglayo ng kamay sa katawan, at tiyan sa tuhod, at tuhod sa bukong-bukong sa ***sujud***.
8. Ang pag-angat ng braso sa lupa kapag nagsujud.
9. Ang pag-upo ng nagsasagawa ng salah sa kanyang kaliwang paa, habang nakatayo ang mga daliri ng kanang paa sa ***tashahhud al-awwal*** at sa pagitan ng dalawang ***sujud***.
10. **At-*tawarruk*** sa panghuling ***tashahhud*** ng salah na apat o tatlong rakaah. Ito ang pag-upo sa kanyang kinalalagyan habang ang kaliwang paa ay nasa ilalim ng kanan, at ang mga daliri ng paa ay nakataas.
11. Ang pagturo kamay sa ***tashahhud al-awwal*** at pangalawa, mula ng siya ay uupo hanggang matapos ang ***tashahhud***, habang pinapagalaw ito sa oras na isasambit ang panalangin.
12. Ang panalangin at paghingi ng biyaya para kay Muhammad, at sa kanyang pamilya, at para kay Ibrahim, at sa kanyang pamilya sa ***tashahhud al-awwal***.
13. Ang panalangin sa pinakahuling ***tashahhud***.

14. Ang malakas na pagbabasa sa Salah ng Fajar, at Salah ng Jumuah, at Salah ng dalawang Eid, at sa Salah ng Istisqa', at sa pinakaunang dalawang rakaah ng Salah ng Maghrib at Iesha.
15. Ang mahinang pagbabasa sa Salah ng Dhuhr at Asar, at sa pangatlong rakaah ng Maghrib, at ang pinakahuling dalawang rakaah ng Iesha.
16. Anumang idadagdag na babasahin mula sa Qur-an pagkatapos ng Al-fatiha.

Habang binibigyan ng attensyon ang ibang sunnah ng Salah na naiulat mula sa propeta. Katulad ng: Anumang idadagdag sa pagsasabi ng: ((***rabbana wa lakal hamd***)) pagkatapos ng pag-angat mula sa ruko' kung ikaw ay Imam, o nasa likod ng Imam, o kapag ikaw ay mag-isa; dahil ito'y sunnah. Katulad din ng: paglagay ng kamay sa tuhod na nakabuka ang mga daliri kapag nagruko'.

## Panalangin sa *Al-istiftah*

Ito'y sinasabi pagkatapos ng *takbiratul ihram* nang anumang naiulat mula sa Propeta na mga panalangin; katulad ng: ((***Allahumma baaid bayniy wa bayna khatayaaya kama baa-adta baynal mashriq wal maghrib. Allahumma naqqiniy minal khataaya kama yunaqqath thawbul abyadu minad danas. Allahummagh silniy min khataayaaya bil maa-i' wath thalji wal bard***)) o ((***Subhaanaka Allahumma wa bihamdika wa tabaarakas muka wa taala jadduka wa la ilaha ghayruka***)).

# IKALABING-ISANG ARALIN

## Ang mga Nakakasira sa Salah

**Ang mga nakakasira sa Salah ay walo:**

1. Ang sadyang pagsasalita kapag alam niya at nasabihan, habang kapag nakalimutan o hindi niya alam; hindi ito kabilang sa nakakasira ng Salah.
2. Ang pagtawa
3. Ang pagkain
4. Ang pag-inom
5. Ang paglabas ng *Awrah*
6. Paglingon ng marami sa hindi *Qiblah*.
7. Ang paggalaw ng sunod-sunod sa Salah
8. Pagkasira ng *tahara*

### Ang Unang Nakakasira: Ang Sadyang Pagsasalita

Ngunit hindi kabilang dito ang pagbibigay babala sa Imam kapag siya ay nakalimot o nagkamali sa pagbabasa.

### Mga Uri ng Paggalaw sa Salah

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ang paggalaw na haram; ito ang paggalaw ng maraming beses na magkasuno-sunod na kanyang alam at hindi naman kailangan. Katulad ng pagkain. | Ang paggalaw na makruh; ito ang kaunting paggalaw na hindi naman kailangan, tulad ng pagtingin liban sa qiblah. | Ang paggalaw na mubah; ito ang paggalaw na kailangan niyang gawin. Katulad ng pagkamot ng kanyang balbas. | Ang paggalaw na mustahab (mainam); mga gawain na dito magiging kumpleto ang Salah, tulad ng papunan ng lugar sa pagitan ng nagsasalah. | Ang paggalaw na wajib (obligado); mga gawain na dito magiging tama ang Salah, tulad ng pag-alis ng dumi. |

## Importanteng Paalala

**Ano ang kaibahan ng shurut, ng rukun, ng wajib, at ng sunnah sa Salah?**

<table>
<tr><th>Shart<br>Kondisyon</th><th>Rukun<br>Haligi</th><th>Wajib<br>Obligado</th><th>Sunnah<br>Kaibig-ibig</th></tr>
<tr><td>Sa labas ng ibadah</td><td colspan="3">Kabilang sa ibadah</td></tr>
<tr><td>Magpapatuloy sa lahat ng ibadah</td><td colspan="3">Ito'y limitado sa bahagi mula sa mga bahagi ng ibadah</td></tr>
<tr><td colspan="2">Hindi maaring maging katwiran ang jahal o pagkalimot o pagsadya</td><td>Maari maging katwiran ang jahal o pagkalimot at hindi ang pagsadya</td><td>Maari maging katwiran ang jahal o pagkalimot at pagsadya</td></tr>
<tr><td>Walang sujud sahw</td><td>Hindi sapat ang sujud sahw</td><td>Sapat na ang sujud sahw</td><td>/</td></tr>
</table>

## Sujud As-sahw

Ang mga dahilan sa ***sujud as-sahw***
(sujud ng nakalimot) ay tatlo:

**Ang *shak***
**(pagdalawang isip):**

Katulad ng nagdadalawang isip siya kung ilang rakaah ang kanyang nagawa; tatlo o apat, at ito'y may dalawang uri:

***Ang pagdadalawang isip pagkatapos ng Ibadah:***

Hindi mo na kailangan tingnan pa ang iyong pagdadalawang isip hanggang sa dumating ang kasiguruhan.

***Ang pagdadalawang isip sa loob ng Ibadah:***

Kapag ito'y marami huwag mo nang alalahanin at tingnan pa, ngunit kapag kaunti naman doon ka sa kung saan ka siguro, kapag naman pantay kunin mo ang pinakakaunti o mababa.

**Ang *naqs***
**(kulang):**

Halimbawa kapag nagkulang nakulangan niya ang wajib mula sa mga wajib ng Salah.

**Ang *ziyadah***
**(dagdag):**

Halimbawa kapag nadagdagan niya ang ruku' o sujud o pagtayo o pagupo.

## Mga Komento:

- Kapag nagkamali ang nagsasagawa ng Salah sa *sujud sahw* ; ang kanyang salah ay tama pa din.
- Kapag naiwan nito ang rukon, hindi magiging tama ang kanyang Salah hanggang sa gawin niya ang rukon at pagkatapos siya ay *magsujud sahw*.
- Kapag naman naiwan niya ang wajib, at hindi niya na pwedeng balikan siya ay *magsujud sahw* na lamang.

**Buod ng Pamamaraan ng Salah at Paglalarawan nito:**

- Ang una ay ang pagdalisay ng isang muslim (o pagsasagawa ng wudhu') sa kanyang bahay at magsuot ng mainam na damit
- At maglakad patungo sa Masjid – o pagsakay sa sasakyan – nang mahinahon na paglalakad at mataimtim ibig sabihin ay iwasan ang pagtakbo o sobrang paglingon o pagtaas ng boses.



- Kapag siya ay dumating na sa masjid, huhubarin ang kanyang suot sa paa at ilagay sa lagayan nito, at kanyang iiwan ang lahat ng makamundong bagay at ipinagbabawal ang magbenta at magbili, pati na rin ang paghanap ng nawawalang bagay sa loob Masjid.
- Unahin ang kanang paa sa pagpasok sa loob ng Masjid at bigkasin ang panalangin: ((***Bismillah wassalaatu wassalaamu ala rasulillah, Allahummaftahliy abawaaba rahmatik***)) at kaliwa naman kapag ito'y lalabas mula rito at kanyang bibigkasin ang panalangin: ((***Bismillah, wassalaatu wassalaamu ala rasulillah, Allahumma inniy as-aluka min fadlik***)).
- Mauuna ang mga kalalakihan sa *saf* (hanay) at mahuhuli naman ang mga kababaihan.
- Kapag ang Salah ay nagsimula na, siya ay magsasabi ng ((***Allahu Akbar***)) at susundan ang Imam sa anumang posisyon na kanyang naabutan, at bibilangin na isang rakaah kapag naabutan nito ang pagtayo o ang pag*ruko'*, at kapag nagsalam ang Imam pupunan na lamang niya ang kanyang naiwan na rakaah.

- At kapag siya ay nasa loob na ng Masjid at hindi pa nagsisimula ang salah, magsagawa siya ng *Salah ratibah qabliyyah* (sunnah bago ang salah), kapag wala naman sunnah na qabliyyah, magsagawa siya ng *tahiyyatul masjid* bago pa man siya mauupo.
- At huwag labagin ang kabanalan ng Masjid sa pamamagitan ng pagbabantay sa oras at pagmamadali sa pagtayo ng Salah.




- At pagpantay pantayin ang pagitan ng paa katulad ng balikat nang walang labis at kulang.



- Pagkatapos gawin ang mga *shart* ng Salah, kanyang bibigkasin ang ((***Allahu Akbar***)) kasama nito ang pag-taas ng dalawang kamay - nakabukas ang mga daliri - hanggang tainga o balikat, at ang kanyang palad ay nakaharap sa *qiblah*.




- Pagkatapos ilalagay ang kanyang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay. Ito man ay nakalatag o nakahawak.



- At tumingin sa lugar kung saan ka magsasagawa ng sujud, at hindi palingun-lingon.



- *Mustahab* (kaibig-ibig) na basahin niya ang panalangin sa *istiftah* sa unang rakaah lamang, at mainam din na basahin niya ang iba't ibang panalangin na naiulat dito.
- Pagkatapos ay humingi ng pagpapakupkup katulad ng naiulat: ((***audhu billahi minash shaytanir rajeem***)).
- Pagkatapos basahin ang *basmalah*: ((***bismillahir rahmanir raheem***)).
- Pagkatapos ay basahin ang Al-fatiha nang maayos at tama.
- Pagkatapos ay magbasa ng makakaya mula sa Qur-an; ito'y mainam na gawin at basahin ang *basmalah* sa unang surah lamang.
- Pagkapatapos ay itaas ang dalawang kamay tulad sa *takbiratul ihram* at sambitin ang ((***Allahu Akbar***)) pagkatapos ay magsagawa ng Ruko'.
- Pagkatapos ay hawakan ang tuhod, at gawin pantay ang likod sa ulo.
- At sambitin nang isang beses bilang *wajib* (obligado): ((***subhaana rabbiyal Adhim***)) at *mustahab* (mainam) na dagdagan nang anumang naiulat patungkol dito.



- Pagkatapos kasabay ng pag-angat mula sa ruko' at bago ang pagtayo ng matuwid, kanyang sasambitin ang: ((***samiAllahu liman hamidah***)) habang itinataas din ang dalawang kamay hanggang tainga o balikat.
- Kapag nakatayo na ng matuwid kanya namang sasambitin: ((***rabbana wa lakal hamd***)).
- Pagkatapos ay sasambitin ang takbir: ((***Allahu Akbar***)) nang hindi na tinataas pa ang dalawang kamay at pagkatapos ay magsagawa ng sujud gamit ang pitong bahagi ng katawan: ito'y ang noo kasama ang ilong, dalawang palad, dalawang tuhod, at ilalim ng daliri ng dalawang paa.
- At pagkatapos ay paghiwalayin ang pagitan ng dalawang kili-kili, pati na rin sa pagitan ng tiyan at hita, at pagitan ng hita sa bukong-bukong, at iangat ang kanyang braso mula sa lupa.



- At pagkatapos ay sambitin ang: ((***Subhaana rabbiyal A'la***)) isang beses bilang *wajib* (obligado) at *mustahab* (mainam) na kanyang dadagdagan ng anumang naiulat patungkol dito, at pagkatapos ay manalangin ng anuman kanyang gustong panalangin, liban ang pinakamainam ay ang manalangin ng amunang panalangin na naiulat patungkol dito.
- Pagkatapos ay magtakbir at umupo sa kaliwang paa *muftarish* habang nakatayo ang kanyang kanang paa at ang ilalim ng mga daliri nito'y nasa lupa habang nakaturo naman sa *qiblah* ang mga daliri. Ilagay ang palad sa hita. Ito (*muftarish)* ang klase ng upo sa lahat ng salah liban sa pangatlong rakaah o pangapat sa pinakahuling *tashahhud* dahil ang klase ng upo dito'y tinatawag na *tawarruk;* ilagay ang kaliwang paa sa ilalim ng kanang bukong-bukong. [pakitingnan na lamang ang larawan sa ibaba]



- Pagkatapos ay magtakbir at magsagawa ng sujud katulad ng unang sujud.
- Pagkatapos ay magtakbir at tumayo para gawin ang pangalawang rakaah, at gawin na lamang ang mga ginawa sa una liban na lamang ang rakaah sa pangalawa ay walang nang *takbiratul ihram* at *dua istiftah*.
- Kapag natapos na niya ang pangalawang sujud siya ay uupo para sa *attashahhud*.
- At kanyang ituro ang kanyang hintuturo, habang ipagdikit ang naiwang daliri ng pabilog, pagkatapos ay pagalawin ang hintuturo kapag nananalangin.
- Ang pagbasa ng *attashahhud* ay *wajib* (obligado).
- Kapag ang ginagawang salah ay mayroong dalawang rakaah lamang basahin niya ang *salah ibrahimiyyah* [*pakitingnan sa pahina 86*] bilang *wajib*, at humingi ng pagpapakupkop mula sa apat:

((***Allahumma inniy audho bika min adhabi jahannam, wa audho bika min adhabil qabr, wa audho bika min fitnatil dajjal, wa audho bika min fitnatil mahya wal mamaat***)) at pagkatapos ay manalangin, pinakamainam dito ang panalangin na naiulat tulad ng: ((***Allahumma ainniy ala dhikrika wa shukrika wa husni ibaadatik***)).



- Pagkatapos ay magtaslim ng dalawang beses, mula sa kanan pagkatapos sa kaliwa lilingon lang gamit ang ulo hindi kasama ang balikat ni hindi pagagalawin ang ulo mula pataas at pababa ni igalaw ang kamay.



- Kapag ang ginagawang salah ay mayroong tatlo o apat na rakaah, tatayo siya pagkatapos niya mabasa ang *tashahhud al-awwal* at mustahab ang pagsambit ng *salah ibrahimiyyah.*
- Magtakbir at magsagawa ng Salah para sa pangatlong rakaah at uupo para gawin ang tashahhud kung ang Salah ay tatlong rakaah, ngunit kung ito'y apat magsagawa ulit ng Salah para sa ikaapat na rakaah pagkatapos ay uupo at gawin ang pinahuling tashahhud. Sambitin ang tashahhud at salah ibrahimiyyah at humingi ng pagpapakupkop mula sa apat: ((***Allahumma inniy audho bika min adhabi jahannam, wa audho bika min adhabil qabr, wa audho bika min fitnatil dajjal, wa audho bika min fitnatil mahya wal mamaat***)) at pagkatapos ay manalangin, pinakamainam dito ang panalangin na naiulat tulad ng: ((***Allahumma ainniy ala dhikrika wa shukrika wa husni ibaadatik***)).
- Kung ang salah ay *fard* (obligado), *mustahab* na bumigkas ng mga *dhikr* na naiulat pagkatapos ng Salah.
- ((***Astaghfirullah, Astaghfirullah, Astaghfirullah, Allahumma anta Assalaam wa minkas salaam tabaarakta dhal jalaali wal ikram***)).
- Pagkatapos ay sambitin: ((***Subhaanallah, wal hamdulillah, wAllahu akbar***)) tatlungpung tatlong beses: lahat-lahat ay siyamnaput tatlo, at kanyang kukumpletuhin bilang pang-isang daan ((***la ilaha illa Allah wahdahu la shareeka lah, lahul mulku wa lahul hamdu wa huwa ala kulli shay-in qadeer***)).
- Pagkatapos ay basahin ang *Ayatul Kursi*: ((***Allahu la ilaaha illa huwal hayyul qayyum, lata'khudhuhu sinatuw wa la nawm, lahu maa fis samaawati wa maa fil ardh, man dhalladhi yashfau indahu illa biidhnih, ya'lamu ma bayna aydihim wa maa khalfahum, wa la yuhiituna bishay-im min ilmihi illa bimaa shaa', wasi-a kursiyyuhus samaawaati wal ardh, wa la yauuduhu hifdhuhumaa, wa huwal aliyyul adhim***)), pagkatapos ay basahin ang surah *Al-ikhlas* at *Alfalaq* at *Annas*.

**Mga Mahahalagang Paalala:**

- Kabilang sa *shurut* ng salah ay ang pagtatakip ng awrah, nararapat sa isang nagsasagawa ng Salah na maging maingat mula sa paglitaw ng kanyang awrah habang siya ay nagsasagawa ng salah na ito'y magiging dahilan para masira ang kanyang Salah.





- Kapag nagsagawa ng Salah ang *ma'mum* kasama ang Imam, isinabatas na siya ay tatayo sa bahaging kanan nito. Hindi siya uuna at hindi din lalayo bagkus magkapantay ang kanilang balikat.



## Buod ng mga Salah:

| Pangalan | Hukum | Oras | Dami | Katangian |
|---|---|---|---|---|
| **Salatul Jumuah** | Fard | Oras ng Dhuhr | Dalawang rakaah | Ang salah ng Jumuah ay *jahriyyah* (malakas ang pagbabasa) at mabibilang na jamaah ang tatlong kalalakihan pataas. |
| **Salatul Kusuuf** | Fard kifaayah | Oras ng eclipse | Dalawang rakaah | Ang salah ng Kusuuf ay *jahriyyah* (malakas ang pagbabasa) na may dalawang ruku' sa bawat rakaah. |
| **Salatul Witr** | Sunnah muakkadah | Pagkatapos ng Iesha hanggang Fajar | Mula isa hanggang labing-isa | Maari itong:<br>– Isang rakaah<br>– Tatlong rakaah na magkadugtong, uupo lamang sa pinakahuling tashahhud, o magsagawa ng salah na dalawang rakaah pagkatapos ay magtaslim at magsagawa ulit ng isang rakaah.<br>– Limang rakaah uupo lamang para gawin ang tashahhud sa ikalimang rakaah.<br>– Pitong rakaah uupo lamang para gawin ang tashahhud sa ikapitong rakaah |

| Pangalan | Hukum | Oras | Dami | Katangian |
|---|---|---|---|---|
| | | | | – Siyam na rakaah uupo para gawin ang tashahhud sa ikawalong rakaah at pagkatapos ay tatayo para sa ikasiyam na rakaah at magtashahhud at magtaslim.<br>– Tigdadalawang rakaah pagkatapos ay magwitr ng isang rakaah. |
| **Ratibah ng Fajar** | Sunnah muakkadah | Pagkatapos ng Salatul fajar | Dalawang rakaah | Babasahin sa unang rakaah ang Surah Alkafiruun at sa pangalawa Alikhlas |
| **Sunnah ng Dhuhr** | Sunnah | Apat na rakaah bago ang Dhuhr at dalawa pagkatapos | Dalawa / Apat | Tigdadalawang rakaah na magkahiwalay |
| **Sunnah ng Maghrib** | Sunnah | Pagkatapos ng Salatul Maghrib | Dalawang rakaah | Babasahin sa unang rakaah ang Surah Alkafiruun at sa pangalawa Alikhlas |
| **Sunnah ng Iesha** | Sunnah | Pagkatapos ng Salatul Iesha | Dalawang rakaah | |

| Pangalan | Hukum | Oras | Dami | Katangian |
|---|---|---|---|---|
| **Tahiyatul masjid** | Wajib | Pag papasok ng Masjid bago uupo | Dalawang rakaah | |
| **Ad-duha** | Sunnah | Mula sa pagsikat ng araw hanggang bago ang zawal | Mula dalawang rakaah hanggang walo | |
| **Al-istikharah** | Sunnah | Kahit anong oras | Dalawang rakaah | Manalangin pagkatapos ng salam ng dua sa istikharah |
| **Salatul istisqa'** | Sunnah | Mula sa pagsikat ng araw | Dalawang rakaah | Magtakbir katulad ng takbir sa Eid na pito kasama ang takbiratul ihram sa unang rakaah at lima sa pangalawa hindi kabilang ang takbir sa intiqal |
| **Salatul Eid** | Sunnah | Pagsikat ng araw | Dalawang rakaah | Magtakbir ng pitong beses kasama ang takbiratul ihram sa unang rakaah at lima sa pangalawa hindi kabilang ang takbir sa intiqal. |

**Mga oras na ipinabawal ang pagsagawa ng Salah na *Naafilah*:**

1. Mula fajar hanggang sa pagsikat ng araw.
2. Mula sa salah ng Asar hanggang maghrib.
3. Mula sa pagtirik ng araw hanggang sa zawal.

## Mga Katanungan sa Salah

1) **Ilan ang kondisyon ng Salah?**
   - O siyam
   - O labing-isa
   - O walo

2) **Ang pagiging Muslim bilang kabilang sa kondisyon ng Salah ay mali; dahil walang nagsasagawa ng Salah maliban sa Muslim.**
   - O Tama
   - O Mali

3) **Attamyiz ay ang *bulugh*.**
   - O Tama
   - O Mali

4) **Pag-angat ng *hadath* ay tumutukoy sa katawan, lugar at damit.**
   - O Tama
   - O Mali

5) **Ang *najasah* (kadumihan) ng baboy ay *najasah*:**
   - O malaki
   - O *mutawassit*

6) **Ang *manni* (semilya) ay dumi na mag-oobliga na maligo pagkatapos nitong lumabas.**
   - O Tama
   - O Mali

7) **Walang pinag-kaiba ang *nadh* at pagligo.**
   - O Tama
   - O Mali

8) **Ang lahat ng bangkay ay *najis* (dumi).**
   - O Tama
   - O Mali

9) **Sapat na sa paglilinis ng *najasah* ng aso kahit hindi lupa at kahit ang makabagong kagamitang panlinis.**
   - O Tama
   - O Mali

10) **Ang mga hayop na kung saan ating palaging nakakasalamuha ay kalimitan mahirap ang pag-iwas mula rito. At maaring ang pusa ay dalisay para sa ibang tao at para sa iba naman ay hindi.**
   - O Tama
   - O Mali

11) **Ilan ang haligi ng Salah?**
   - O 8
   - O 14
   - O 9

**12) Ang *takbiratul ihram* ay ang pagtaas ng kamay.**
- O Tama
- O Mali

**13) Kung naiwan ang isang rukon *sahwan* (nakalimutan) para sa kanya ay *sujud sahwi* lamang.**
- O Tama
- O Mali

**14) Ilan ang *wajibat* obligado sa Salah?**
- O 8
- O 14
- O 9

**15) Kapag sinabi sa *sujud* (*subbuhun quddusun rabbul malaikati war ruh*), at alam niya na ang *wajib* ay (*subhana rabbiyal a'la*) ng isang beses ang kanyang Salah ay *batil* (hindi tanggap).**
- O Tama
- O Mali

**16) Isinabatas sa Salah na ilagay ang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay.**
- O Tama
- O Mali

**17) Ang pagpapalakas ng pagbasa ay sa unang rakaah sa obligadong Salah kung ito'y sa gabi at sa bawat Salah isinabatas na magtipon-tipon sa isang taon katulad ng dalawang Eid.**
- O Tama
- O Mali

**18) Ilan ang nakakasira ng Salah?**
- O 8
- O 14
- O 9

**19) Mangyayari ang *tawwaruk* sa *tashahhud* na:**
- O Una
- O Huli
- O lahat ng nabanggit

**20) Ang dagdag na (*wash shukr*) sa salitang (*rabbana wa lakal hamd wash shukr)*; ang hukom nito'y:**
- O *jaaiz*
- O *mustahab*
- O *muharramah* (haram)

**21) (*rabbigh firliy wa liwalidayya*) sa pagitan ng *sujud*:**
- O *jaaiz*
- O *muharram*
- O *makruh*

**22) Paglagay ng siko sa lupa sa *sujud*:**
- O *muharram*
- O *mustahab*
- O *makruh*

**23) Ilan ang *asbab* (mga rason) ng *sujud sahw*:**
- O 2
- O 3
- O 4

**24) (ang pagdududa pagkatapos ng Salah hindi nakaka-apekto ganundin kapag dumami ang pagdududa).**

O Tama O Mali

**25) Natatangi ang *sunnah* ng Fajar mula sa mga ibang *rawatib* sa: dahil sa kanyang kainaman, pagiging magaan, mayroong natatanging binabasa at kahit sa paglalakbay ay sinasagawa ito.**

O Tama O Mali

**26) Ibigay ang hukom ng bawat *mas-alah* (pangyayari) sa ibaba:**

| ***Mas-alah* (Sitwasyon)** | **Hukom** |
|---|---|
| Salah ng sinumang nang-iinsulto sa relihiyon | |
| Salah ng lango sa alak | |
| Salah ng maysakit na Alzheimer | |
| Salah ng batang maliit | |
| Nagsagawa ng Salah habang nakalimutan nito na wala siyang wudhu' | |
| Nagsagawa ng Salah habang nakalimutan nito na ang damit niya ay marumi | |
| Ihi ng baka | |
| Ihi ng uwak | |
| Nagsagawa ng Salah habang nakalabas ang dalawang tuhod | |
| Nagsagawa ng Salah habang nakalimutang hindi pa pumasok ang oras | |
| Ang Salah sa loob ng eroplano | |
| Nag-intensyon na obligado ang oras | |
| Nagsagawa ng Salah habang nakaupo | |
| Nakalimutan ang Al-fatiha | |
| Naabutan ang Imam ng naka-ruku' | |
| Ang pagmamadali sa Salah | |
| Maraming pagdududa pagkatapos ng Salah | |
| Nagduda sa kanyang wudhu' pagkatapos ng Ihram | |
| Nadagdagan ng ruku' nang hindi sadya | |
| Iniwan ang *takbiratul ihram* | |
| Iniwan ang *tashahhud al-awwal* | |
| Iniwan ang pinakahuling *tashahhud* | |

| | |
|---|---|
| Nagduda kung tatlo o na apat rakaah ang kanyang nagawa | |
| Nagduda pagkatapos ng Salah | |
| Nagduda sa kalagitnaan ng Salah | |
| Nakalimutan ang *sujud sahw* | |
| Nagsagawa ng Salah habang nakalitaw ang kanyang awrah nang hindi niya alam maliban lamang pagkatapos ng Salah | |
| Ang *taharah* Paglilinis sa bahay bago lumabas patungo sa Salah | |
| Ang pagbebenta sa Masjid | |
| Ang pagpapalit ng pera sa Masjid | |
| Naabutan ang Imam sa pinakahuling *tashahhud* | |
| Ang *sutrah* sa Salah | |
| Ang kaunting paglingon | |
| Ang maraming paglingon | |
| Pagsagawa ng Salah na mabilis | |
| Ang *salah ibrahimiyyah* sa *attashahhud* | |
| Ang pagsasalita sa Salah | |
| Ang paggalaw sa Salah | |
| Nakalimutan ang Al-fatiha | |
| Ang *salah* sa Jum-ah | |
| *Al-witr* | |
| *Tahiyatul masjid* | |

**27) Banggitin ang pagkakaiba ng *shart*, *rukon*, *wajib* at *sunnah*.**

| ***Shart*** | ***Rukon*** | ***Wajib*** | ***Sunnah*** |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

# IKALABING-DALAWANG ARALIN

## Mga Kondisyon (*Shurut*) ng Wudhu'

***Mga kondisyon ng Wudhu ay sampu:***

1. ***Al-islam***
2. Tamang Pag-iisip
3. ***At-tamyiz***
4. Ang intensyon
5. ***ishishaabu hukmiha bi an la yanwiya qat-aha hatta yatimma tahaaratuhu*** (Ang pagkakaroon ng intensyon mula umpisa hanggang sa matapos ang kanyang wudhu').
6. ***inqitaau muujibul wudhu'*** (paglayo mula sa mga nakakasira sa wudhu').
7. ***instinjaa'*** o ***istijmaar*** bago ang wudhu'.
8. Malinis ang tubig at pagiging ***mubah*** nito.
9. Pag-alis sa kung anumang makakapigil sa pagkabasa ng balat.
10. Pagpasok ng oras ng Salah sa kung sinuman ang kanyang hadatah ay palagian.

**Pagpapaliwanag sa ibang mga kondisyon:**

- (***ishishababu hukmiha bi an la yanwiya qat-aha hatta yatimma tahaaratuhu***) ibig sabihin magpapatuloy ang intensyon mula sa unang wudhu' hanggang sa pinakahulihan nito.
- (***inqitaau muujibul wudhu'***) hindi siya magsasagawa ng wudhu' habang siya ay kumakain ng laman ng kamelyo halimbawa, o kapag siya ay umiihi, bagkus dapat matapos muna ang nakakasira ng wudhu' saka pa lamang siya magsasagawa ng wudhu'.
- (***instinjaa' o istijmaar bago ang wudhu'***) liban na lamang kapag ang pagsasagawa ng wudhu' sa kadahilan ng utot o di kaya pagtulog o di kaya pagkain ng laman ng kamelyo hindi na kailangan ang dalawa.

- (**Malinis ang tubig at pagiging *mubah* nito**) hindi maaring magsagawa ng wudhu' kapag marumi ang tubig o kinuha ng walang paalam sa may-ari [halimbawa na lang nakaw].
- (**Pag-alis sa kung anumang makakapigil sa pagkabasa ng balat**) tulad ng tinta o cutex o nail polish sa kuko dahil ito'y makakapigil sa tubig para mabasa ang bahagi ng katawan.

## Sunnah ng *fitra* (Likas sa Sangkatauhan):

***Mula sa sunnah ng fitrah:***

1. **Pagpapatuli :** ito'y *wajib* (obligado) sa mga kalalakihan at *sunnah* naman sa mga kababaihan kung kinakailangan.

2-5. **Paggupit ng bigote, pagputol ng kuko, pag-alis ng buhok sa kilikili, at pag-ahit ng buhok sa maselang bahagi:** mula kay Anas *radiyallahu anhu*: (( Binigyan kami ng panahon sa paggupit ng bigote, at pagputol ng kuko, at pag-alis ng buhok sa kili-kili, at pag-ahit ng buhok sa maselang bahagi na hindi papabayaan ng mahigit sa apatnapung gabi)). Ibig sabihin hindi maari na pabayaan ito nang mahigit sa apatnapung gabi.

6. **Pabayaan lumago ang balbas:** ang hukom niya ang *wajib* (obligado) at ang pag-ahit sa kanya ay kabilang sa malalaking kasalanan.
7. ***Assiwak*:** ito ang paggamit ng kahoy ng *arak* o katulad nito sa paglilinis ng mga ngipin. Ito'y *sunnah*, pwede itong gawin sa kahit anong oras, at sa tuwing wudhu', at Salah, at kapag papasok ng bahay, at pagbabasa ng Qur-an, at paggising, at kamatayan, at kapag nag-iba ang amoy ng bibig.

# IKALABING-TATLONG ARALIN

## *Furud* (Mga Obligado) ng Wudhu'

***Furud ng wudhu' ay anim:***

1. Paghugas ng mukha kabilang dito ang pagmumug at pagsinghot.
2. Paghugas ng kamay hanggang siko.
3. Pagpunas ng lahat ng bahagi ng ulo at kabilang dito ang tainga.
4. Paghugas ng paa hanggang bukong-bukong.
5. Pagkasunod-sunod
6. ***Almuwalah*** (tuloy-tuloy)

*Mustahab* (mainam) na ulitin ang paghugas ng mukha, at kamay, at paa ng tatlong beses, ganuon din ang pagmumug at pagsinghot, ngunit ang *fard* (obligado) ay isang beses lamang. Ang pagpunas naman ng ulo; hindi *mustahab* (mainam) ang ulitin ito, katulad ng pagkakatukoy sa mga hadith.

***Ibig ipahiwatig ng Almuwalah:***

Ito'y ang hinding pagpapatagal ng nagsasagawa ng wudhu' sa paghugas ng parte ng katawan hanggang sa ang parteng nahugasan ay natuyo.

# IKALABING-APAT NA ARALIN

**_Nawaqid_ (mga nakakasira) ng Wudhu'**
***Nawaqid ng wudhu' ay anim:***

1. Ang mga lumabas sa dalawang labasan.
2. Ang lumabas na *najis* (dumi) mula sa katawan.
3. Pagkawala ng pag-iisip o ulirat sanhi ng pagkatulog o iba pa.
4. Paghawak sa maselang bahagi gamit ang kamay,sa uhanan man ito o sa likod nang walang anumang sapin.
5. Pagkain ng karne ng kamelyo.
6. Pagtalikod sa pananampalatayang Islam.

***Importanteng Paalaala:***

Ang paghugas ng patay: Ang tama hindi ito kabilang sa nakakasira ng wudhu, ito ang ulat ng karamihan ng ating Maaalam dahil sa walang dalil (katibayan) patungkol dito. Ngunit kapag nahawakan ng naglilinis ang maselang parte ng namatay ng walang anumang sapin magiging wajib sa kanya ang wudhu'. At ang wajib sa kanya ay ang hinding paghawak sa maselang bahagi ng namatay liban na mayroong sapin.

At ganuon din ang paghawak sa babae, hindi ito nakakasira ng wudhu. Ito man ay hinawakan niya nang may pagnanasa o wala; ayon sa pinakatamang ulat ng ating Maaalam, nang walang lumalabas sa kanya na kahit ano. Dahil ang propeta hinahalikan niya ang kanyang asawa, at pagkatapos ay magsasagawa siya ng salah nang hindi nagsasagawa ng panibagong wudhu'.

Datapwat sa salita ng Allah subhaanah : ((**aw laamastumun nisaa'**)), ang ibig ipahiwatig dito'y Aljima' (pakikipagtalik) ayon sa pinakatamang ulat ng ating Maaalam, at ito din ang salita ni Ibn Abbas radiyallahu anhu, at mga grupo ng mga Ulama' mula sa unang panahon at sa kasalukuyan.

**Pagpapaliwanag sa ibang mga nakakasira:**

- (Ang lumabas sa dalawang labasan) ito'y pangkalahatan, halimbawa nito; ang ihi, tae, *manni* (semilya), *madhiy* (pre-cum), *wadiy* (malagkit na likido na sumama sa ihi), hangin, kahoy, dugo, uod, *hayd*, *nifas*.
- (Ang lumabas na *najis* (dumi) mula sa katawan) ang *raajih* (pinakatama), hindi ito kabilang sa *naqid* (nakakasira) ng wudhu' liban na lamang kung ito'y kabilang sa klase ng ihi o tae.
- (Pagkawala ng pag-iisip sanhi ng pagkatulog o iba pa) ang pagtulog ay hindi mismo ang *naqid* (nakakasira) liban na malamang may lumabas na hangin, kapag alam niya sa sarili niya na walang lumabas na kahit ano hindi ito maituturing na *naqid*.
- (Paghawak sa maselang bahagi gamit ang kamay, sa unahan man ito o sa likod nang walang anumang sapin) *rajjaha* (mas pinili) ni Shiekh Islam Ibn Taymiyyah *rahimahullah* na *mustahab* (mainam) na magsagawa ng wudhu at hindi *wajib* (obligado).

## Buod ng pamamaraan ng Wudhu' at paglalarawan nito:

- Kapag nag-intensyon na magsasagwa ng wudhu', isinabatas na magsabi ng ((***bismillah***)).
- Pagkatapos ay hugasan ang kamay ng tatlong beses, bubuhusan niya ang tubig ang kanyang kamay.
- Pagkatapos ay kukuha ng tubig gamit ang kanang kamay at magmumug, pagkatapos ay sisinghot ng tubig at ito din ay ilalabas, uulitin ito nang tatlong beses.
- Pagkatapos ay hugasan ang mukha ng tatlong beses, ang kabuohan ng mukha ay mula sa tubuan ng buhok sa ulo hanggang sa balbas, at sa pagitang ng dalawang tainga.
- Pagkatapos ay hugasan ang kamay hanggang siko ng tatlong beses, kanang kamay ang mauuna pagkatapos ay kaliwa.
- Pagkatapos ay punasan ang ulo, dadaan mula sa ulunan hanggang batok pagkatapos ay ibalik.
- Pagkatapos ay ipasok ang hintuturo sa tainga at punasan.
- Pagkatapos ay hugasan ang paa hanggang bukong-bukong nang tatlong beses. [pakitingnan lamang ang mga larawan]








- Pagkatapos maisagawa ang wudhu' kanyang sasambitin: ((**Ash-hadu an la ilaha illa Allah wahdahu la shareeka la, wa ash-hadu anna Muhammadan abduhu wa rasuluhu**)) at sa ulat ni Imam Tirmidhiy: ((**Allahummaj alniy minat tawwabiina waj-alniy minal mutatah-hiriin**)).

## Hukom (o hatol) sa anumang idadagdag sa mga isinabatas

Hindi maari na magdagdag sa anumang isinabatas patungkol sa wudhu, tulad na lamang nang lagpas sa tatlo ang paghuhugas, o ang paghugas lagpas sa siko, o lagpas ng bukong-bukong, o ang pagpunas ng batok.





## Iba pang usapin na mayroong kaugnayan sa Arkan ng Islam

### Una: *At-tahara* (Paglilinis)

#### At-tayammum:

Ito ang pamalit sa paglilinis gamit ang tubig, kapag mayroong dahilan para hindi magamit ang tubig sa katawan o sa ibang mga parte nito dahil sa kawalan ng tubig o takot na makasama ang paggamit nito, papalitan ng lupa ang paggamit ng tubig.

#### Pamamaraan ng Tayammum

Magsasagawa ng *niyah* (intensyon) ng tayammum, pagkatapos ay sabihin ang ((***bismillah***)), pagkatapos ay ihampas ang kamay sa lupa ng isang beses, pagkatapos ay ipunas sa mukha at kamay.



Hindi na isinabatas na paghiwalayin ang mga kamay habang inihamapas ang kamay sa lupa, kahit ang pagpunas sa mga daliri habang pinupunasan ang kamay.



## <u>Pamamaraan ng Obligadong Pagligo (*Ghusl*)</u>

Magsagawa ng *niyah* ng pagligo at pag-aaalis ng *janaabah*, pagkatapos ay sabihin ang ((***bismillah***)), buhusan ang buong katawan pati ang kailaliman ng buhok – makapal man ito o manipis - sa pamamagitan ng tubig, kasama na ang pagmumug at pagsinghot.

## Ang Sunnah sa Pagligo

Hugasan ang maselang bahagi, pagkatapos ang kamay, pagkatapos ay magsagawa ng wudhu' para sa Salah, pagkatapos ay basain ang buhok sa ulo, pagkatapos ay hugasan ang kanang bahagi ng katawan pagkatapos ang kaliwa, pagkatapos ay hugasan ang paa.

### Ang mga dahilan upang maging obligado ang Pagligo

1. *Aljanaabah*: ito'y kapag may lumabas na semilya sa pagtatalik man o iba pang kadahilanan.
2. Paglabas ng dugo ng *hayd* o *nifas*.
3. Pagkamatay liban sa *shaheed* (namatay sa pakikipagdigma).
4. Kapag nagmuslim ang isang hindi nanampalataya.

**Kondisyon sa Pagpunas ng *Khuf***

Dapat ay isinuot na nasa *taharah* o nahugasan ang mga paa ng tubig sa wudhu'.

Dapat ang *Khuf* (isinusuot sa paa na gawa sa leather) o medyas ay malinis.

Dapat ay matakpan paa

Dapat ang pagpunas ay para sa *hadath asgar* hindi para sa *janaabah* o anumang obligado ang pagligo.

Dapat ang pagpunas ay naayon sa tinakdang oras; ito'y isang araw *(24 oras)* para sa mga mamamayan (nakatira), at tatlong araw para sa mga naglalakbay *(72 oras)*. Magsisimula sa unang punas pagkatapos ng *hadath*.

**Pamaaraan ng pagpunas ng *Khuf***

Ang daanan lamang ng mga unahang daliri ang paa hanggang bukong-bukong, ibig sabihin ang pupunasan ang harapan ng *khuf*, at pupunasan ng dalawang kamay ang dalawang paa na magkasabay, ibig sabihin ang kanang kamay pupunasan ang kanang paa at ang kaliwang kamay ay pupunasan ang kaliwang paa nang magkasabay; katulad sa pagpunas ng tainga, dahil ito ang sunnah.

**Mga katanungan patungkol sa pagpunas**

1. Kapag natapos na ang oras ng pagpunas at inalis na ang pinunasan, mananatili ang *taharah* at hindi ito nasira.
2. Maaring punasan ang mga *khuf* at medyas na mayroong mga butas, o ang anumang makita ang balat dahil sa nipis nito.

## Mga Kaugalian sa Paggamit ng Palikuran

***Mustahab (mainam o kanais-nais):***

- Kapag papasok sa palikuran: mauuna ang kaliwang paa at kanyang sasabihin: ((***Bismillah, Allahumma inniy audho bika minal khubthi wal kabaaith***)).
- At kapag lalabas naman uunahin ang kanang paa at sasabihin: ((***gufranaaka***)).

***Hindi maari para sa kanya:***

- Ang pagdumi sa daan, sa lugar na inuupuan ng mga tao, sa ilalim ng punongkahoy, sa lugar na makakapinsala sa tao, at sa tubig na hindi umaagos.
- Ang humarap sa *qiblah* o tumalikod habang siya ay dumudumi o umiihi.
- Ang hawakan ang kanyang ari ng kanyang kanang kamay.
- Ang *magdhikr sa* Allah.

***Kapag siya'y dudumi kanyang gagamitin ang tubig bilang panglinis (istinja) o istijmaar (gamit ang bato o katulad nito), at ang kondisyon ng istijmaar:***

- Dapat ay tatlong punas o higit pa, hindi maaari na gamiting pamunas ang nagamit na.
- Dapat nakakalinis, at malalaman kung nakakalinis ito; gamitin ang bato o tissue na tuyo.
- Hindi maaari ang *istijmaar* ng anumang madumi, o anumang pinapahalagahan katulad ng pagkain, at hindi ang buto o dumi.

Maaaring umihi ng nakatayo sa kondisyon na sigurado itong walang tatalsik na ihi sa kanyang katawan o damit at hindi lalabas o makikita ang kanyang awrah: ((**dumating ang propeta sa isang pamayanan at umihi siya ng nakatayo** – tulad ng kanyang pagkakasabi)). *muttafaq alayhi*

# Mga Katanungan sa Taharah

1) **Ilan ang kondisyon ng wudhu'?**
   - O 9 O 10 O 8

2) **Ang *furud* ng wudhu':**
   - O apat na bahagi ng katawan
   - O ang mga nauna kasama ang pagkasunod-sunod at *almuwalah*

3) **Ilan ang *nawaqid* ng wudhu?**
   - O 6 O 5 O 8

4) **Ano-ano ang *naqid* ng wudhu' sa mga nasambit:**
   - O karne ng kamelyo O ingay ng tiyan O utot
   - O pagkahilo O paghugas ng patay O paghawak sa babae

5) **Paano ang pamamaraan ng *tayammum*:**

.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................

6) **Paano ang pamamaraan ng pagligo:**

.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................
.........................................................................................

**7) Ibigay ang hukom ng bawat *mas-alah* (pangyayari) sa ibaba:**

| ***Mas-alah* (sitwasyon)** | **Hukom** |
|---|---|
| Pagpapalakas ng intensyon | |
| Nag-intensyon ng wudhu' para sa isang Salah pagkatapos ay nagsagawa ng Salah ng mas marami pa rito. | |
| Nagsagawa ng wudhu' para sa pagbasa ng Qur-an pagkatapos ay nagsagawa ng Salah | |
| Pagsira ng intensyon sa kalagitnaan ng wudhu' | |
| Pagsira ng intensyon pagkatapos ng wudhu' | |
| Nagsagawa ng wudhu' habang sa kanyang bukong-bukong ay masa (dough) | |
| Nagsagawa ng wudhu' habang kumakain ng laman ng kamelyo | |
| Nagsagawa ng wudhu' gamit ang tubig na ninanakaw | |
| Nagsagawa ng wudhu bago ang istinja' wa istijmar | |
| Pagkuha ng bagong tubig para punasan ang taynga | |
| Pagpunas ng ulo nang tatlong beses | |
| Pagsasagawa ng wudhu' nang paulit-ulit | |
| Ang pagsasagawa ng tatlong ulit | |
| Paghugas ng *khuff* sa wudhu' | |
| *Takhlil* ng balbas | |
| Paghilod sa wudhu' | |
| Pagpunas sa bahagi na obligadong hugasan | |
| Paghugas ng ulo | |
| Pagpasok ng kamay sa lalagyan ng tubig | |
| Pagpapa-una ng kanan sa wudhu' | |
| Pagdagdag ng higit sa tatlo sa paghugas | |
| Paghugas ng bukong-bukong | |
| Pagsasagawa ng Salah pagkatapos lumango ng alak | |
| Pagsasagawa ng Salah pagkatapos maligo nang hindi nagsasagawa ng wudhu | |

**Pangalawa: Az-zakah (Kawang-Gawa)**

***Ito'y nahahati sa dalawa:***

### *Zakah ng katawan*

Ito ang *zakatul fitr*, obligado sa bawat muslim na matanda o bata, lalaki o babae, alipin o malaya.

### *Zakah ng pera o yaman*

Ito ang pangatlong rukon (haligi) mula sa mga haligi ng Islam, at ito'y wajib (obligado) sa bawat Muslim na malaya, nagmamay-ari, nasaban (umabot na sa timbangan), at walang zakah hanggang sa umabot sa kanya ang hawl (isang buong taon) liban sa mga mula sa ilalim ng kalupaan at anumang sumunod sa orihinal nito katulad ng dagdag sa nisab o kita sa kalakalan dahil ang hawl nito'y kasama sa orihinal nila. Ito naman ay nahati sa apat:

#### ***An-naqdayn***

Ginto at pilak kasama na rito ang mga salapi at iba na kasing-kahulugan nito. Nisab ng ginto ay 20 *mithqal* (85 gramo) at *nisab* ng pilak ay 200 *dirham* (595 gramo)

#### ***Assaimatu* mula sa *bahimatul an-am***

Ito ang pag-aalaga ng hayop na halal; isang buong taon o mas higit pa.

Ibig ipahiwatig ng *bahimatul an-am* : Kamelyo, baka at tupa (kambing).

#### **Ang inilabas ng kalupaan *(Produkto ng Lupa)***

Ito ang mga bunga at prutas

#### ***Urudh Atijaarah***

Ito'y kabilang sa pagbenta at pagbili.

## Ang mga Makakatanggap ng Zakah

1. **Ang mga *faqir*:** sila yaong mga nangangailangan na walang mahanap na kahit ano o mayroong mahanap ngunit hindi sapat.

2. **Ang mga *miskin*:** sila yaong mayroon maitugon ng higit o kalahati ng kanilang pangangailangan. Kung ilalagay natin ang pangangailangan sa isang taon ay 12000; para sa faqir hindi aabot sa 6000 ang mayroon siya sa loob ng isang taon o wala talaga sa kanya kahit ano, ang miskin naman mayroon siyang 6000 sa isang taon o mas marami pa hindi lamang aabot sa 1200. Ibibigay natin sa *faqir* at *miskin* anuman ang kanyang pangangailangan sa isang taon dahil ang *Zakah* ay sa loob ng isang *hawl*.

3. **Ang mga naglilingkod sa pagtitipon ng Zakah**: sila yaong mga nagtitipon o nangangalap nito at nangangalaga at binigyan ng karapatan sa pagbahagi. Ang *wali amr* ang magbibigay sa kanila ng kapangyarihan, at hindi kondisyon na sila ay kabilang sa mga mahihirap bagkus sila ay bibigyan kahit pa sila ay mayaman.

4. **Ang mga mapalulubag-loob ng mga puso**: sila yaong mga hinahangad na pumasok sa Islam o tumigil ang kanilang kasamaan o upang lumakas ang kanyang pananampalataya.

5. ***fi Arriqab*:** sila yaong:
   - *almukatab almuslim*, siya ay isang alipin na binili ng kanyang sarili ang kanyang kalayaan.
   - Ang pagpapalaya sa mga aliping muslim.
   - Muslim na bihag ng kalaban.
   - At hindi kabilang ang pinalaya ng kanyang amo pagkatapos ay kukuha ng pera sa zakah, hindi ito maaring gawin.

6. ***Algharimun* (may pagkakautang):** sila yaong:
   - Nagkautang upang magkasundo ang dalawang panig na magkaaway.
   - walang kakayahang bayaran ang kanyang pagakakautang.
   - Hindi magiging sapat na mawala ang responsibilidad ng isang mahirap na may utang sa intensyon ng zakah.

7. **Pakikibaka alang-alang sa Allah**: tinutukoy dito ang pakikipagdigma kasama na ang mga pangangailangan mula sa mga armas at iba pa.
8. ***Ibn Assabil***: Ito yaong naglalakbay at naubusan ng panggastos, bibigyan siya ng panustus upang makabalik siya sa kanyang lugar.

Maaaring ibigay sa isa man sa kanila, at hindi maaaring ibigay ang *zakah* sa isang mayaman o sa isang malakas na may kakayahang maghanapbuhay, at hindi rin sa pamilya ni Muhammad; sila ang angkan ni Hashim, at hindi rin sa sinuman na obligado sa kanya na tustusan ang pangangailangan nito, at hindi rin sa isang kaafir. Ngunit ang *sadaqah tatawwu'* maari itong ibigay sa kanila at sa iba pa, ngunit kung saan mas malaki ang kabutihan - pangkalahatan man o natatangi – ito ang pinakamainan o kumpleto.

## Mga importanteng kahulugan

– ***Bint makhadin*** mula sa lahi ng kamelyo, ang gulang ay isang taon, tinawag nang ganito dahil ang kanyang ina ay buntis.
– ***Bint labun*** mula din sa lahi ng kamelyo, ang gulang ay dalawang taon, tinawag nang ganito dahil ang kanyang ina ay may gatas.
– ***Alhiqqah*** mula din sa lahi ng kamelyo, ang gulang ay tatlong taon.
– ***Aljada-'ah*** mula din sa lahi ng kamelyo, ang gulang nito'y apat na taon.
– ***Attabii' o Attabiah*** mula sa lahi ng baka, ang gulang nito'y isang taon.
– ***Almusinnah*** mula din sa lahi ng baka, ang gulang nito'y dalawang taon.

## Mga Halaga ng Zakah

<table>
<tr><th>Amwal (yaman)</th><th>Alhawl</th><th>Annisab</th><th>Porsyento ng Zakah</th></tr>
<tr><td>Assaimah mula sa bahimatul an-am</td><td>kabilang sa kondisyon</td><td>tingnan ang talaan pagkatapos</td><td>tingnan ang talaan pagkatapos</td></tr>
<tr><td rowspan="3">Ang inilabas ng kalupaan (produkto ng lupa)</td><td rowspan="3">hindi kondisyon</td><td rowspan="3">300 saa'</td><td>pinatutubigan ng ulan o ilog 10%</td></tr>
<tr><td>pinatutubigan ng Annadh (patubig) 1/2 (10%)</td></tr>
<tr><td>pinatutubigan ng dalawa sa kanila 3/4 (10%)</td></tr>
<tr><td>Al-athman</td><td>kabilang sa kondisyon</td><td>85 gramo kung Ginto at 595 gramo kung ito'y Pilak</td><td>1/4 (10%)</td></tr>
<tr><td>Urudh Attijarah</td><td>kabilang sa kondisyon</td><td>Titimbangin sa pinakamainam para sa mga mahihirap mula sa ginto o pilak</td><td>1/4 (10%)</td></tr>
</table>

***Nisab ng zakah ng saimah mula sa bahimatul an-am at ang bilang nila:***

**_Alghanam: Adda'n at Almaaiz_**

| bilang: *mula* | bilang: *hanggang* | Zakah nito |
|---|---|---|
| 40 | 120 | shah (kambing) |
| 121 | 200 | 2 shah (kambing) |
| 201 | 300 | 3 shah (kambing) |
| pagkatapos sa bawat 100 ay isang shah | | |

Hindi maaaring gawing sadaqah: *taysun* (lalaking ma'z), ni ang *harimah*, ni mayroong depekto, ni hindi ang pinakamapangit na pagmamay-ari.

At hindi rin maaaring gawing sadaqah: ang payat, bagong panganak, matakaw kumain, ni ang pinagpiliang pagmamay-ari.

**Kamelyo na mayroong isang sanam o dalawa**

| bilang: *mula* | bilang: *hanggang* | Zakah nito |
|---|---|---|
| 5 | 9 | shah |
| 10 | 14 | 2 shah |
| 15 | 19 | 3 shah |
| 20 | 24 | 4 shah |
| 25 | 35 | bint makhadh |
| 36 | 45 | bint labun |
| 46 | 60 | hiqqah |
| 61 | 75 | jadaah |
| 76 | 90 | 2 bint labun |
| 91 | 120 | 2 hiqqah |
| 121 | 129 | 3 bint labun |

pagkatapos sa bawat 40 isang bint labun at sa bawat 50 isang hiqqah. Ang *waqs* ay mula 9 pababa (at siya ay pagitan ng dalawa)

**Ang baka**

| bilang: *mula* | bilang: *hanggang* | Zakah nito |
|---|---|---|
| 30 | 39 | tabiun o tabiah |
| 40 | 59 | musinnah |
| 60 | 69 | 2 tabiah |

pagkatapos sa bawat 30 isang tabiun at sa bawat 40 isang musinnah **[pakitingnan lamang ang talaan sa pahina 126 para sa mga kahulugan nito]

## Mga Katanungan sa Zakah

1) **Hindi ma-oobligado ang zakah hangga't hindi ito umabot ng isang *hawl*; at ito'y isang taon:**
   - O hijri O gregorian O walang pinag-iba

2) **Nisab ng ginto ay:**
   - O 85 g O 595 g O 95 g

3) **Nisab ng pilak ay:**
   - O 200 dirham O 595 g O lahat ng nabanggit

4) **Bahimatul an-am kinapalooban ito ng kamelyo, baka, at kambing.**
   - O tama O mali

5) **Walang zakah sa mansanas.**
   - O tama O mali

6) **Assamiah ay:**
   - O ito ang umaakyat ang presyo
   - O ito ang inalagaan ng isang hawl o madami pa

7) **Ang inaalagaan na mubah ay:**
   - O ito ang kumakain ng mga mabubuti
   - O ito'y walang nagmamay-ari

8) **Kapag sinabing *masakin* nakapasok na dito ang mga *fuqara'*.**
   - O tama O mali

9) **Bibigyan ang *faqir* na makakasapat sa kanyang pangangailang ng:**
   - O isang taon O isang buwan

10) **Ang naglilingkod sa pangangalaga sa zakah sila ang:**
   - O lahat nang nagtratrabaho sa kanya
   - O silang lamang ang inutusan ng sultan

**11) Kuwentahin ang *miqdar* (dami) ng ibibigay na zakah.**

| Yaman | *Miqdar* | *Waqs* kung mayroon man |
|---|---|---|
| 100 dirham | | |
| 300 dinar | | |
| 400 dirham | | |
| 80 gram ng ginto | | |
| 500 gram ng pilak | | |
| 30 kambing | | |
| 60 kambing | | |
| 565 kambing | | |
| 4 na kamelyo | | |
| 17 na kamelyo | | |
| 449 na kamelyo | | |
| 30 baka | | |
| 49 baka | | |
| 77 baka | | |
| 99 baka | | |
| 20 milyon riyal | | |
| 40 riyal | | |
| 45679 riyal | | |
| 255 sa' ng harina | | |

**12) Ang mga mapalulubag-loob ng mga puso kabilang dito ang kafir kahit hindi niya gustong pumasok sa Islam.**

O tama O mali

**13) Kapag pinalaya ang isang alipin ng kanyang amo, bibigyan siya (amo) mula sa zakah.**

O tama O mali

**14) Isang mayaman hinihingi mula sa mahirap ang bayad, hindi kayang ibigay ang bayad at binilang ito mula sa zakah.)**

O tama O mali

**15) Ang *fi sabilillah* (alang-alang sa daan ng Allah) napapaloob dito ang lahat ng paggawa ng kabutihan tulad ng paggawa ng Masjid.**

O tama O mali

**16) Bibilangin ang zakah ng *naqdayn* ng 40%.**

O tama O mali

**17) Wajib ang zakah sa *saaimah* ng *bahimatul an-am* at hindi sa hindi-*saimah*.**

O tama O mali

**18) Wajib ang zakah sa mga bunga at prutas kapag umabot sa *nisab*, at ito'y bibilangin sa oras na mahinog.**

O tama O mali

**19) Wajib ang zakah sa mga bunga at prutas na 1/2 10% kung ito'y pinatubigan sa sarili niyang gastos.**

O tama O mali

**20) Wajib ang zakah sa ginto kapag ito'y umabot sa *nasab* at ito'y 20 *mithqal*.**

O tama O mali

**21) Piliin sa ibaba ang wajib bigyan ng zakah.**

O Manok
O tindahan
O Mga kambing pinapakain ng feeds
O kamelyo *saimah*
O date palm
O 25 *mithqal* ng ginto

**22) Ang *tabii'* mula sa baka ay yaong umabot sa 2 taon.**

O tama O mali

**23) Ititimbang ang paper money sa:**

O *urudh tijarah*
O sa presyo ng nisab ng ng ginto o pilak
O sa presyo ng nisab ng ginto at pilak

**24) Ang wajib sa zakah ng paper money ay:**

O 1/4 ng 10% O 1/2 ng 10%

**25) 80 gramo ng ginto, ang zakah nito:**

O 2 gramo O 4 gramo O walang zakah

**26) Wajib na bigyan ng zakah ang bahay para gawing tirahan.**

O tama O mali

**27) Lahat ng manlalakbay ay bibigyan mula sa zakah dahil sila ay *ibn sabil*.**

O tama O mali

**<u>Pangatlo</u>: As-siyam (Pag-aayuno)**

Literal na kahulugan: *Al-Imsak* o Ang pagpipigil, at kahulugan pang-Islamiko: Ang pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pagpigil mula sa pagkain at pag-inom at lahat ng nakakasira ng pagaayuno mula sa pagsikat ng *fajar saadiq* hanggang sa paglubog ng araw.

**Rukun ng Pag-aayuno**

- **Ang intensyon**
- **Pagpipigil mula sa mga nakakasira**

***Ang intensyon sa fard***

Nararapat ng pag-intensyon sa gabi kung ito'y *fard* o bago ang *fajar*, sapat na mag-intensyon sa pagpasok ng buwan, at ang lugar ng intensyon ay ang puso at ang pagpapalakas ng pagbigkas nito'y isang uri ng *bid-ah*.

***Ang intensyon sa nafal***

Ito'y maaring gawin sa anumang oras sa umaga, kung hindi pa niya nagawa ang anumang nakakasira ng pag-aayuno, ngunit bibilangin ang gantimpala mula sa oras nang siya ay nag-intentesnyon.

**Mga Uri ng Pag-aayuno**

**Wajib:**

Sa buwan ng ramadhan, *kaffarat* at *nadhar*

**Nafal:**

Liban sa mga nabanngit na wajib

## Shurut sa Pagkaobligado ng Pag-aayuno

1. *Al-Islam*
2. Tamang pag-iisip
3. *Albulugh* (tamang gulang): kung hindi *baaligh* mainam na siya'y tuturuan at uutusan ng kanyang *waliy*.
4. *Al-istitaan*: hindi magiging *wajib* sa isang naglalakbay, ngunit pinakamainam na siya'y mag-ayuno kung walang anumang mararanasang hirap sa paglalakbay; dahil sa nagawa ito ng Propeta, at dahil upang mapabilis ang pagkawala mula sa nakapatong na responsibilidad, at ito'y mas madali para sa mga *mukallaf*, at para matamasa ang kainaman ng buwan
5. Ang kalusugan
6. Walang *hayd* o *nifas*

## Mga Uri ng Sakit sa Pag-aayuno

### Sakit na hindi na maaring gumaling

Kabilang dito ang mga matatanda na walang kakayahang mag-ayuno, hindi obligado ang pag-aayuno para sa kanila ngunit sila'y magpapakain sa bawat araw ng isang *miskin*, o di kaya ay iipunin sila katumbas ng araw na hindi nila napag-ayunuhan at pagkatapos sila'y pakakainin sa tanghali man o sa gabi, o di kaya ay maghanda ng pagkain sa kanila katumbas ng araw na kanyang naiwan; sa bawat isang Miskin ay 1/4 saa' katumbas ng 1/2 kilo 10 gram ng arina na mainam. Mainam pa dito na dagdagan niya ng ulam mula sa laman o taba.

### Sakit na maaring maalis ngunit magiging mahirap para sa nag-aayuno

Kabilang dito ang mayroong *hayd*, *nifas*, kabilang na dito ang inang nagpapasuso ng anak, at manlalakbay. Babayaran na lamang niya ang naiwan nilang araw ng pag-aayuno. At kapag siya'y namatay bago pa man gumaling wala na siyang pananagutan pa rito.

**Paano mapagtitibay ang pagpasok ng buwan ng Ramadhan?**

Ito'y maaari sa pamamagitan ng pagsipat o pagtanaw sa *hilal* o buwan ng Ramadhan, o ang pagkumpleto ng sha'ban ng tatlongpung araw.

**Mga Nakakasira ng Pag-aayuno**

1. Sadyang pag-inom o pagkain, kung siya'y nakalimot; ang kanyang pag-aayuno ay mananatili pa ring nasa tama.
2. Pakikipagtalik: kapag ito'y sa araw ng ramadhan at ang pag-aayuno ay *wajib* kailangan niya ng *kaffarah mughalladhah*; ito ang pagpapalaya ng alipin, kung hindi makahanap siya'y mag-aayuno ng dalawang buwan na magkasunod, kung hindi makakayanan magpapakain ng animnapung *miskin*.
3. Paglabas ng semilya dahil sa *foreplay* o paghalik o pagyakap o anumang katulad nito.
4. Anumang kapalit ng pagkain at pag-inom, tulad ng iniksyon na katumbas ng pagkain kung hindi naman ito pagkain; hindi ito kabilang sa nakakasira ng pag-aayuno.
5. Paglabas ng dugo gamit ang *hijamah*, at ang paglabas ng kaunting dugo dahil sa check-up o anumang katulad nito; hindi kabilang sa nakakasira ng pag-aayuno.
6. Sadyang pagsuka.
7. Paglabas ng dugo ng *hayd* o *nifas*.

**Kabilang sa maaaring gawin ng isang nag-aayuno**

Paglunok ng laway, pagtikim ng pagkain kung kinakailangan, pagligo, paggamit ng siwak, pagpapabango, pagpapalamig.

## Mga *Mustahab* sa Pag-aayuno

1. *Assuhur*
2. Pagpapahuli ng *suhur*
3. Pagmamadali sa *fitr*
4. Ang pag-iftar sa pamamagitan ng *rutab*, kung wala naman ay tamar at dapat ay ayon sa bilang ng *witr* (gansal), kung wala naman maari ang pag-inom ng tubig, kung walang mahanap na anumang pang-iftar; maari na siya'y mag-intensyon na lamang ng *fitr*.
5. Ang panalangin sa oras ng *fitr* o kalagitnaan ng pagaayuno
6. Pagpapadami ng *sadaqah*
7. Ang pagsasagawa ng Salah sa mga gabi
8. Pagbabasa ng Qur-an
9. Pagbanggit ng (*inniy saaim*) sa sinumang inaaway siya
10. Ang pasasagawa ng Umrah
11. Pagsasagawa ng I'tikaf sa huling sampung gabi ng Ramadhan
12. Paghahanap sa *laylatul qadar*

## Ang mga *Makruh* sa Pag-aayuno

1. Ang sobrang pagmumug at pagsinghot.
2. Pagtikim ng pagkain na hindi naman kinakailangan.

## Ipinagbabawal sa Nag-aayuno

1. Ang paglunok ng plema at hindi ito nakakasira.
2. Ang paghalik, ito'y pinagbabawal sa sinumang hindi niya mapapangalagaan ang kanyang pag-aayuno mula sa pagkasira nito.
3. *Qawl Azzuur* (ito ang paggawa ng mga haram).
4. *Al-jahal* (ito ang kamangmangan o kahangalan at walang kainaman).
5. *Al-wisaal* ( hindi siya mag-iiftar ng dalawang araw na magkasunod).

## Pag-aayuno ng *Nafl*:

1. Pag-aayuno ng anim na araw sa buwan ng Shawwal sa sinuman ang nakakumpleto ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, at nararapat ay sunod-sunod mula sa pangalawang araw.
2. Pag-aayuno sa araw ng Arafah sa sinuman na hindi nagsasagawa ng Hajj.
3. Pag-aayuno sa araw ng Ashura', kasama ang ika-siyam at labing-isang araw.
4. Pag-aayuno sa araw ng lunes at huwebes.
5. Pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, pinakamainam ang *ayyamul biyd* (13 – 14 – 15) [ng hijrah calendar].
6. Pag-aayuno ng isang araw at kinabukasan ay iftar.
7. Pag-aayuno sa banal na buwan ng Allah; ang Muharram
8. Pag-aayuno sa unang siyam na araw sa Dhul Hijja
9. Pag-aayuno ng Sha'ban ngunit hindi ito ikukumpleto.

## Pag-aayuno na *Makruh*

*Makruh* ang pagbubukod-tangi ng pag-aayuno sa araw ng biyernes o sabado o linggo, ngunit kung mayroon itong rason tulad ng pag-aayuno sa araw ng Arafah; maaari itong gawin.

## *Pag-aayuno na Muharram (Ipinagbabawal)*

1. Pag-aayuno ng bukod-tangi sa buwan ng *Rajab*.
2. Pag-aayuno sa dalawang araw ng *Eid*.
3. Pag-aayuno sa araw ng *shak*.
4. Pag-aayuno sa araw ng *tashreeq* liban sa walang *hadiy*.
5. Pag-aayuno ng isang buong taon.

## Mga Hukom sa Qada' (Pagbabayad)

- *Mustahab* ang pagkasunod-sunod sa *qada'*.
- Nararapat na madaliin ito pagkatapos ng araw ng Eid.
- Hindi maari ang pagpapahuli ng *qada'* hanggang sa dumating ang panibagong Ramadhan.
- Kung ito'y ipapahuli ng walang dahilan, hindi na obligado ang pag-aayuno na kanyang naiwan liban na lamang mayroong siya kasalanan.

## Zakatul Fitr

Obligado sa sinuman na lulubog sa kanya ang araw ng huling araw mula sa buwan ng Ramadhan at siya ay Muslim, maging ito'y matanda o bata, lalaki o babae, alipin o malaya, at mayroong siyang labis na pagkain na katumbas ng isang saa' sa araw ng *Eid* at gabi nito, at *mustahab* para sa batang nasa sinapupunan.

Ang *hikmah* sa pagsasabatas nito:

- Pagdadalisay sa nag-aayuno mula sa walang pakinabang na gawain o kasamaan.
- Ito'y makakatulong sa mga mahihirap at mga nangangailangan sa araw ng *Eid* upang di na sila manghingi pa.

### Oras para ilabas ang *Zakatul Fitr*:

| Oras ng *jawaaz*: | Oras ng *mustahab*: | Oras ng *tahreem*: |
|---|---|---|
| Bago ang *Eid* ng isa o dalawang araw. | Bago ang salah ng *Eid* pagkatapos ng fajar. | Pagkatapos ng *Eid* |

## Timbangan ng Zakatul Fitr

*Saa'un* mula sa pagkain na kinakain ng mga tao, hindi magiging katanggap-tanggap kung ito'y pera, at ang timbangan ng saa' ay 2.40 kilo ng harina.

## Salatul Eid

Ito'y *fard ayn* sa bawat isa, magsasagawa ng salah pagtapos ng pagsikat ng araw na kasing haba ng pana hanggang *zawal*. Hindi na kailangan ang *qada'* (pagbabayad) kapag nakaligtaan. At ang sunnah ay idadaos sa disyerto labas ng kabahayan ngunit maari ring gawin sa masjid. At kumain ng tamar sa bilang na *witr* (gansal) bago ang Eid, at pagkatapos ay maglinis, magpabango at magsuot ng pinakamagandang damit. Pumunta at bumalik sa magka-ibang daanan, walang masama kung magsasabi ng: (*taqabballahu minna wa minkum*). Sunnah din ang pagtakbir sa gabi ng Eid at pagkatabos ng bawat obligadong Salah hanggang sa paglubog ng araw sa araw ng Eid, ang pamamaraan ng takbir: (*Allahu Akbar, Allahu Akbar, la ilaha illa Allah, Allahu Akbar, Allahu Akbar, wa lillahil hamd*). Ang pamamaraan ng Salatul Eid ay dalawang rakaah bago ang khutbah, magtakbir sa unang rakaah ng anim na beses pagkatapos ng *takbiratul ihram*, at sa pangalawang rakaah bago pa ang pagbabasa; magtakbir ng limang beses hindi pa kabilang ang takbir sa pagtayo.

## Mga Katanungan sa Pag-aayuno

**1) Ilan ang haligi ng pag-aayuno?**

O 2 O 3 O 4

**2) Kani-kanino wajib ang pag-aayuno?**

.....................................................................................
.....................................................................................
.....................................................................................
.....................................................................................
.....................................................................................
.....................................................................................
.....................................................................................

**3) Lahat ng maysakit ay pinipigilan na mag-ayuno.**

O tama O mali

**4) Ibigay ang hukom ng bawat *mas-alah* (pangyayari) sa ibaba:**

| ***Mas-alah* (sitwasyon)** | **Hukom** |
|---|---|
| Nag-intensyon ng pag-aayuno pagkatapos ng Fajar | |
| Pag-aayuno ng walang intensyon | |
| Pag-aayuno ng bata | |
| Pag-aayuno ng isang naglalakbay | |
| Pag-aayuno ng may *nifas* | |
| Pag-aayuno ng walang kakayahan | |
| Kumain siya habang nag-aayuno | |
| Iniksyon na katumbas ng pagkain sa isang nag-aayuno | |
| Mga pinapatak sa mata | |
| Injection pampakalma | |
| Ang *hijamah* | |
| Pagsusuka | |
| Paglunok ng laway | |
| Pagtikim ng pagkain | |
| Pagtulog | |

| | |
|---|---|
| Pagligo | |
| Pagpapalamig | |
| Paggamit ng siwak | |
| Bukhoor uri ng pabango | |
| Oras ng *suhur* | |
| Ano ang kinakain sa suhur? | |
| Ano ang kinakain sa pag-iftar? | ............... kung wala ay ............... kung wala ay ............... kung wala ............... |
| Salatul Taraweh | |
| Umrah sa Ramadhan | |
| Ang labis na pagmumumog at pag-singhot ng tubig | |
| Ang paghalik ng nag-aayuno | |
| Ang *wisal* pag-aayuno ng magkasunod na dalawang araw | |
| Pag-aayuno ng 6 na araw sa Shawwal | |
| Pag-aayuno sa araw ng Arafah | |
| Pag-aayuno sa araw ng *shak* | |
| Pag-aayuno sa araw ng Eid | |
| Pag-aayuno sa araw ng *tashriq* | |
| Pag-aayuno sa buwan ng Muharram | |
| Pag-aayuno sa buwan ng Rajab | |
| Pag-aayuno ng isang buong taon | |
| Pag-aayuno sa araw ng Jumuah | |
| Pinapahuli ang *qada'* (pagbabayad) hanggang sa dumating ang panibagong Ramadhan | |

## Pang-apat: Ang Hajj

Ang Hajj ay panglimang *rukon* (haligi) mula sa mga haligi ng Islam, at ito'y *wajib* sa kondisyon; Al-Islam, tamang pag-iisip, *bulugh*, malaya, may kakayahan, at karagdagan para sa mga kababaihan ay dapat magkaroon ng *mahram* kung kailangan niya'ng maglakbay para maisagawa ang Hajj. Ang *arkan* (mga haligi) nito'y apat:

| ***Al-ihram*** | ***Pananatili sa Arafah*** | ***Tawaf Al-ifadah*** | ***Assai'y*** |
|---|---|---|---|
| Ito ang intensyon para pumasok sa nusuk, at ito'y hindi talbiyah at hindi rin ang pagsuot ng Izar (tapis) at rida' (balabal). | Mula *zawal* sa ikasiyam na araw ng Dhul Hijja hanggang sa pagsikat ng *fajar* sa araw ng Eid. Sabi ng Propeta ﷺ: ((**Ang Hajj ay Arafah**)). | (*tawaf azziyarah*) ito'y pagkatapos nang pananatili sa Arafah, at hindi ito *tawaf alqudum*. | Sa pagitan ng Safa at Marwah,sabi ng Allah: (**katotohan ang Safa at Marwah mula sa mga tanda ng Allah**). |

### Mga Uri ng Nusuk

| **Al-ifrad** | **Alqiraan** | **Attamattu'** |
|---|---|---|
| Ito ang intensyon na Hajj lamang, at isasagawa niya ang gawain ng iisa lamang. | Ito ang intensyon na Hajj at Umrah na magkasama sa isang gawain, at nararapat na mag-alay siya ng *hadiy*. | Ito ang intensyon na Umrah sa buwan ng Hajj, pagkatapos ay magintensyon ng Hajj sa taon na iyon, at nararapat na mag-alay siya ng *hadiy*. |

## Ang mga *Wajib* (obligado) sa Hajj

Sinuman ang may maiwan mula sa mga wajib ng Hajj magiging obligado sa kanya ang *dam*; ito'y *shah* (tupa) na kanyang kakatayin sa haram makkiy at ipamimigay sa mga mahihirap ng Makkah, at hindi maaari para sa kanya ang kumain mula rito.

- Ang *Ihram* sa *meeqat*
- Ang pananatili sa Arafah hanggang paglubog ng araw sa sinuman ang nagsimula sa araw.
- Ang pananatili sa gabi sa Mudzdalifa
- Pananatili sa gabi sa Mina sa mga gabi ng *tashriq*
- Ang pagbato sa jamarat na pinakamalaki
- Ang pagpapagupit o pag-ahit ng buhok.
- *Tawaful wada'* sa mga walang *hayd* at *nifas*, sa sinuman ang gustong umalis ng Makkah kahit pagkatapos ng mga buwan ng Hajj.

## Ang mga *Meeqat* ng Hajj at Umrah

### Panahon

Ito ang mga buwan ng Hajj: Shawwal, Dhul Qa'dah at Dhul Hijja.

Ang mga *meeqat* na ito'y natatangi lamang sa Hajj, ngunit sa Umrah walang natatanging panahon ang pagsasagawa nito.

### Lugar

– Dhul hulayfah para sa mga taga Madinah at sinuman ang dadaan dito.
– Aljuhfah para sa taga Shams, Egypt at Morroco.
– Qarn Almanazil para sa mga galing ng Najd
– Yalamlam para sa taga Yemen
– Dhata Irq para sa mga taga Iraq

## Mga *Mustahab* ng Hajj

- Ang pagpaligo para sa Ihram at pagpapabango
- Pagsuot ng *izar* (tapis) at *rida'* (balabal) na puti sa mga kalalakihan
- Pagputol ng mga kuko at pag-alis ng buhok na kinakailangan niyang alisin bago pa man pumasok sa Ihram
- Ang *talbiyah* mula ng Ihram hanggang sa pagbato ng *jamrah aqabah*
- *Tawaful qudum* para sa nagsasagawa ng Ifrad at Qiran
- *Alramal* sa unang tatlong ikot sa *tawaful qudum* at tawaf sa Umrah ng nagsasagawa ng Tamattu'. Ang *ramal*: ito ang pagpapabilis sa paglakad.
- *Al-idhtiba'* sa *tawaful qudum* at tawaf ng Umrah sa nagsasagawa ng Tamattu'. Ito ang pagpapakita ng balikat sa gawing kanan.
- Ang *jama* ng Maghrib at Iesha sa Mudzdalifa sa sinuman ang dumating dito.
- Pananatili sa gabi sa Mina sa gabi ng Arafah
- Paghalik sa *hajar Alaswad*
- Ang pananatili sa Mudzdalifa; sa lugar na tinatawag na *Almash-ar Alharam* mula Fajar hanggang malapit ang pagsapit ng bukang liwayway. At maaari na manatili sa buong Mudzdalifa dahil ito'y sakop ng mawqif.

## Ang mga Ipinagbabawal sa Ihram

Ito'y siyam: Pagputol o paggupit ng buhok sa ulo man o katawan, pagputol ng mga kuko, pagtakip ng ulo sa pamamagitan ng pagdikit nito para sa kalalakihan, pagsusuot ng mga tinahi (damit) para sa kalalakihan; ito'y mga iniayon sa katawan o sa isang parte nito, pagsusuot ng *niqab* at *qaffazin* (guwantes) para sa mga kababaihan, ang pabango (tulad ng sabong mabango), ang pagpatay ng hayop sa kalupaan at pangangaso nito, *aqdun* (pagsagawa ng) *nikah* sa sarili niya o sa iba, ang pagtatalik, foreplay hindi kasama ang maselang bahagi.

Sinuman ang makagawa ng anuman dito nakalimutan o hindi alam o *makruh* walang anumang ipapataw sa kanya, liban sa pagpatay ng hayop; marapat na siya ay magbigay ng *fidyah*. Para naman sa sinadyang gawin ang anuman dito, ito'y nahati sa apat:

| **Walang fidyah** | **Mayroong fidyah na katulad niya** | **Mayroong fidyah mughalladah *(malaki)*** | **Mayroon fidyah na tinatawag *fidyah adhan*** |
|---|---|---|---|
| Ito ang Aqdun nikah kasama na dito kung ginawa niya para sa sarili niya o para sa iba, ganuon din sa foreplay na hindi kasama ang maselang bahagi; at kapag hindi naman nagbulalas walang anumang kaffarah, bagkus humingi na lamang ng kapatawaran. | Ito ang pagpatay sa hayop sa kalupaan at pangangaso nito, kung sinuman ang nakapatay para sa kanya ay fidyah. Ito ang hayop na ipapataw ng isang adl makatarungan na tao. | Ito ang pagtatalik, kung ang pagtatalik ay bago ang tahallul; nasira ang kanyang Hajj at kailangan niya paring itong ipagpatuloy at marapat niyang ulitin ang Hajj at oblidago sa kanya ang badanah (kamelyo). | Ito ang mga naiwan mula sa mga ipinagbabawal at ang fidyah ay pagpili mula sa: Pag-ayuno ng tatlong araw o pagpapakain ng anim na mahihirap na ang bawat isa sa kanila ay kalahating saa' o pagkatay ng tupa at ipamimigay sa mga mahihirap sa loob ng Makkah. |

## Mga Pangalan ng mga Araw sa Hajj

| **Yawmut tarwiyyah** | **Yawm Arafah/ Alwaqafah** | **Yawmul Eid o yawmun nahar** | **Yawmul qar** | **Yawmun nafar al-awwal** | **Yawmun nafar ath-thaniy** |
|---|---|---|---|---|---|
| Ito ang ikawalong araw, ginagawa nila nagdadala sila ng tubig papunta sa Mina. | Ito ang ikasiyam na araw | Ito ang ikasampung araw | Ito ang ikalabing isang araw | Ito ang ikalabing dalawang araw | Ito ang ikalabing tatlong araw |

At ***laylatu jam-in*** ito ang gabi ng Eid, tinawag ito ng ganito dahil sa *ijtima'* o pagtitipon ng mga tao pagkatapos ng pagtayo sa Arafah; dahil ang mga taga Makkah sa panahon ng *jahiliyyah* hindi sila lumalabas papuntang Arafah.

## Mga lugar ng panalanginan sa Hajj ay lima:

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| sa Arafah pagkatapos ng *zawal* ikasiyam na araw hanggang sa paglubog ng araw. | sa Mudzdalifah pagkatapos ng Fajar ikasiyam hanggang lumiwanag. | pagkatapos batuhin ang *jamarah sughrah* at *wusta* sa araw ng *tashriq*. | habang nagsasagawa ng *tawaf* | habang nagsasagawa ng *saiy* sa Safa at Marwah at sa pagitan nito. |

**Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Hajj at Umrah**
**Sh. Saleh Al-uthaymin *rahimahullah***

At kapag kayo ay darating sa *meeqat*; maligo kayo at magpabango sa inyong katawan kasama ang ulo at balbas pagkatapos ay mag-*ihram* (mag-intensyon) ng umrah *mutamatti'*. Maglakbay papuntang Makkah habang nagtatalbiyah at kung inyong mararating ang *baytul haram*; magsagawa ng tawaf na pitong ikot at itong tawaf ay para sa Umrah *tawaful umrah*. Pakaalamin na ang lahat ng lugar sa Masjid ay lugar na maaring isagawa ang tawaf malapit man sa Ka'bah o malayo, ngunit ang pinakamainam ay yaong pinakamalapit; kung hindi makakadagdag sa kasikipan ng lugar dahil kung magkagayon ay lumayo ka dito - ang paksa ito'y madali Alhamdulillah -. Kapag inyo nang natapos ang tawaf; magsagawa ng Salah sa likod ng *maqam Ibrahim alayhissalaam* maaring malapit dito kung makakayanan at kung hindi man kahit malayo. Ang importante gawin mo ang *maqam* sa pagitan mo at ng Ka'bah. Pagkatapos ay magsagawa ng *Sai'y* sa umrah at magsimula sa Safa, at kung makumpleto mo ang pitong *sawt* [paglalakad mula Safa hanggang Marwa o baliktaran] at pagkatapos ay magbawas ng buhok – nang pantay-pantay - mula sa inyong mga ulo sa lahat ng parte nito . Hindi sapat na bawasan lamang ang ibang parte, wag kang pabaya katulad ng ginagawa ng karamihan sa mga tao ngayon.

Kung darating ang ikawalo ng Dhul Hijjah; maligo, magpabango, mag-ihram (mag-intensyon) para sa Hajj sa inyong kinalalagyan, at lumabas papuntang Mina at magsagawa roon ng Salatul Dhuhr, Asar, Maghrib Iesha at Fajar *qasran* (pina-ikli) at hindi jam-an (pinagsama); dahil ang inyong Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ay pinapaikli (qasr) niya ang Salah sa Mina at Makkah hindi pinagsasama (jama'). Sa pagsikat ng araw sa araw ng Arafah, pumaroon papuntang Arafah habang nagtatalbiyah at nagpapakumbaba sa Allah, ipagsama ang Dhuhr at Asar *jama' taqdeem* nang tig-dadalawang rakaah, pagkatapos ay punuin ang panahon sa panalangin at pag-alaala sa Allah, at palagian mong gawin na ikaw ay nasa loob ng Taharah. Humarap sa qiblah kahit pa ang bundok ay nasa iyong likuran; dahil ang *masru'* (isinabatas) ay pagharap sa qiblah at tingnan maiigi ang mga hangganan ng Arafah at kanyang palatandaan, dahil karamihan ng mga *hujjaj* (nagsasagawa ng Hajj) sila'y nanatili hindi sa Arafah at sinuman ang hindi tatayo o mananatili sa Arafah walang Hajj para sa kanya; dahil sa pagkakasabi ng Propeta *sallallahu alayhi wassallam* ((**Ang Hajj ay Arafah**)) at lahat ng Arafah ay *mawqif* lugar tayuan kanluran man o silangan nito, timog man o

hilaga nito maliban sa tiyan ng waadiy (*wadiy arnah*); dahil sa pagkakasabi ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ((**Ako'y tumayo dito, at ang Arafah ay lahat *mawqif***)).Sa paglubog ng araw at kayo'y sigurado sa kanyang paglubog, pumunta ng Mudzdalifah habang nagtatalbiyyah at nagpapakumbaba sa Allah.

Kung kayo ay darating sa Mudzdalifa magsagawa ng Salah doon ng Maghrib at Iesha, hindi binigyan ng permiso ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ang sinuman na umalis ng Mudzdalifa bago ang Fajar maliban sa mahihina binigyan sila ng permisyo na umalis sa pinakahuling gabi. At pagkatapos ninyong magsagawa ng Salah ng Fajar humarap sa qiblah, dakilain at purihin ang Allah, at manalangin hanggang pumula ang kalangitan. Pagkatapos ay maglakbay - bago sumikat ang araw - papuntang Mina, pagkatapos kumuha ng pitong maliliit na bato at pumunta sa *jamrah aqabah*; ito ang pinakahuli pagkatapos nito'y ang Makkah. Batuhin ito pagkatapos sumikat ang araw ng pitong beses, habang nagtatakbir sa bawat bato at nagpapakumbaba sa kanya at siya ay dinadakila.

Pakaalamin ninyo na ang *maqsud* ng pagbato ay upang idakila ang Allah at pagsagawa ng pag-alaala sa kanya. Kailangan na makapasok ang mga bato sa *hawd* at hindi kondisyon na matamaan ang column. Pagkatapos niyo sa pagbato ay katayin ninyo ang inyong *hadiy*, hindi sapat ang *hadiy* maliban kung ano ang sapat sa *udhhiyah*. Walang masama kung mayroon kang itatalaga para sa pagkatay nito. Pagkatapos ay ahitin ang buhok pagkatapos ng pagkatay, wajib na ahitin ang lahat ng buhok sa ulo at hindi maaari na ahitin lamang ang ibang parte. Ang babae puputulan lamang pinakadulo ng buhok na kasing haba ng daliri. At pagkatapos nito'y maaari na siyang magtahallul [ibig sabihin yung mga dating ipinagbawal sa kanya ay maari na niyang gawin] ito'y tinatawag na *tahallul al-awwal*; maari na siyang magsuot ng damit, magputol ng kuko at magpabango maliban ang lumapit sa babae (pakikipagtalik at ang mga gawain papunta dito). Bago ang Dhuhr ay pumunta ng Makkah at magsagawa ng tawaf ng Hajj at magsai' pagkatapos ay bumalik sa Mina. Sa pagkasagawa ng tawaf at sai'y kasama ang *ramyu* (pagbato) at *halq* (pag-ahit) kayo nasa *tahallul thaniy* ibig sabihin maari na sa inyo ang kahit ano pati na ang paglapit sa asawa.

O kayong mga tao! Katotohanan ang nagsasagawa ng Hajj sa araw ng Eid ay mayroong apat na *nusuk* (ritwal) na gagawin: *ramyul jamrah* (pagbato sa jamarat), pagkatapos ang *nahar* (pagkatay), pagkatapos *halq* (pag-ahit), pagkatapos tawaf at sai'y, itong pagkasunod-sunod ay mas mainam ngunit kung mauna man ang iba sa iba; halimbawa nauna ang *halq* bago ang

pagkatay walang *haraj* (problema), o di kaya ay gawin ang tawaf at sai'y kapag aalis na lamang mula sa Minaa walang din *haraj* (problema), o di kaya ay gagawin mo ang pagkatay sa ikalabing-tatlong araw walang ding *haraj*, lalong lalo na sa panahon na kinakailangang mong gawin ito o para sa ikakabuti.

At manatili sa gabi ng ikalabing-isang araw sa Mina, at sa oras ng *zawal* batuhin ang tatlong jamarat; unahin ang una pagkatapos ang wusta at pagkatapos ang aqabah sa bawat isa sa kanila ay pitong batong maliliit habang nagtatakbir sa bawat bato. Ang oras ng pagbato sa araw ng Eid - sa may kakayahan - mula sa pagsikat ng Araw at para sa mga mahihina mula sa pinakahuling gabi at ang pinakahuli nito hanggang paglubog ng araw. At ang oras naman nito maliban sa araw ng Eid mula zawal hanggang sa paglubog ng araw at hindi maaring magbato bago ang zawal. Maari naman ang pagbato sa gabi kung napupuno ng mga tao sa araw. Kung sinuman ang walang kakayahang magbato dahil sa katandaan, sakit o sa murang edad maari siyang magtalaga ng magbabato para sa kanya. Kapag nakapagbato kayo sa ikalabing dalawang araw natapos niyo na ang Hajj, at kayo ay pwedeng pumili na manatili o aalis na. Kung inyong gusto na manatili hanggang ikalabing tatlo, kailangan niyong magbato sa tatlong jamarat pagkatapos ng *zawal* at ito ang pinakamainam; dahil ginawa ito ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*.

Kung gusto niyong lumabas ng Makkah magsagawa ng tawaf wida', at ang mayroon *hayd* at *nifas* walang wida' para sa kanilang dalawa, at hindi rin isinabatas na tumayo sa pinto ng masjid.

## Mga Katanungan sa Hajj

1) **Kani-kanino wajib ang Hajj?**
   a. ..........................................................................................................
   b. ..........................................................................................................
   c. ……………………….....................................................................................
   d. ..........................................................................................................
   e. At idadag sa kababaihan ang……………………….......................................

2) **Ilan ang haligi ng Hajj?**
   O 2 O 3 O 4

3) **Ang *ihram* ay haligi mula sa mga haligi ng Hajj at ito ang pagsuot ng *izar* at *rida'* sa meeqat.**
   O tama O mali

4) **Ang *tawaf ifadah* ay hindi ito ang *tawaf ziyarah*, ang una ay haligi at ang pangalawa ay sunnah.**
   O tama O mali

5) **Nagsagawa ng Hajj ang Propeta *sallallahu alayhi wasallam* ng tatlong Hajj.**
   O tama O mali

6) **Wajib na isagawa ang Hajj agad-agad.**
   O tama O mali

7) **Magsagawa ng Ihram ang taga-Madinah sa Yalamlam.**
   O tama O mali

8) **Ang meeqat ng Umrah na panahon ay sa Ramadhan.**
   O tama O mali

9) **Magsasagawa ng Ihram ang taga-Makkah para sa Hajj sa Attanaim.**
   O tama O mali

10) **Magsusuot ang mga kababaihan para sa Ihram ng puting kasuotan.**
   O tama O mali

11) **Mustahab sa sinuman ang magsasagawa ng Ihram na magpabango ................................ at hindi pagpabango ...............................................**

**12) Hindi *jaaiz* sa kababaihan ang magsuot ng tinahing damit.**
- O tama
- O mali

**13) Hindi *jaaiz* sa muhrim na magsuot ng sinturon.**
- O tama
- O mali

14) **Hindi magsusuot ang kababaihang *muhrim* ng ............................................ at .....................................................**

**15) Sunnah ang *idhtiba'* sa:**
- O tawaf ng Umrah
- O tawaf *alqudum*
- O tawaf *azziyarah*
- O una at pangalawa lamang
- O lahat ng nabanggit

**16) Mustahab na magsagawa ng sai'y na mabilis.**
- O tama
- O mali

**17) Ang sai'y magsisimula sa .................... at magtatapos sa ...........................**

**18) Pupunta ang *hujjaj* sa Arafah bago ang Maghrib.**
- O tama
- O mali

**19) Ang *wuquf* sa Arafah ay wajib mula sa mga wajib ng Hajj.**
- O tama
- O mali

**20) Ang gawain ng Hajj ay magsisimula sa araw ............................. at magpapatuloy hanggang sa pinakahuling araw ..................................**

**21) Hindi isinabatas na umakyat ng bundok sa Arafah.**
- O tama
- O mali

**22) Wajib ang *hadiy* sa *mutamatti'* at *qarin* at sunnah naman sa *mufrid*.**
- O tama
- O mali

**23) Matatapos ang *talbiyyah* sa pagbato sa *jamrah aqabah* sa araw ng Eid.**
- O tama
- O mali

**24) Kapag mailagay ng nagsasagawa ng Hajj ang bato sa may *hawd* at hindi natamaan ang pader, tama ang kanyang pagbato.**
- O tama
- O mali

**25) Babatuhin ng *hujjaj* sa ikasampung araw ang tatlong jamarat.**

O tama O mali

**26) Magsisimula ang pagbato sa jamarat sa araw ng *tashriq* pagkatapos ng zawal.**

O tama O mali

**27) Isinabatas ang panalangin pagkatapos magbato sa *jamrah aqabah*.**

O tama O mali

**28) Kapag pinahuli ang *tawaf al-ifadah* sa araw na lalabas siya ng Makkah maari na rin pumasok dito ang *tawaf alwida'*, at ang *tawaf al-ifadah* katulad ng tawaf sa Umrah maliban sa ………………………............................................ at ..............................................................................................**

**29) Banggitin ang hukom ng mga gawain sa ibaba:**

| ***Mas-alah* (sitwasyon)** | **Hukom** |
|---|---|
| Hajj ng bata | |
| Hajj ng babae na walang mahram | |
| Hajj ng mayroong utang | |

# IKALABING-LIMANG ARALIN

## Ang Pagtataglay ng mga Magagandang Katangian na isinabatas para sa Bawat Muslim

Ang pagtataglay ng mga magagandang katangian na isinabatas para sa bawat Muslim, kabilang dito: Ang katapatan, mapagkakatiwalaan, abstinesya (kalinisang-puri), pagkamahiyain, tapang, mapagbigay, katapatan, pagpigil sa lahat ng ipinagbawal ng Allah, mabuting kapitbahay, pagtulong sa mga nangangailangan sa abot ng makakaya, at iba pa sa mga mabubuting pag-uugali na isinabatas sa loob ng Qur-an at sa Sunnah.

## Mga Mahahalagang Punto:

- (**Ang katapatan**) katapatan sa Allah sa iyong mga salita at gawain at paniniwala, kasama na ang katapatan sa mga alipin ng Allah. Kabaliktaran nito Ang kasinungalingan.
- (**Ang mapagkakatiwalaan**) ito'y napakalaking tungkulin dadalhin ng tao, kabaliktaran ng pagtataksil.
- (**Ang abstinesya o kalinisang-puri**) ito ang pagpigil sa paggawa ng haram.
- (**Ang pagkamahiyain**) ito'y mabuting pag-uugali na ginagawa ang mainam at iniiwan ang pangit.
- (**Ang mabuting kapitbahay**) kabilang dito ang iwasan ang pagsilip (pagtingin) sa *awrah* ng kapitbahay.
- (**pagtulong sa mga nangangailangan**) sinabi ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*: ((**Sinuman ang mag-alis ng paghihirap ng mananampalataya dito sa mundo ay aalisin ng Allah ang kanyang paghihirap sa araw ng pagbangon muli, at sinuman ang magpagaan sa kahirapan ng isang mananampalataya ay pagagaanin ng Allah ang kanyang buhay dito sa mundo at sa kabilang buhay, at sinuman ang pagtakpan niya ang kanyang kapatid dito sa mundo ay pagtatakpan siya ng Allah dito sa mundo at sa kabilang araw. Ang Allah ay kumakalinga sa kanya hangga't siya ay kumakalinga sa kanyang kapatid**)).

# IKALABING-ANIM NA ARALIN

**Pagtataglay ng Mabuting Kaasalan at Pag-uugali ng Islam**

Pagtataglay ng mabuting kaasalan at pag-uugali ng Islam, ay kabilang dito: As-salam, kasayahan, pagkain at pag-inom sa pamamagitan ng kanang kamay, pangalanan ang Allah sa tuwing magsisimula ng gawain, pagpuri sa Allah sa tuwing matatapos, pagpuri sa Allah kapag nabahing, panalangin sa nagsabi ng papuri sa Allah, pagbisita sa may sakit, pagsunod sa janazah para sa pagsagawa ng Salah at paglibing.

Pagsunod sa pag-uugali ng Islam sa tuwing papasok ng masjid o bahay at paglabas mula rito, at sa tuwing maglalakbay, pakikitungo sa magulang, malapit na kamag-anak, kapitbahay, at matanda pati bata.

Pagbati sa bagong panganak, panalangin ng biyaya sa bagong kasal, pakikiramay sa nagdadalamhati, at iba pang mga kaasalan at pag-uugali ng Islam sa pagsuot at paghubad ng damit at sapatos.

**Importanteng Komento:**

- (**As-salam**) pagsambit nito at ang pinakakumpleto: (***Assalamu alaykum wa rahmatullahi wa barakatuhu***), sambitin ang salam sa sinuman na iyong kilala o hindi at sagutin sinuman ang nagsambit ng salam sa iyo.
- (**Ang pagkain at paginom sa pamamagitan ng kanang kamay**) *wajib* (obligado); sa tuwing kakain gamitin ang talong daliri, at ang pagkuha at pagbigay gamit ang kanang kamay ay *mustahab*.
- (**Pangalanan ang Allah tuwing magsisimula ng gawain**) pagsambit ng (***bismillah***)
- (**Pagpuri sa Allah sa tuwing matatapos**) ng anumang naiulat katulad ng pagsabi: ((***Alhamdulillah alladhiy at-amaniy hadha wa razaqaniihi min ghayri hawlin minniy wa la quwwatin***)).
- Isinabatas na kumain at kumuha lamang nang malapit sa iyo at huwag magsabi ng masama sa lasa o anupaman ng pagkain.

- (**Pagpuri sa Allah kapag nabahing**) pagsabi ng (***Alhamdulillah***).
- (**Panalangin sa nagsabi ng papuri sa Allah**) pagsabi ng ((***yarhamukallah***)) pagkatapos obligado sa nabahin na sabihin: ((***yahdiikumullah wa yuslihu baalakum***)).
- (**Pagbisita sa may sakit**) bumisita at bumalik ulit sa oras na angkop sa pagbisita, huwag magpatagal at wag mawalan ng pag-asa sa habag ng Allah.
- (**Pagsunod sa *janazah* para sa pagsagawa ng Salah at paglibing**) para sa mga kalalakihan at hindi sa mga kababaihan.
- (**Pagsunod sa pag-uugali ng Islam sa tuwing papasok ng masjid o bahay at paglabas mula rito**) unahin ang kanang paa kapag papasok sa masjid at sabihin: ((***Bismillah wassalaatu wassalaamu ala rasulillah. Allahummaf tahliy abwaaba rahmatik***)). Iuna naman ang kaliwa kapag lalabas at sabihin: (((***Bismillah wassalaatu wassalaamu ala rasulillah. Allahumma inniy as-aluka min fadlik***)). At ang patungkol sa bahay ay inuuna ang kanang paa sa pagpasok at paglabas; sabihin kapag lalabas: ***((Bismillah tawakkaltu ala Allah wa la quwwata illa billah. Allahumma inniy a-udho bika an adhilla aw udhal, aw azilla aw uzal, aw adhlim aw udhlam, aw ajhal aw yujhal alayya***)) at sa pagpasok naman: ((***Allahumma as-aluka khayral mawliji wa khayral makhraji, bismillah walajna wa bismillah kharajna, wa ala rabbina tawakkalna***)) pagkatapos ay sambitin ang salam sa pamilya.
- (**Panalangin ng biyaya sa bagong kasal**) pagsabi ng ((***baarakallahu lakuma, wa baaraka alaykuma wa jamaa baynakuma fi khayr***)).
- (**Pakikiramay sa nagdadalamhati**) ito'y sa limitasyon ng tatlong araw hindi na lalagpas pa.

# IKALABING-PITONG ARALIN

## Ang Babala mula sa Shirk at sa mga iba't ibang Uri ng Kasalanan

Ang pag-iingat at pabibigay babala mula sa Shirk at sa mga iba't ibang uri ng kasalanan:

At kabilang dito: Ang pitong mapanganib makapinsalang kasalanan; ito ay ang mga sumusunod: Ang Shirk (Pagtatambal) sa Allah, Ang *Sihr* (Salamangka), pagpatay ng tao na ipinagbawal ng Allah maliban sa katarungan, pagkain ng *riba* (patubuan), pagkain ng pera ng *yateem*, pagtakas sa oras ng pagtatagpo ng dalawang panig sa labanan, pag-aakusa sa mga babaeng-dalisay relihiyosong mananampalataya.

At kabilang din ang pagiging suwail sa mga magulang, pagputol ng ugnayan sa mga magkamag-anak, pagsaksi ng huwad na patunay, pangakong kasinungalingan, pamiminsala sa kapitbahay, mapang-api ng tao sa pagkuha dugo (pagpatay) kayaman at dignidad, pag-inom ng mga nakakalasing, *laibul qimar* – pagsusugal - , *ghibah at namimah* - paninirang-puri -, at iba pang mga ipinagbawal ng Allah sa atin o ng kanyang Sugo.

## Mga Mahahalagang Punto:

- (**Ang Shirk o Pagtatambal**) kabilang na dito ang Shirk na malaki at maliit.
- (**Ang *Sihr* Salamangka**) kabilang dito ang *sarf* at *athf*, sinuman ang gumawa o sumang-ayon dito *kafar* (nakagawa ng kufur), at ipinagbabawal ang pagpunta sa kanila, at kahit ang pagpasok sa lugar nila, o panonood ng mga programang *sihr* (magic) at pagbasa ng mga pahayagan at diyaryo na mayroon horoscope, hindi maaari na gamutin ang *sihr* sa pamamagitan din ng *sihr* bagkus ito'y gagamutin sa pamamagitan ng *ruqyah shar-iyyah*, panalangin, gamot na *mubah* tulad ng *hijamah*.

- (**Ang pagpatay ng tao na ipinagbawal ng Allah**) Muslim man ito o *muahad* o *dhimmah* o *musta'man*.
- (**maliban sa katarungan**) at ito'y tatlo: ((Ang pumatay, pakiki-apid ng may asawa, iniwan ang relihiyon)).
- (**Ang *yateem* o Ulila)** siya na namatay ang tatay nito na hindi pa umabot sa hustong gulang.
- (**Pagtakas sa oras ng pagtatagpo ng dalawang panig)** sila ang mga sundalo na nakipaglaban sa daan ng Allah.
- (**Pag-aakusa sa mga babaeng-dalisay**) mga malaya at hindi ibig-sabihin iyong mayroong asawa.
- (**Pangakong kasinungalingan**) gayundin ang pagsumpa sa iba bukod sa Allah; tulad ng pagsumpa sa Propeta *sallallahu alayhi wassalam* o katayuan o buhay o *dhimmah* o libingan o katandaan.
- (***laibul qimar* – pagsusugal -** ) lahat ng bagay na umiikot panalo at pagkatalo o pagkalugi katulad ng lottery (o loto).
- (**Ang *ghibah***) binigyan ito ng kahulugan ng Propeta *sallallahu alayhi wasalam*: ((**pagbanggit mo sa iyong kapatid nang anumang hindi niya gusto**)).
- (**Ang *namimah***) ito ang nagdadala ng mga kwento at salita upang gawing magka-away ang mga tao.

**Hatol sa Paligsahan at Labanan ng Kuponan**

| ***Jaaiz* (maari) na may premyo o iba pa** | **Pangkalahatang pinagbabawal** | **Jaaiz (maaari) kung walang premyo at hindi maari kapag mayroon itong premyo** |
|---|---|---|
| Paligsahan sa kabayo, kamelyo at palaso; dahil sa pagkakasabi ng Propeta: ((**walang paligsahan maliban sa *khuf* (ng kamelyo o elephante) o *hafir* (ng kabayo [paa]) o *nasl* (paligsahan sa sandata o katulad nito)**)). | Chess, backgammon at katulad nila. | Lahat ng labanan ng kuponan na hindi nabanggit sa simula. |

# IKALABING-WALONG ARALIN

## Paghahanda sa Namatay, Pagsagawa ng Salah sa kanya at Paglibing

*Ang mga detalye ayon sa pagkasunod-sunod:*

**Una**: Isinabatas ang *talqin almutadhar* diktahan ng: (La ilaha illa Allah); sa pagkakasabi ng Propeta *sallallahu alayhi wa sallam*: ((**Diktahan niyo ang inyong namatay: La ilaha illa Allah**)), ang ibig ipahiwatig ng salitang namatay: ang naghihintay ng kamatayan, sila yaong lumabas na ang mga palatandaan ng kamatayan.

**Pangalawa:** Kung kumpirmado ang kanyang kamatayan, ipikit ang kanyang mata at ibalik o isarado ang panga; dahil ito'y naiulat sa Sunnah.

**Pangatlo:** Wajib na paliguan ang namatay na Muslim, liban na lamang kung ito'y namatay na *shaheed* sa pakikipaglaban dahil ito'y hindi na paliliguan at magsagawa ng Salah sa kanya bagkus ililibing ito sa kanyang damit; dahil ang Propeta hindi niya pinaliguan ang mga namatay sa uhod ni hindi nagsagawa ng Salah sa kanila.

**Pang-apat:** Pamamaraan ng paghugas ng patay: tatakpan ang kanyang *awrah*, iaangat siya ng kaunti pagkatapos ay pigain ng marahan ang tiyan. Paikutin ang tela sa kamay ng naghuhugas at linisin ito at pagkatpos ay linisan ito na parang nagsasagawa ng wudhu' sa Salah. Hugasan ang ulo at balbas ng tubig at sidr o katulad nito, pagkatapos ay ang kanang bahagi ng katawan hanggang kaliwa. Pagkatapos ay hugasan ulit ito nang dalawa hanggang tatlong beses habang idinadaan ang kamay sa tiyan nito; kung mayroon man lalabas na kahit ano ay hugasan ulit. Pagkatapos ay lagyan ng bulak ang butas o katulad nito at kung hindi kayang pigilan ng bulak ang paglabas ng dumi palitan ito ng luwad o anumang ginagamit sa panahon na ito tulad ng plaster o iba pa. Ulitin muli ang pagsagawa ng wudhu' at kung hindi makayanan ng tatlong hugas dagdagan ito hanggang maging lima o hanggang pito. Patuyuin sa pamamagitang ng pagpunas ng tela at lagyan ng pabango sa may kili-kili, tiyan at hita, pati na din sa lugar ng kanyang pagsujud at kung lalagyan ng pabango ang lahat ng katawan

ay mas maganda. Gayun din sa pambalot sa kanya, lalagyan ng bakhoor.

Kung mahaba man ang bigote at mga kuko nito; putulan na lang at kung pababayaan ay wala namang masama. Hindi susuklayin ang kanyang buhok, ni ahitin ang buhok sa ari at itutuli; dahil walang anuman naiulat patungkol dito. Tatalian ang buhok ng babae ng tatlong tali at pababayaan nakalugay sa likod.

**Panglima**: Pambalot sa patay: mas mainam na balutin ang lalaki ng tatlong puting tela wala kahit anumang damit o imamah; katulad ng ginagawa sa Propeta. Balutin ang kanyang katawan ng maigi ngunit kung babalutin man ito gamit ang damit o balabal o anumang pambalot walang namang problema dito.

Ang kababaihan ay babalutin ng limang tela: damit, khimar, balabal at dalawang pambalot. Ang batang lalaki ay isa hanggang tatlong tela at babalutin naman ang batang babae ng damit at dalawang tela.

Ang *wajib* (obligado) ay isang tela matatakpan ang buong katawan.

Kung ito'y *muhrim* (nagka-Ihram) huhugasan ito ng tubig at sidr, at babalutin ito gamit ang kanyang *izar* (tapis) at *rida'* (balabal) o kahit ano. Hindi tatakpan ang kanyang ulo at mukha, ni hindi lalagyan ng pabango dahil ito'y ay babangon sa araw ng paghuhukom *mulabbiyan* (nagtatalbiyah); katulad ng naiulat mula sa Propeta.

Kung ang *muhrim* ay babae, babalutin ito ng katulad sa hindi *muhrim* ngunit hindi lalagyan ng pabango, hindi tatakpan ang mukha ng *niqab*, ni ang kanyang kamay ng guwantes ngunit ito'y tatakpan gamit ang pambalot sa kanya katulad ng nasabi natin kung paano babalutin ang babae.

**Pang-anim**: Ang mas nararapat sa paghugas, pagsagawa ng Salah at paglibing nito: sinuman ang kayang hinabilinan nito, pagkatapos ang tatay, lolo pagkatapos ang pinakamalapit sa kanyang mga kamag-anak na *asabah* kung ang namatay ay lalaki.

Ang mas nararapat sa paghugas ng babae: sinuman ang kanyang hinabilinan, pagkatapos ang ina, lola pagkatapos ang pinakamalapit sa kanyang kamag-anak na kababaihan.

At para sa dalawang mag-asawa, bawat isa sa kanila ay maaring hugasan ang asawa niya; dahil si Abu Bakr Assiddiq hinugasan niya ang kanyang asawa gayundin si Aliy; siya ang naghugas kay Fatima *radiyallahu anhum ajmain.*

**Pangpito**: Pamamaraan ng pagsasagawa ng Salah sa patay: Magtakbir ng apat na bese, babasahin pagkatapos ng una ang Al-fatiha kung magbabasa man ito ng maikling Surah, o ayah isa o dalawa ay mas maganda; dahil sa hadith na naiulat patungkol dito ni Ibn Abbas *radiyallahu anhu*. Pagkatapos ay magtakbir ng pangalawa at sambitin ang *salawat* sa Propeta tulad ng *salawat* sa tashahhud. Pagkatapos ay magtakbir ng pangatlo at sabihin ang panalangin: ((***Allahummagh fir lihayyina wa mayyitina, wa shaheedina wa ghaibina, wa saghirina wa kabirina, wa dhakarina wa unthana. Allahumma man ahyaytahu minna fa-ahyihi alal islam, wa man tawaffaytahu minna fatawaffahu alal iman. Allahummagh fir lahu, war hamhu, wa aafihi, wa'fuanhu, wa akrim nuzulahu, wa wassi' mudhkhalahu, wagh-silhu bil maa-i wath thalji wal barad, wa naqqihi minal khataya kama yunaqqath thawbul abyad minad danas, wa abdilhu daaran khayran min daarihi, wa ahlan khayran min ahlihi, wa adkhilhul jannah, wa a-idh-u min adhabil qabr, wa adhabin nar, wafsah lahu fiy qabrihi, wa nuwwir lahu fiihi. Allahumma la tahrimna ajrahu wa la tudhillana ba'dahu***)).Pagkatapos ay magtakbir ng pang-apat at pagsagawa ng *taslim* ng isang beses sa kanan.

Ngunit kung ito'y *faratan* (batang maliit) kanyang sasabihin pamalit sa panalangin ng *maghfirah* (kapatawaran): (( ***Allahummaj alhu faratan, wa dukhran liwaalidayhi, wa shafian mujaaban. Allahumma thaqqil bihi mawaazinahuma, wa a'dhima bihi ujurahuma, wa alhiqhu bisaalihi salafil mu'minin, waj alhu fi kafaalati Ibrahim alayhis salam, waqihi birahmatika adhabal jaheem***)).

At ang sunnah ay tatayo ang Imam sa ulunan ng namatay na lalaki, sa gitna naman kung ito'y babae. Ang lalaki ay katabi ng Imam kung maraming *janazah* at ang babae ay paunhan sa direksyon ng qiblah. Kung mayroon kasamang mga bata, mauuna ang batang lalaki sa babae, pagkatapos ang babae, pagkatapos ang batang babae. Ang ulo ng batang lalaki katapat ng ulo ng lalaki, at ang gitna ng babae ay nakaharap sa ulo ng lalaki, at gauon din ang batang babae ang ulunan nito'y kaharap ang ulo ng babae, at ang gitna nito'y kaharap ng ulo ng lalaki. Ang mga nagsasagawa ng *janazah*

ay sa likuran ng Imam, liban na lamang kung siya ay mag-isa at walang makitang lugar sa likod nito; siya ngayon ay tatayo sa gawing kanan ng Imam.

**Pangwalo**: Pamamaraan sa paglibing ng patay: Ang isinabatas na lalim ng hukay ay kalahati ng taas ng lalaki, at mayroon itong *lahad* sa direksyon ng qiblah. Ilalagay ang patay sa lahad sa kanang bahagi nito, pagkatapos ay aalisin ang tali ng pambalot hindi aalisin bagkus papabayaan lamang.

Hindi ipapakita ang mukha kahit pa ito'y lalaki o babae. Pagkatapos ay lalagyan ito ng labin (brick) lagyan ng patse para hindi pumasok ang lupa. Kung walang labin kahit tabla, bato o kahoy para hindi pumasok ang lupa. Pagkatapos ay lalagyan na ng lupa at *mustahab* na sabihin: ((***bismillah wa ala millati Ibrahim***)). Iangat ng konte ang libingan ng *shibr* (isang gantang), lalagyan ito ng mga bato at bubuhusan ng tubig.
At sa mga nakilibing, isinabatas na tatayo ito malapit sa libingan at panalangin para sa namatay; dahil ang Propeta noong matapos siya sa paglibing ng namatay, siya'y tumayo kanyang sinabi: ((**humingi kayo ng kapatawaran sa inyong kapatid, at hingin ang *tathbit* (katatagan), dahil siya sa ngayon ay tinatanong**)).

**Pangsiyam**: Isinabatas sa sinuman ang hindi nakapagsagawa ng salah ay magsagawa ng salah para sa namatay pagkatapos ng libing; dahil ang Propeta ginawa niya ito. Hanggat ito'y hindi lalagpas ng isang buwan, kung ito'y lalagpas hindi na isinabatas ang magsagawa ng salah sa libingan; dahil walang naiulat na nagsagawa ang Propeta ng salah sa libingan pagkatapos ng isang buwan.

**Pangsampu**: Hindi *jaaiz* (maari) sa pamilya ng namatay na gumawa ng pagkain para sa mga tao; dahil sa sinabi ni Jarir bn Abdullah Albajaliy *radiyallahu anhu*: "noon itinuturing namin ang pagtitipon sa pamilya ng namatay at paghahanda ng pagkain pagkatapos ng libing bilang *an-niyaaha*" ngunit kung gagawa ng pagkain para sa pamilya ng namatay o sa mga bisita nila walang masama dito. At isinabatas din sa malapit na kamag-anak o kapitbahay ang gumawa ng pagkain para sa pamilya ng namatay; dahil ang Propeta noong dumating ang balita sa pagkamatay ni Ja'far bn Abi Talib sa Shams, inutusan niya ang kanyang pamilya na gumawa ng pagkain para sa pamilya ni Ja'far at kanyang sinabi: ((**Mayroon dumating sa kanila na nakaabala sa kanila**)). Wala ring masama kung aanyayahan nila ang kanilang kapitbahay na kumain sa inihanda sa kanila,

at wala rin batas kung kailan ang limitasyon nito sa pagkakaalam natin mula sa batas ng Islam.

**Panglabing-Isa**: Hindi *jaaiz* (maaari) sa isang babae ang magluksa ng hihigit sa tatlong araw maliban kung ito'y kanyang asawa; dahil siya ay inobliga na magluksa ng apat na buwan at sampung araw maliban din kung siya ay nagdadalang tao; dahil maghihintay siya hanggang sa siya ay manganak katulad ng naiulat sa hadith sahee ng Propeta patungkol dito. Habang ang lalaki ay hindi *jaaiz* (maaari) sa kanya na magluksa sa kahit kanino sa malalapit nitong kapag-anak o ibang tao.

**Panglabing-Dalawa**: Isinabatas sa mga kalalakihan na bumisita sa libingan paminsan-minsan para manalangin para sa kanila, hingin na sila'y kahabagan ng Allah at bilang pag-alaala ng kamatayan at sa anong mangyayari pagkatapos nito; dahil sa sinabi ng Propeta: ((**Bisitahin niyo ang libingan, dahil ito'y magpapa-alaala sa inyo ng kabilang buhay**)). Kanyang tinuruan ang mga *sahabah* (kasamahan) na kapag sila ay bibisita sa libingan ay kanilang sabihin: ((***Assalamu alaykum ahlad diyaar minal mu'minina wal muslimin, wa inna in sha Allah bikum laahiquun, nas-alullaha lana wa lakumul aafiyah, yarhamillahul mustaqdimin minna wal musta'khirin***)).

Habang ang mga kababaihan, wala sa kanila ang bibisita sa libingan; dahil ang Sugo ay nagsabi: ((**Sumpa sa mga bisitang babae ng libingan**)) at ito'y sa dahilan na takot na magkaroon ng *fitna* sa pagbisita nila at sa maliit ang kanilang pasensya.

Gayundin hindi *jaaiz* (maaari) sa kanila na sumunod sa libingan; dahil ang Sugo ay pinagbawalan sila. Habang ang Salah sa patay sa masjid o sa *musallah*, ito'y isinabatas sa bawat lalaki at babae.

Ito ang pinakahuli sa aking sinulat.

***Wa sallallahu wa sallama ala nabiyyina Muhammad wa ala aalihi wa sahbihi.***

## Mga Uri ng Pagbisita sa Libingan

| Pagbisita na sumasang-ayon sa batas ng Islam: | Pagbisita na bid-ah: | Pagbisita na Shirk: |
| --- | --- | --- |
| Ang mag-intensyon na ang pagbisita ay para magpa-alaala sa kabilang buhay, at hindi magmamalabis sa paglalakbay tungo sa libingan. Mag-intensyon na mananalangin para sa sarili at sa mga patay ng kung anuman naiulat mula dito at hindi gagawa na makakasalungat sa batas ng Islam. | Ang mag-intensyon na mananalangin sa Allah sa may libingan | Ang mag-intensyon na mananalangin sa patay na nakalibing. |

## Mga Katanungan sa Patungkol sa Itaas

1) **Pagsunod sa alituntunin at kaasalan pang-Islam ay mula sa pag-uugali ng Muslim.**
   O tama　　O mali

2) **Ang aking relihiyon ay inutusan na makipaglapit sa mga masasama at lumayo sa mga mabubuti.**
   O tama　　O mali

3) **Tinuruan kami ng Islam na maging mabuti sa mga nagbibigay serbisyo at mga nagtratrabaho sa amin at iba pa.**
   O tama　　O mali

4) **Makikisama ako sa mga taong inaapi ang iba gamit ang dila at kamay.**
   O tama　　O mali

5) **Kapag may nagmura o nagsabi sa akin ng hindi magandang salita aking siyang sasagutin at magiging masaya ako.**
   O tama　　O mali

6) **Tinuruan kami ng Islam na tumulong sa mga nangangailangan at mahihina.**
   O tama　　O mali

7) **Mula sa karapatan ng Muslim sa kapwa Muslim ay bisitahin siya kapag siya ay nagkasakit at manalangin na siya ay gumaling.**
   O tama　　O mali

8) **Ang pagtingin o paghanap ng tinatago ng kapitbahay ay mula sa katangian ng mga mananampalataya.**
   O tama　　O mali

9) **Pinakamamahal sa Allah ay yaong pinaka-nakakapagbigay ng kabutihan sa tao.**
   O tama　　O mali

10) **Panalangin sa paglabas ng bahay ay: (*bismillah walajna wa bismilla kharajna wa ala rabbina tawakkalna*).**
   O tama　　O mali

**11) Aking sasabihin sa sinuman ang magsabi sa akin ng (*yarhamukallah*) ay (*yahdikumullah wa yuslih baalakum*).**

O tama O mali

**12) Ang mga *adhkar* panalangin at pag-alaala sa Allah ay magiging protesyon at mapapalapit ka sa Allah.**

O tama O mali

**13) Ano ang palatandaan ng pagmamahal mo sa iyong kapatid na Muslim?**
........................................................................................................................
........................................................................................................................

**14) Mula sa palatandaan ng pagbaba ng pananampalataya ay: mainggitin sa iyong kapatid na Muslim.**

O tama O mali

**15) Ano ang dahilan para pumasok (o makuha) ang pagmamahal?**
........................................................................................................................
........................................................................................................................

**16) Ang pinagbabawal sa mga nakakahilo ay yaong tinatawag na alak.**

O tama O mali

**17) *Makruh* ang pag-ihip sa pagkain o inumin.**

O tama O mali

**18) *Mustahab* na dilaan ang mga daliri pagkatapos kumain at bago hugasan.**

O tama O mali

**19) Ang katamtaman sa pagkain at damit at pagpapaganda ay kabilang sa kinakailangang pamamaraan.**

O tama O mali

**20) Pinakamay-karapatan sa paghugas at pagsagawa ng Salah at paglibing sa namatay na lalaki ay ............................. pagkatapos ........................... pagkatapos ......................... pagkatapos ....................................**

**21) Pagbabayad ng utang sa namatay**

O *wajib* O *sunnah* O *mubah*

**22) Hatol sa paglibing ng namatay**

O *sunnah* O *fard kifaya* O *wajib*

**23) Hatol ng *talqin*:**

O *wajib* O *sunnah* O *haram*

**24) Hatol sa isa na hindi naman tumutulong sa paghugas ng patay:**

O *haram* O *mubah* O *makruh*

**25) Aalisin ang tali sa pinampabalot sa patay kapag ipapasok sa libingan.**

O tama O mali

**26) Hindi maari na hugasan ng asawa ng namatay dahil tapos na ang kanilang ugnayan dahil sa kamatayan.**

O tama O mali

**27) Para sa lalaki at babae huhugasan ng sinuman na mayroon ..................................................................................................................**

**28) Sinuman ang hindi naabutan ang Salah sa patay; magsagawa siya ng Salah ............................ at ito'y sa limitasyon ng .................................**

**29) Ang pag-iyak sa patay ay *jaaiz*..**

O tama O mali

**30) Ilalagay ang patay sa *lahad* nakaharap sa qiblah.**

O tama O mali

# ANG MGA NILALAMAN

**Pagpapaliwanag ng Panimula** ………………………..……………………… 4

**Pagpapaliwanag ng unang Aralin:**
Ang kabanata Al-Fatiha at maiikling talata ………….……………………… 6

**Mga ilang bahagi mula sa aklat:**
Taysirul Kareem fi tafsir kalam Almannan ……………………………… 8
Mga katanungan sa Panimula at Tafseer ………………..………………………. 36

**Pagpapaliwanag ng Ikalawang Aralin:**
Ang mga haligi ng Islam ……………………..……………………………….. 53

**Pagpapaliwanag ng Ikatlong Aralin:**
Ang mga haligi ng Iman ……………………………………………………... 62

**Pagpapaliwanag ng Ikaapat na Aralin:**
Ang mga uri ng Tawheed at ang mga uri ng Shirk ……..………………………... 67

**Pagpapaliwanag ng Ikalimang Aralin:**
Ang Ihsan …………………………………………..…………………………….. 72
Mga katanungan sa Tawheed ……………………..……………………………. 73

**Pagpapaliwanag ng Ikaanim na Aralin:**
Ang mga kondisyon ng Salah ……………………………………………….79

**Pagpapaliwanag ng Ikapitong Aralin:**
Ang mga haligi ng Salah ……………………………………………………… 83

**Pagpapaliwanag ng Ikawalong Aralin:**
Ang mga obligado sa Salah …………………………………………………… 85

**Pagpapaliwanag ng Ikasiyam na Aralin:**
Pagpapaliwanag ng At-tashahhud ……………………………………………….. 86

**Pagpapaliwanag ng Ikasampung Aralin:**
Ang mga sunnah sa Salah ……………………………………………………….. 87

**Pagpapaliwanag ng Ikalabing-Isang Aralin:**
Ang mga nakakasira sa Salah …………………………………………… 89
Mga batas patungkol sa Sujud As-sahw ……………………………………… 91
Ang buod ng pamamaraan ng Salah at paglalarawan nito ……………………… 92

Buod ng mga Salah at batas nito ……………………………………………….. 102
Mga katanungan sa Salah …………………………………………………..106

**Pagpapaliwanag ng Ikalabing-Dalawang Aralin:**
Ang mga kondisyon ng Wudhu'……………………………………………… 110

**Pagpapaliwanag ng Ikalabing-Tatlong Aralin:**
Ang mga obligado ng Wudhu'……………………………………………….. 112

**Pagpapaliwanag ng Ikalabing-Apat na Aralin:**
Ang mga nakakasira ng Wudhu' ……………………………………………...113
Buod ng pamamaraan ng Wudhu' at paglalarawan nito……………………... 115
Ang taharah (paglilinis) ……………………………………………………... 118
Mga katanungan sa taharah…………………………………………………...122
Ang Zakah at mga batas nito ……………………………………………….124
Mga katanungan sa Zakah ………………………………………………….129
Ang Siyam (pag-aayuno) …………………………………………………...133
Mga katanungan sa Siyam……………………………………………………140
Ang Hajj at ang Umrah………………………………………………………. 142
Mga katanungan sa Hajj ……………………………………………………... 150

**Pagpapaliwanag sa Ikalabing-Limang Aralin:**
Ang pagtataglay ng mga magagandang katangian……………………………153

**Pagpapaliwanag ng Ikalabing-Anim na Aralin:**
Pagtataglay ng mabubuting kaasalan…………………………………………154

**Pagpapaliwanang sa Ikalabing-Pitong Aralin:**
Ang babala mula sa Shirk at sa mga iba't ibang uri ng kasalanan……………….156

**Pagpapaliwanag ng Ikalabing-Walong Aralin:**
Paghahanda sa namatay ……………………………………………………159
Mga katanungan sa Kaasalan at paghahanda sa namatay…………………......165

# SANGGUNIAN

[1]. *Al Qur-an Alkareem* mula sa riwayah ni Hafs mula kay Asim

[2]. *Aljami Almusnad Assahee Almukhtasar min umuri Rasulillah sallallahu alayhi wa sallam wa sunanihi wa ayyamihi*. [Mas kilala bilang (Sahee Albukhariy)]. Al-imam Abu Abdullah Muhammad bn Ismael Albukhariy (256 h)

[3]. *Aljami Almusnad Assahee*. Mas kilala bilang (Sahee Muslim). Al-imam Abu Alhusayn Muslim bn Alhajjaj Annaysaburiy (261 h)

[4]. *Assharh Almumti' ala zad Almustaqni'*. Shiekh Muhammad bn Saleh Al-Uthaymin (1421 h)

[5]. *Alqawl Almufid ala kitab Attawheed*. Shiekh Muhammad bn Saleh Al-Uthaymin (1421 h)

[6]. *Taysir Alkareem Arrahman fi Tafsir kalam Almannan*. Shiekh Abdurrahman bn Naser Assi'diy (1376 h)